# Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam para sa Mga Imbestigasyon at Pangangalap ng Impormasyon

Mayo 2021

Sa suporta ng

association pour la prévention de la torture
asociación para la prevención de la tortura
association for the prevention of torture

American University Washington College of Law
Center for Human Rights & Humanitarian Law
Anti - Torture

UiO Norwegian Centre for Human Rights
University of Oslo

**Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam para sa Mga Imbestigasyon at Pangangalap ng Impormasyon**

Pinagtibay noong Mayo 2021 sa suporta ng Inisyatiba Laban sa Tortyur, ng Asosayon para sa Pagpigil ng Tortyur, at ng Sentro Para Sa Karapatang Pantao ng Norway, na matatagpuan sa www.interviewingprinciples.com

Ang Inisyatiba Laban sa Tortyur (ATI) ay itinatag noong 2012 bilang pangunahing proyekto ng Sentro para sa Karapatang Pantao at Makataong Batas sa Unibersidad ng America Kolehiyo ng Batas ng Washington. Nilikha upang mapalawak ang maaabot at praktikal na pagpapatupad ng gawain ng dating Espesyal na Rapporteur ng UN sa Tortyur na si Juan E. Mendez, hinahangad ng ATI na pigilan ang tortyur at iba pang pagmamaltrato sa buong mundo sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng pag-access sa hustisya at pananagutan para sa mga biktima ng tortyur, paglinang ng isang pag-iisip na tumatanggi sa tortyur bilang isang lehitimong kasanayan, at pagpapalakas sa mga institusyon, tagapagtaguyod, at mga pandaigdigang network na naghahangad na alisin ang tortyur. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa estratehikong pananaliksik, naka-target na adbokasiya, pagsasanay sa pagbuo ng kapasidad, at mga hakbang sa paglilitis, ang ATI ay nagkaroon ng makabuluhang epekto sa kabuuang hakbang na labanan at maiwasan ang tortyur at iba pang pagmamaltrato, na nagpapalalim at nagpapalawak ng saklaw ng pandaigdigang kilusan laban sa tortyur. www.wcl.american.edu/impact/initiatives-programs/center/

Ang Asosayon para sa Pagpigil ng Tortyur (APT) ay isang pangdaigdigang di-pampamahalaang organisasyon na nakabase sa Geneva, na nagtatrabaho sa buong mundo upang maiwasan ang tortyur at iba pang pagmamaltrato. Itinatag noong 1977, nilalayon ng APT na bawasan ang mga panganib ng tortyur at pagmamaltrato sa pamamagitan ng pagtataguyod at pagsusulong ng mga praktikal na hakbang tulad ng pagsubaybay sa mga lugar ng detensyon, pagpapatupad ng mga pananggalang at proteksyon ng mga nakakulong na tao na nasa mga sitwasyon ng pagiging bulnerable. Ang APT ay ginagampanan ang pangunahing papel sa pagtaguyod ng mga pandaigdigang pamantayan at mekanismo upang mapigilan ang tortyur, kasama na rito ang Opsyonal na Protokol sa Kombensiyon ng UN Laban sa Tortyur (OPCAT) at Pambansang Mekanismo ng Pag-pigil. Upang maipatupad nito ang pananaw na mga lipunang walang tortyur, ang APT ay nagtatrabaho sa pambansa, panrehiyon at pandaigdigang antas upang suportahan ang iba`t ibang mga kasamahan, mula sa mga awtoridad, mga pambansang institusyon ng karapatang pantao hanggang sa mga organisasyong sibil. www.apt.ch

Itinatag noong 1987, ang Sentro Para Sa Karapatang Pantao ng Norway (NCHR) ay isang Sentro ng iba’t ibang disiplina sa Unibersidad ng Oslo. Ang mga aktibidad sa Sentro ay umiikot sa pananaliksik, pagtuturo, at inilapat na mga pandaigdigan na programa. Ang tauhan ng NCHR ay binubuo ng mga abugado, dalubhasang pampulitika , mga antropologo sa lipunan, heograpo sa lipunan at pilosopo. Binibigyang diin ng Sentro ang koneksyon sa pagitan ng edukasyon sa pananaliksik at ang praktikal na aplikasyon ng kaalaman. www.jus.uio.no

Ang mga materyal na nilalaman sa paglalathala na ito ay maaaring malayang banggitin o muling limbagin, sa kondisyon na kilalanin ang pinagmulan: 'Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam para sa Mga Imbestigasyon at Pangangalap ng Impormasyon, Mayo 2021. Nakuha mula sa: www.interviewingprinciples.com

Orihinal na pagkalatag ng disenyo at mga guhit: Magdalena Castría. 2021.

Tagasalin: Farida Imperial Sunga

Taga-proofread: Jerbert Briola

# Paunang Salita

Ang mga malawak na normatibong ligal na balangkas na nagbabawal sa tortyur at iba pang mga uri ng pangmamaltrato - sa lahat ng oras at lugar, kahit na sa mga sitwasyon ng armadong hidwaan o pampublikong emerhensya - ay hindi pa naisasalin sa kanyang pagpuksa sa panahon ng pagtatanong ng mga ahente ng Estado sa buong mundo. O nagkaroon man ng isang mabisang aplikasyon sa pagsasagawa ng mga pananggalang para protektahan ang mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan. Sa panahon ko bilang Espesyal na Rapporteur ng Nagkakaisang Bansa sa Tortyur, naobserbahan ko na ang pinakamadalas na tagpo kung saan ang tortyur at pamimilit ay nagaganap ay sa panahon ng interogasyon ng mga suspek at para sa hangaring makakuha ng mga pag-amin o deklarasyon laban sa iba. Sa kadahilanang iyon, nagsumite ako ng isang tematikong ulat noong 2016 sa Pangkalahatang Kapulungan ng mga Nagkakaisang Bansa na kinilala ang isang pagkakataon at naghandog ng isang landas na pasulong.[1]

Ang ulat ay tumukoy sa kakayahang magamit ang isang malaki at sumisibol na katawan ng siyentipikong kaalaman na nagtatag na ang base sa magandang ugnayan at walang-sapilitang paraan sa pakikipanayam ang mga pinakamabisa para sa pangangalap ng impormasyon. Kasabay nito, ang mahigpit na pananaliksik mula sa obserbasyon o rigorous empirical research ay nagpapakita na ang tortyur at iba pang uri ng pangmamaltrato ay hindi mabisa at hindi produktibong pamamaraan ng pagtatanong. Sa kontekstong ito, ang ulat ay nanawagan para sa pagbuo ng isang hanay ng mga pandaigdigang pamantayan para sa mga pakikipanayam na sa pamamagitan ng likas nitong katangian ay nagsasama ng aplikasyon ng mga ligal at pamamaraan na pananggalang ng mga awtoridad.

Ang dokumentong ito ay kumakatawan sa bunga ng apela na iyon. Ang mga Prinsipyong ito ay ang paglilinis ng mga karanasan sa isang malawak na hanay ng mga bansa kung saan ang mga nagpapatupad ng batas at pwersang panseguridad ay gumagamit ng mabisang pakikipanayam na humahantong sa mas mahusay na mga resulta sa pagkuha ng tumpak at maaasahang impormasyon. Ang impormasyong nakalap sa ganitong paraan ay pinapanatili rin ang integridad at propesyonalismo ng mga tagapanayam at pinahuhusay ang tiwalang sibiko sa kanilang mga institusyon.


Ang Mga Prinsipyo na ipinapakita namin dito, sa pinakadiwa, ay isang pagkilala na ang kinalabasan ng isang pakikipanayam ay magkakaugnay sa buong kapakinabangan ng mga karapatan ng isang tao sa bawat yugto ng pakikipag-ugnay sa mga pampublikong

1. A/71/298, Ulat ng Espesyal na Rapporteur sa Tortyur, ika-5 ng Agosto 2016. Tignan din ang A/HRC/RES/31/31, Resolusyon ng Konseho ng Karapatang Pantao, ika-24 ng Marso 2016.

awtoridad- hindi alintana kung ang naturang mga engkwentro ay may tatak na mga pag-uusap, interogasyon, panayam o pagtatanong. Kinakatawan nila ang isang alternatibo sa mga panganib ng pinilit na mga pahayag at kalupitan ng tortyur at isang pagkilala na ang mga taktika na ito ay humantong sa maling pag-amin, hindi makatarungang mga paglilitis at papanghinain ang pangangasiwa ng hustisya. Tulad ng isinaad ng Hukuman ng Karapatang Pantao sa Europa, walang ligal na sistema batay sa panuntunan ng batas ay maaaring sumang-ayon sa pagtanggap ng katibayan o ebidensya na nakuha sa pamamagitan ng tortyur sapagkat ang proseso ng paglilitis ay isang batayan ng panuntunan ng batas at ito ay napinsala nang hindi na maisasaayos nang dahil sa paggamit ng tortyur.[2]

Ang Mga Prinsipyo na ito ay sinulat ng mga dalubhasa sa larangan ng pakikipanayam, nagpapatupad ng batas, kriminal na imbestigasyon, pambansang seguridad, militar, intelihensiya, sikolohiya, kriminolohiya at mga karapatang pantao mula sa buong mundo. Isang Pandaigdigang Pamunong Komite o International Steering Committee na may 15 miyembro ang gumabay sa prosesong ito at nagsumikap na gawin ang trabaho sa isang batayan ng malawak na pananaliksik mula sa obserbasyon o empirical research, nagtala ng mabubuting kasanayan, nagtatag ng pandaigdigang batas at propesyonal na etika. Ang pangwakas na teksto ay ang resulta ng apat na taon ng kanilang pagsusuri at pagsasaliksik na may konsultasyon sa isang Konseho na Tagapayo o Advisory Council na may higit sa 80 mga dalubhasa mula sa higit sa 40 mga bansa. Bukod dito, ang Pamunong Komite o Steering Committee ay nakinabang mula sa direktang mga konsulta sa mga opisyal na nagpapatupad ng batas at iba pang mga partidong apektado at interesado o stakeholder sa mga pagpupulong na ginanap sa Brazil, Tunisia at Thailand.

Panahon na para sa mga mabubuting kasanayan na ito na magamit ng lahat at maibahagi sa mga kriminal na imbestigador, sa lahat ng ligal na kultura, at sa mga propesyonal na nagsasagawa ng panayam para sa malawak at iba't ibang mga lehitimong layunin. Ang Mga Prinsipyong ito ay maaaring gabayan ang pandaigdigang pamayanan at makatutulong ito upang makabuo ng isang normatibong balangkas para sa mabisang pakikipanayam na iniiwasan ang mga pang-aabuso sa karapatang pantao, tulad ng tortyur at pangmamaltrato, gayundin na gawing mas epektibo at hindi pabagu-bago ang imbestigasyon at pagpigil sa krimen.



**Juan E. Méndez,**
*Kapwa-Tagapangulo ng Pamunong Komite ng Mga Dalubhasa*

2. Hukuman ng Karapatang Pantao sa Europa (ECtHR), *Ćwik v. Poland*, bilang. 31454/10, Paghatol, ika-5 ng Nobyembre 2020.

# Mga Nag-ambag

## Pamunong Komite

*(naglilingkod sa kani-kanilang sariling kapasidad)*

**Juan E. Méndez, Kapwa-Tagapangulo** (Dating Espesyal na Rapporteur ng UN sa Tortyur; Direktor ng Pakultad, Inisyatiba Laban sa Tortyur, Unibersidad ng Amerika Washington, Kolehiyo ng Batas)

**Mark Thomson, Kapwa-Tagapangulo** (Dating Punong-Kalihim, Asosasyon para sa Pagpigil ng Tortyur)

**Ray Bull** (Propesor ng Kriminal na Imbestigasyon, Unibersidad ng Derby; Propesor Emiritus ng Porensikong Sikolohiya, Unibersidad ng Leicester)

**Mark Fallon** (Dating Espesyal na Ahente/ Opisyal ng Kontra-Terorismo, Serbisyo sa Pag-iimbestiga ng Kriminal na Pandagat, Kagawaran ng Tanggulan, Estados Unidos; Kapwa-Tagapagtatag ng Proyektong Aletheia, Kolehiyo ng Hustisyang Kriminal ng John Jay)

**Verónica Hinestroza Arenas** (Associate na Eksperto, Pundasyon ng Pananaliksik ng Omega; Dating Nakatataas na Abogado para sa Programa, Pandaigdigang Asosasyon ng mga Abogado ng Instituto ng Karapatang Pantao, Amerikang Latino)

**Zaza Namoradze** (Direktor ng Inisyatiba sa Hustisya ng Bukas na Lipunan, Opisina ng Berlin)

**Gavin Oxburgh** (Propesor ng Agham ng Pulisya, Unibersidad ng Northumbria, UK; Dating Pulis ng Puwersang Panghimpapawid ng Inglatera, Sangay ng Espesyal na Imbestigasyon)

**Pau Perez Sales** (Direktor ng Klinika, Centro SiRa, Madrid; Punong Patnugot ng Talaarawan ng Tortyur)

**Asbjørn Rachlew** (Tagapamahala ng Pulisya ng Norway, Oslo; Panauhing Mananaliksik sa Sentro Para Sa Karapatang Pantao ng Norway)

**Therese Rytter** Direktor sa Batas, DIGNITY; Bise-Presidente, Komite ng mga Taga-Europa para sa Pagpigil ng Tortyur)

**Mary Schollum** (Kasangguni; Dating Tagapayo, Pulisya ng New Zealand at Kolehiyo ng Pulisya ng UK)

**Rebecca Shaeffer** (Direktor ng Batas, Pandaigdigang Patas na Paglilitis para sa mga Amerika)

**Ruth Ssekindi** (Direktor, Komisyon ng Karapatang Pantao ng Uganda)

**Lilian M. Stein** (Propesor ng Sikolohiya, Pontipikal na Katolikong Unibersidad ng Rio Grande do Sul, Brasil)

**Sean Tait** (Direktor, Porum sa Pangangasiwa ng Pagpupulis sa Sibilyan ng Africa)

## Koordinasyon na Tri-institutional

apt association pour la prévention de la torture
asociación para la prevención de la tortura
association for the prevention of torture

American University Washington College of Law
Center for Human Rights & Humanitarian Law
Anti - Torture

UiO Norwegian Centre for Human Rights
University of Oslo

## Grupo ng Nagsulat

*(naglilingkod sa kani-kanilang sariling kapasidad)*

**Solomon Arase** (Abogado at Kasangguni sa Seguridad; Dating Inspektor Heneral ng Pulisya, Pulisya ng Nigeria)

**Steven J. Barela** (Fellow ng Nakatataas na Pananaliksik, Instituto ng Pandaigdigang Pag-aaral, Unibersidad ng Geneva)

**Alexis Comninos** (Tagapagpayo ng Batas, Asosasyon Para sa Pagpigil ng Tortyur)

**Vanessa Drummond (**Pangalawang Direktor, Inisyatiba Laban sa Tortyur)

**Louise Edwards** (Direktor ng Pananaliksik at Mga Programa, Porum sa Pangangasiwa ng Pagpupulis sa Sibilyan ng Africa)

**Verónica Hinestroza Arenas**

**Jonathan Horowitz** (Dating Nakatataas na Opisyal ng Batas, Inisyatiba sa Hustisya ng Bukas na Lipunan)

**Susan Kemp** (Komisyoner, Komisyon ng Karapatang Pantao ng Scotland)

**Gisle Kvanvig** (Pinuno ng Tanggapang Pampangasiwaan ng UNPOL, Sentro Para Sa Karapatang Pantao ng Norway)

**Anne Lardy** (Tagapag-ugnay ng Batas, Pandaigdigang Komite Ng Krus na Pula; Dating Tagapagpayo ng Batas at Pagkakakulong, Asosasyon para sa Pagpigil ng Tortyur)

**Christian Meissner** (Propesor ng Sikolohiya, Universidad ng Estado ng Iowa)

**Andra Nicolescu** (Nakatataas na Tagapagpayo ng Batas at Patakaran, Asosasyon para sa Pagpigil ng Tortyur)

**Gavin Oxburgh**

**Alka Pradhan** (Abogado ng Karapatang Pantao sa mga Komiyon ng Militar sa Guantanamo Bay; Lektiyurer ng Batas, Unibersidad ng Pennsylvania)

**Asbjørn Rachlew**

**Therese Rytter**

**Mary Schollum**

**Ruth Ssekindi**

**Sean Tait**

**Wilder Tayler** (Pinuno ng Pambansang Mekanismo ng Pag-pigil, Uruguay)

## Grupo ng Editoryal ng Tagapangulo

**Steven J. Barela, Editor**

**Barbara Bernath** (Punong Kalihim, Asosasyon para sa Pagpigil ng Tortyur)

**Alexis Comninos**

**Vanessa Drummond**

**Andra Nicolescu**

## Konseho ng Tagapagpayo

*(membres siégeant à titre individuel ; composition au 27 août 2021)*

**Uju Agomoh** (Ehekutibong Direktor, Rehabilitasyon at Aksyon para sa Kapakanan ng mga Bilanggo, Nigeria)

**Laurence Alison** (Tagapangulo ng Porensiko at Imbestigasyong Sikolohiya, Unibersidad ng Liverpool)

**Rashid Almansoori** (Pangkalahatang Departmento ng Agham ng Porensiko at Kriminolohiya, Pulisya ng Dubai, United Arab Emirates; Sentro para sa Porensikong Pakikipanayam, Unibersidad ng Portsmouth)

**Paul Angaman** (Presidente, Pandaigdigang Pederasyon ng Aksyon ng mga Kristyano para sa Pagwawaksi ng Tortyur)

**Igor Areh** (Associate na Propesor ng Sikolohiya ng Porensiko, Pakultad ng Hustisyang Pangkriminal at Seguridad, Unibersidad ng Maribor, Slovenia)

**Romel Regalado Bagares** (Dating Ehekutibong Direktor, Sentro para sa Pandaigdigang Batas, Pilipinas)

**Steven J. Barela**

**Gary Barr** (Pansamantalang Direktor (retirado), Programa ng ICITAP, Departamento ng Hustisya ng Estados Unidos)

**Rafael Barreto Souza** (Tagapag-ugnay ng Inistyatiba, Programa sa Pag-unlad sa Brazil ng Nagkakaisang Bansa at Pambansang Konseho ng Hustisya; Mananaliksik, Unibersidad ng Brasil - LabGEPEN/UnB)

**Sarah Belal** (Ehekutibong Direktor, Proyektong Panghustiya,Pakistan)

**Yuriy Belousov** (Pinuno ng Departamento, Pagtutol sa Paglabag sa Karapatang Pantao sa nagpapatupad ng batas at mga saklaw ng bilangguan, Opisina ng Punong taga-usig, Ukraine; Dating Pulis ng Ukraine; Dating Pinuno ng Pambansang Mekanismo ng Pag-pigil ng Ukraine)

**Gregg Bloche** (Propesor ng Carmack Waterhouse sa Batas Pangkalusugan, Patakaran, at Etika, Unibersidad ng Georgetown)

**Susan Brandon** (Dating Tagapamahala ng Programa ng Pananaliksik, Grupo ng Mataas na Halaga ng Interogasyon sa Bilanggo,-HIG, Esatdos Unidos)

**Ilze Brands Kehris** (Pangalawang Punong Kalihim ng UN para sa Karapatang Pantao, New York)

**Ed Cape** (Emeritus na Propesor, Unibersidad ng Kanluran ng Inglatera, Bristol)

**Andrew Clapham** (Propesor, Instituto ng Gradwado, Geneva)

**Jamil Dakwar** (Direktor, Programa ng Karapatang Pantao, Unyon ng Kalayaang Sibil ng America)

**Louis Dekmar** (Hepe ng Pulisya, Departamento ng Pulisya ng LaGrange, Estados Unidos.; Dating Presidente, IACP)

**Catalina Devandas Aguilar** (Embahador ng Costa Rica para sa UN sa Geneva, Dating Espesyal na Rapporteur ng UN sa Karapatan ng Mga Taong may Kapansanan)

**Santanee Ditsayabut** (Ekspertong Pampublikong Taga-usig, Direktor ng Tanggapang Pampangasiwaan ng Istituto ng Nitivajra, Opisina ng Punong-Abogado,Thailand)

**Graham Dossett** (Dating Tagapangasiwa ng Pulisya ng UK; Bumibisitang Fellow, Sentro ng Karapatang Pantao ng Unibersidad ng Essex)

**Fernanda Doz Costa** (Diputado na Direktor, Pandaigdigang Amnestiya ng mga Amerika)

**Alice Edwards** (Pinuno ng Tanggapang Pampangasiwaan, Kombensiyon Laban sa Inisyatiba ng Tortyur)

**Hatem Essaiem** (Komisyonado, Komisyon sa Africa para sa Tao at Karapatan ng mga grupo ng Tao)

**Malcolm Evans** (Dating Tagapangulo ng Subkomite ng UN para sa Pagpigil ng Toryur)

**Ivar A. Fahsing** (Hepeng Tagapangasiwa ng mga Detektibo at Associate na Propesor, Kolehiyo ng Unibersidad ng Pulisya ng Norway)

**Laurel E. Fletcher** (Klinikal na Propesor ng Batas, Unibersidad ng California, Berkeley, Paaralan ng Batas)

**Sabina Frederic** (Ministro ng Seguridad, Arhentina)

**Johan Friestedt** (Dating Pinuno ng Dibisyon, Tanggapang Pampangasiwaan ng Komite ng mga Taga-Europa para sa Pagpigil ng Tortyur)

**Fiona Gabbert** (Propesor, Kolehiyo ng Goldsmiths, Unibersidad ng London)

**Andrew Gilmour** (Dating Pangalawang Punong Kalihim ng UN para sa Karapatang Pantao; Ehekutibong Direktor, Pundasyon ng Berghof)

**Mykola Gnatovskyy** (Dating Presidente, Komite ng mga Taga-Europa para sa Pagpigil ng Tortyur o; Propesor, Pambansang Unibersidad ng Taras Shevchenko ng Kyiv)

**Robert Goldman** (Presidente, Pandaigdigang Komisyon ng mga Hurado)

**Alistair Graham** (Nakatataas na Imbestigador, Pandaigdigang Korteng Pangkriminal)

**Andy Griffiths** (Dating Tagapangasiwa ng mga Detektibo ng Pulisya ng UK; Bumibisitang Fellow ng Pananaliksik, Unibersidad ng Portsmouth; Kasapi na Iskolar, Unibersidad ng New York)

**Gísli Guðjónsson** (Emeritus na Propesor ng Porensikong Sikolohiya, Kolehiyo ng King sa London, Instituto ng Saykayatrya, Sikolohiya at Neurosensya)

**Jill Heine, Paunang Editor** (Dating Tagapagpayo ng Batas, Pandaigdigang Amnestiya)

**Lisa Henry** (Punong-Kalihim, Konseho ng Pandaigdigang Rehabilitasyon para sa mga Biktima ng Tortyur)

**Joel Hernandez** (Komisyonado, Komisyon ng Inter-Amerikano sa Karapatang Pantao)

**Christof Heyns,** na nakalulungkot na pumanaw noong ika-28 ng Marso 2021 (Dating miyembro, Komite para sa Karapatang Pantao ng UN; Propesor, Unibersidad ng Pretoria)

**Lorraine Hope** (Propesor, Unibersidad ng Portsmouth)

**Ching-Yu Huang** (Lektiyurer, Unibersidad ng Keele)

**Vincent Iacopino** (Dating Nakatataas na Medikal naTagapagpayo, Mga Manggagamot para sa Karapatang Pantao; Adjunct na Propesor ng Medisina, Paaralan ng Medisina ng Unibersidad ng Minnesota)

**Marina Ilminska** (Nakatataas na Opisyal ng Patakaran, Inisyatiba sa Hustisya ng Bukas na Lipunan)

**Suzanne Jabbour** (Tagapangulo, Sub-komite ng UN para sa Pagpigil ng Tortyur; Punong Ehekutibong Opisyal, RESTART Sentro para sa Rehabilitasyon ng mga Biktima ng Tortyur at Karahasan Lebanon)

**Taghreed Jaber** (Pangrehiyong Direktor para sa Gitnang Silangan at Hilagang Aprika, Pandaigdigang Reporma sa Parusa - PRI)

**Steven M. Kleinman** (Koronel, Hukbong Panghimpapawid ng Estados Unidos, Retirado, Opisyal ng Intelihensiya, Esatados Unidos)

**Cheng Lei** (Propesor, Unibersidad ng Renmin ng Paaralang Batas ng China)

**Richard A. Leo** (Propesor, Unibersidad ng San Francisco)

**Hugo Leonardo** (Presidente, Instituto para sa Depensa ng Karapatan sa Pagtatanggol – IDDD, Brasi)l

**Masha Lisitsyna** (Nakatataas na Namamahalang Opisyal ng Batas, Inisyatiba sa Hustisya ng Bukas na Lipunan)

**Margarette May Macaulay** (Komisyonado, Komisyon ng Inter-Amerikano ng Karapatang Pantao; dating hukom ng Korte ng Inter-Amerikano ng Karapatang Pantao)

**Luciano Mariz Maia** (Associate ng Punong-Abogado ng Opisina ng Pederal na Pampublikong Taga-usig, Brasil)

**David Marshall** (Bumibisitang Lektiyurer, Paaralan ng Batas ng Unibersidad ng Yale; Tagapagpayo ng Hustisya, Pandaigdigang mga Gawain ng Canada)

**Robert McFadden** (Dating Espesyal na Ahente, Imbestigatibong Serbisyong Pangkriminal ng Hukbong Dagat ng Estados Unidos)

**Nils Melzer** (Espesyal na Rapporteur ng UN sa Tortyur; Tagapangulo ng Karapatang Pantao, Akademya ng Pandaigdigang Makataong Batas at Karapatang Pantao ng Geneva)

**Rebecca Milne** (Propesor, Unibersidad ng Portsmouth)

**Jens Modvig** (Medikal na Direktor, DIGNITY; Dating Tagapangulo, Komite ng UN Laban sa Tortyur)

**Anabella Museri** (Master sa kriminolohiya, Unibersidad ng Nacional del Litoral, Santa Fe, Arhentina)

**Makiko Naka** (Propesor ng Sikolohiya, Unibersidad ng Ritsumeikan; Emeritus na Propesor, Unibersidad ng Hokkaido, Hapon)

**Manfred Nowak** (Independiyenteng Eksperto ng UN sa Mga Bata na Napagkaitan ng Kalayaan; Dating Espesyal na Rapporteur ng UN sa Tortyur)

**Shane O'Mara** (Propesor ng Pang-eksperimentong Pananaliksik sa Utak, Paaralan ng Sikolohiya at Instituto ng Neurosyensya, Kolehiyo ng Trinity sa Dublin – Unibersidad ng Dublin, Ireland)

**Gustavo Palmieri** (Direktor, Unibersidad ng Nacional de Lanus; Miyembro, Pambansang Mekanismo ng Pag-pigil ng Arhentina)

**Jelena Pejic** (Nakatataas na Tagapayo ng Batas, Pandaigdigang Komite ng Krus na Pula)

**Martine Powell** (Propesor, Unibersidad ng Griffith, Queensland; Direktor ng Pagtatag, Sentro Para sa Imbestigatibong Pakikipanayam, Institutong Kriminolohiya ng Griffith)

**Devika Prasad** (Nakatataas na Tagapayo, Proyekto 39A, Unibersidad ng Pambansang Batas ng Delhi, at dating pinuno, Programa ng mga Reporma ng Pulisya ng Inisyatiba ng Karapatang Pantao ng Komonwelt)

**Dinna Prapto Raharja** (Dating Kinatawan, Intergovernmental na Komisyon ng ASEAN sa Karapatang Pantao; Associate na Propesor, Unibersidad ng Binus, West Jakarta)

**Seema Saifee** (Fellow ng Pananaliksik, Paaralang Batas ng Unibersidad ng Pennsylvania; Dating Nakatatas na Abogado ng mga Tauhani at Klinikal na Direktor, Proyekto ng mga Inosente)

**Marta Santos Pais** (Dating Espesyal na Kinatawan ng Punong Kalihim ng UN sa Karahasan laban sa Mga Bata)

**Margaret Satterthwaite** (Propesor, Sentro para sa Karapatang Pantao at Pandaigdigang Hustisya, Paaralang Batas ng Unibersidad ng New York)

**Stephanie Selg** (Dating Tagpayo sa Pagpigil sa Tortyur, OSCE, Opisina para sa Mga Institusyong Demokratiko at Karapatang Pantao)

**Christophe Sellie** (Kinatawan ng Hepe ng Pulisya ng Sûreté, Pulisya ng Vaud Cantonal, Switzerland)

**Mandira Sharma** (Tagapagtatag, Porum para sa Adbokasiya, Nepal; Nakatataas na Pangdaigdigang Tagapayo ng Batas, Pandaigdigang Komisyon ng mga Hurado)

**Michael Skerker** (Propesor, Akademya ng Hukbong Dagat ng Estados Unidos)

**Rupert Skilbeck** (Direktor, REDRESS)

**Kevin Smith** (Tagapayo ng Pambansang Bulnerableng Saksi, Imbestigatibong Suporta para sa Mabibigat na Krimen, Pambansang Ahensya ng Krimen, U.K.)

**Stavroula Soukara** (Associate na Propesor ng Porensikong Sikolohiya, Departamento ng Agham Panlipunan, Unibersidad ng Nicosia, Cyprus)

**Gerald Staberock** (Punong Kalihim, Pandaigdig na Organisasyon Laban sa Tortyur – OMCT)

**Michel St-Yves** (Porensikong Sikologo, Kaligtasan ng Quebec, Paaralan ng Pambansang Pulisya ng Quebec, Unibersidad ng Montréal)

**Natalia Taubina** (Direktor, Pundasyon ng Pampublikong Hatol, Rusya)

**Serra Tekin** (Lektiyurer ng Sikolohiya, Unibersidad ng London South Bank)

**Morris Tidball-Binz** (Adjunct na Klinikal na Propesor ng Porensikong Medisina, Unibersidad ng Monash, Melbourne; Espesyal na Rapporteur ng UN sa ekstrahudisyal na sumaryo o arbitraryong pagpaslang)

**Soledad Villagra de Biedermann** (Dating Miyembro ng Grupo ng mga Eksperto sa Arbitraryong Pagkakakulong; Propesor, Katolikong Unibersidad ng Asunción, Paraguay)

**Peter Vedel Kessing** (Miyembro, Komite ng UN Laban sa Tortyur; Nakatataas na Mananaliksik, Instituto ng Karapatang Pantao ng Denmark)

**Michael Zander** (Emeritus na Propesor ng Batas, Paaralang Pang-ekonomiya ng London)

# Talaan ng Nilalaman

i Paunang Salita
iii Mga Nag-ambag

**1 Panimula**

**7 Prinsipyo 1 – Sa Mga Pundasyon**

7 Mga Siyentipikong Pundasyon
12 Mga Ligal na Pundasyon
16 Mga Pundasyon ng mga Etika ng Propesyonal

**18 Prinsipyo 2 – Sa Pagsasagawa**

18 Isang Komprehensibong Proseso
19 Tumpak at Maaasahang Impormasyon
20 Mga Ligal na Proteksiyon
20 Bago ang Panayam - Pagtiyak sa isang Hindi Mapilit na Kapaligiran
29 Sa Panahon ng Panayam - Pagtaguyod at Pagpapanatili ng Magandang Ugnayan
33 Pagtatapos ng Panayam - Pagtatasa at Pagsusuri

**35 Prinsipyo 3 – Sa Pagiging Bulnerable**

35 Ang Panayam bilang isang Sitwasyon ng pagiging Bulnerable
36 Mga Tao sa Pinatinding Mga Sitwasyon ng pagiging Bulnerable
38 Pagtatasa at Pagtugon sa Pinatinding Mga Sitwasyon ng pagiging Bulnerable

**40 Prinsipyo 4 – Sa Pagsasanay**

40 Tiyak na Pagsasanay
42 Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad

**43 Prinsipyo 5 – Sa Pananagutan**

43 Institusyonal na mga Pamamaraan at Pagsuri
44 Mabisang Pag-iingat ng Talaan
45 Pagpigil at Pag-uulat
46 Panlabas na Pangangasiwa at Independiyente Pagsubaybay
47 Mga Reklamo at Imbestigasyon
48 Pagwawasto o paglunas sa pagkakapinsala at Reparasyon

**49 Prinsipyo 6 – Sa Pagpapatupad**

50 Lokal na Ligal na mga Balangkas
50 Intitusyonal na Kalinangan at Kapasidad
51 Mga Hudisyal na Awtoridad
52 Pagpapalaganap o diseminasyon

# Panimula

1. Ang mga opisyal ng nagpapatupad ng batas at iba pang mga lupon na nag-iimbestiga - kabilang ang mga serbisyong intelihensya at militar- ay may mahalagang papel sa paglilingkod sa mga pamayanan at pagpapanatili ng seguridad ng publiko sa pamamagitan ng pagtuklas, pagpigil at paglutas ng krimen, gayundin ang paggarantiya ng karapatang pantao. Ang pagsasagawa ng pagtatanong at mga panayam ay nakasalalay sa kabuuan ng anumang imbestigasyon at proseso ng pangangalap ng intelihensiya o impormasyong pangmilitar o pampolitika na isinagawa ng naturang mga awtoridad.

2. Para sa mga layunin ng dokumentong ito, ang pakikipanayam ay tinukoy bilang isang pag-uusap na may balangkas o istraktyur kung saan ang isang tao (ang 'tagapanayam') ay naghahangad na mangalap ng impormasyon mula sa iba (ang 'kinakapanayam') bilang bahagi ng anumang imbestigasyon o operasyon ng intelihensiya. Ang layunin ay upang makakuha ng tumpak at maaasahang impormasyon habang iginagalang ang karapatang pantao; ang paglikom ng impormasyon ay ang layunin, hindi isang pag-amin.

## Mga Hangarin at Layunin: Bakit Kailangan ang Mga Prinsipyo?

3. Sa buong mundo, ang mga di-makatotohanang pag-amin at ang hindi mapagkakatiwalaan na nabahirang impormasyon na nagmumula sa mga mapang-abusong gawi ay humantong sa maling pagpapasya, maling mga paghatol, at malubhang kabiguan ng hustisya. Dahil sa laganap na maling akala na ang 'Tortyur ay mabisa,' ang pagtatanong, partikular sa mga suspek, ay likas na nauugnay sa mga panganib ng pananakot, pamimilit at pagmamaltrato.[3] Ang paggamit ng naturang mga kasanayan sa panahon ng mga panayam ay kapwa hindi mabisa at hindi produktibo, na may potensyal na mapanirang pinsala sa mga biktima, mga salarin, mga institusyon, at lipunan sa kalakhan; kapag naging katumbas nito ang tortyur, malupit, hindi makatao o nakakabawas ng dangal na pagtrato o parusa (iba pang mga uri ng pangmamaltrato), ang mga ito ay ganap na ipinagbabawal ng pandaigdigang batas.

4. Mayroong pangangailangan na ilayo ang pamamaraan ng pagtatanong mula sa mapang-akusa, mapilit, nagmamanipula at mga kasanayan na hinihimok ng pag-amin patungo sa pakikipanayam na batay sa magandang-ugnayan. Kasama rito ang aplikasyon ng mga ligal at pamamaraan na pananggalang sa buong proseso ng pakikipanayam, na binabawasan ang mga panganib ng pangmamaltrato, gumagawa ng mas higit na maaasahang impormasyon, at tumutulong upang matiyak ang isang kinalabasan ng imbestigasyon o operasyon ng intelihensya na naaayon sa batas.

3. A/71/298, Ulat ng Espesyal na Rapporteur sa Tortyur, 5 Agosto 2016, talata 8.

5. Ang Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam para sa Mga Imbestigasyon at Pangangalap ng Impormasyon ay isinasama ang batas sa matatag at lumalaking siyentipikong pananaliksik sa mga pamamaraan ng pagtatanong na pinakamabisa sa pagtamo ng tumpak at maaasahang impormasyon mula sa kinapanayam. Ang mga Prinsipyo ay:

   a. Tulungan ang mga awtoridad na mapagbuti ang pagiging mabisa, pagkamakatarungan, at mga kinalabasan ng imbestigasyon at mga proseso ng pangangalap ng intelihensya o impormasyong pangmilitar o pampolitika, habang pinoprotektahan ang likas na dignidad at karapatang pantao ng lahat ng mga taong nakapanayam; gabayan ang mga pagpapaunlad ng patakaran at itaguyod ang komprehensibong pagpapatupad ng mga etikal at mabisang balangkas ng pakikipanayam sa mga kaukulang ahensya.
   b. Tulungan ang mga awtoridad at ahensya na magsagawa ng mga reporma na holistiko at sa antas ng institusyon, pati na rin ang pagpapabuti sa mga paraan ng kanilang pakikitungo at pagsasagawa ng mga panayam, kabilang ang may kaugnayan sa pagpaplano, pagsasanay, mapagkukunan, at pagsusuri.
   c. Ipabatid ang pagbuo ng mga kurikulum sa pagsasanay, mga manwal, at iba pang mga materyales na pang-edukasyon at panturo.
   d. Pahintulutan ang mga nagpapatupad ng batas at iba pang mga opisyal na magbago ng pananaw at kulturang pang-institusyonal na malayo sa mga kasanayan na hinihimok ang pag-amin patungo sa pakikipanayam na batay sa magandang-ugnayan.

6. Ang Mga Prinsipyo ay nagtataguyod ng isang pamamaraan na makakatulong matiyak na ang pagpapalagay na inosente ay iginagalang at ginagamit, na ang mga paghahatol laban sa mga taong nagkasala ay nakuha, na ang mga maling akusadong tao ay pinawalang-sala, at ang hustisya ay nakamit para sa mga biktima at lipunan sa pangkalahatan.

7. Pinahihintulutan ng Mga Prinsipyo ang pagpapatupad ng Napapanatiling Pag-unlad ng Mga Layunin ng Nagkakaisang Bansa o United Nations Sustainable Development Goals sa pamamagitan ng pag-aambag sa pagpapaunlad ng makatarungan, ligtas at lipunan na bukas sa lahat na may matitibay na mga institusyon sa mga sumusunod na paraan:

### Pagsasagawa ng Mga Panayam

**Kumuha** ng mas tumpak at maaasahang impormasyon sa panahon ng mga panayam.

**Pagpapatibay** ng kapasidad, kahusayan, at propesyonalismo ng mga tagapanayam.

**Alisin** ang pagtitiwala sa labag sa batas, hindi mabisa, at kontra-produktibong mga pamamaraan sa pagtatanong.

**Pagbibigay** ng matagumpay, abot-kayang, at abot-kamay na mga pamamaraan at kasanayan na may limitadong mapagkukunan.

**Paghahatid** ng mas mabisang pagpapatakbo ng pangangalap ng impormasyon.

### Sistema ng Hustisya

**Nagtataguyod** ng higit na pagtitiwala ng publiko at pakikipagtulungan sa mga institusyon ng Hustisyang kriminal.

**Panindigan** ang alituntunin ng batas.

**Pagliban o hindi pagsali** ng mga ebidensya na nabahiran ng tortyur, at mga maling pag-amin.

**Pagbawas** ng hindi maaasahang impormasyon, mga insidente ng mga maling paghatol na may sala o pagkawalang-sala at mga kabiguan ng hustisya.

**Pinangangalagaan** ang integridad ng mga proseso ng hustisya at mabisang pangangasiwa ng hustisya.

### Mga Karapatang Pantao

**Tinitiyak** na walang sinuman ang sasailalim sa pamimilit, tortyur o iba pang mga uri ng pangmamaltrato.

**Pagprotekta** sa pisikal at mental na integridad ng lahat ng mga taong nakikipag-ugnay sa mga pampublikong awtoridad.

**Pagpapabuti** ng paggalang sa mga karapatan ng mga tao sa mga pinatinding sitwasyon ng pagiging bulnerable.

**Ang pagsusulong** ng aplikasyon ng mga panangalang at mga karampatang proseso ay garantiya sa lahat ng mga taong nakapanayam.

**Pagbawas** ng mga insentibo para sa mga propesyonal sa hustisya na umasa sa sapilitang mga taktika.

## Saklaw: Sa Anong Sitwasyon Naaangkop ang mga Prinsipyo?

8. Ang mga Prinsipyo ay naaangkop sa lahat ng pakikipanayam ng mga opisyal sa pangangalap ng impormasyon, tulad ng pulisya, intelihensya, militar, awtoridad sa pangangasiwa, o iba pang mga taong kumikilos sa isang opisyal na kakayahan. Kasama rito ang iba't ibang anyo ng pagtatanong ng mga tauhan ng intelihensiya kabilang ang estratehikong at taktikal na mga pagdidiskusyon o debriefing at interogasyon ng mga awtoridad, sa militar at intelihensiya.

9. Ang pamamaraan na nakabalangkas sa Mga Prinsipyo ay angkop para sa parehong deretso at kumplikadong mga panayam at ito ay madaling maipatupad sa mga ulit na panayam.

10. Ang pinakakaraniwang senaryo na tinutugunan ng Mga Prinsipyo ay ang mga panayam sa mga suspek sa panahon o yugto ng mga imbestigasyon sa Hustisya kaugnay sa mga kasong kriminal. Gayunpaman, naaangkop din ang Mga Prinsipyo sa mga panayam sa mga saksi, biktima, o iba pang mga pinanghihinalaang tao (hindi alintana ang kanilang posisyon), na maaaring maging kasing halaga ng isang imbestigasyon bilang isang panayam ng suspek. Ang parehong hanay ng mga kasanayang propesyonal at pamamaraan ay kinakailangan para sa mga pakikipanayam sa lahat ng kinakapanayam.

11. Saklaw ng Mga Prinsipyo ang panahon na sumasaklaw mula sa unang pakikipag-ugnay ng mga pampublikong awtoridad sa isang potensyal na kinakapanayam hanggang sa pagtatapos ng lahat ng kanilang mga panayam; kasabay nito, nagpapatuloy ang mabisang pagpapatupad ng mga kaukulang pananggalang, na hindi bababa, hanggang sa pagtatapos ng lahat ng may kaugnayan sa ligal na paglilitis.

12. Ang katayuang ligal at obligasyon ng isang kinakapanayam, at ang mga proteksyon na may kaugnayan sa kanilang pagtatanong ay maaaring mag-iba depende sa kung ang kinakapanayam ay inuri bilang isang suspek o akusadong tao sa isang kriminal na bagay, o isang biktima, saksi, o iba pang mga pinanghihinalaang tao, halimbawa sa konteksto ng militar o intelihensiya. Ang ilang mga pagkakaiba-iba sa likas na katangian o kakayahang magamit ng naturang mga pananggalang, o anumang iba pang mga konsiderasyon na nauugnay sa isang tukoy na kategorya ng kinakapanayam, ay nakapahiwatig sa lahat mga Prinsipyo.

13. Sa mga sitwasyon ng armadong hidwaan, kapag nagtatanong ng mga tao para sa mga layunin maliban sa hustisyang kriminal (tulad ng sa mga tagpo na taktikal o estratehiko ng mga opisyal ng militar at intelihensiya), ang pagkakagamit ng ilang mga ligal na proteksyon ay maaaring magkakaiba, alinsunod sa mga nauugnay na probisyon ng pandaigdigang makataong batas, batas sa karapatang pantao at batas pambansa. Gayunpaman, ang pagsasagawa ng mga panayam ay dapat palaging ginagabayan ng Mga Prinsipyong ito.

14. Ang Mga Prinsipyo ay nabuo na may pagkilala na ang bawat Estado, hurisdiksyon at organisasyon ay magkakaiba at may iba't ibang batas, mga patakaran at pamamaraan. Ang iba't ibang mga pamamaraan at taktika ay maaaring naaangkop na may kaugnayan sa mga suspek, mga biktima, saksi at iba pang mga pinanghihinalaang tao at maaaring mag-iba depende sa likas na katangian at konteksto ng isang pakikipanayam. Para sa kadahilanang ito, itinakda ng Mga Prinsipyo ang isang pangkalahatang pamamaraan para sa pagsasagawa ng mabisang pakikipanayam at hindi magsulong ng anumang tukoy na modelo. Sa kabila ng pagkakaiba-iba sa tagpo, uri at layunin ng pakikipanayam, gayunpaman, ang Mga Prinsipyo ay nagagamit sa bawat pakikipanayam, at nakabatay sa mga pundasyon ng agham, batas at etika na nauugnay sa bawat tagpo.

## Mga Manunuod at Tagapakinig: Para Kanino Tinatalakay ang Mga Prinsipyo?

15. Ang Mga Prinsipyo ay pangunahing nakatuon sa mga gumagawa ng patakaran at mga awtoridad na namamahala sa pagdidisenyo, pagpapatibay at pagpapatupad ng mga patakaran sa pakikipanayam at kaugnay na mga proseso ng hustisya. Kasama rito ang mga awtoridad ng ehekutibo, mambabatas, direktor ng mga ahensya ng nagpapatupad ng batas, akademya sa pagsasanay, mga lupon ng disiplina o anumang iba pang mga awtoridad na kasama sa pag-unlad at pagpapatupad ng mga batas, patakaran, balangkas o kasanayan na nauugnay sa pakikipanayam ng mga tao.

16. Ang mga Prinsipyo ay mahalaga din sa mga propesyonal at awtoridad sa pakikipanayam na kasali sa pagsasagawa ng mga panayam, kabilang ang mga nagpapatupad ng batas, mga tagausig o mga ahensya na nangangalap ng intelihensiya, hindi alintana ang kanilang pagtatalaga sa anumang naibigay na hurisdiksyon.[4]

17. Ang iba pang mga awtoridad na nakikipag-ugnay sa mga tao sa buong proseso ng pakikipanayam, halimbawa ang mga ligal na propesyonal, kabilang ang mga hukom, taga-usig at abugado sa pagtatanggol, ay makikita din na ang Mga Prinsipyong ito ay naaangkop na gamitin. Bukod dito, maaari din na magamit ng mga lupon ng pangangasiwa, miyembro ng lipunang sibil, tagapagtaguyod ng karapatang pantao, at mga iba pa na sumusuri sa mga sitwasyong pinag-uusapan dito.

18. Dapat gawin ng mga Estado ang lahat ng naaangkop na mga hakbang upang maisama ang mga Prinsipyong ito sa batas sa bansa, mga regulasyon, pagsasanay, pamamaraan at kasanayan. Ang kanilang gamit sa mga nagpapatupad ng batas, mga ligal na propesyonal, at iba pang kaukulang awtoridad ay dapat na maisulong, sa isang layunin upang matiyak hindi lamang ang pinakamalaking posibleng proteksyon para sa lahat ng mga taong kinukwestyon, ngunit upang makamit ang pinaka-tumpak at maaasahang impormasyon sa panahon ng pakikipanayam.

19. Ang Mga Partido ng Estado sa mga kaukulang pandaigdigang kasunduan ay maaaring may tiyak na mga obligasyon na maaaring lagpasan ang patnubay na itinakda sa kasalukuyang Mga Prinsipyo. Gayundin, ang lahat ng Estado ay nakasalalay sa mga pamantayan ng mga ebidensya ng malawakang kasanayan na tanggap bilang batas o customary international law, pati na rin sa pamamagitan ng mga hindi mapapasubalian na pamantayan o peremptory norms ng pandaigdigang batas. Wala sa Mga Prinsipyo ang dapat bigyang-kahulugan sa paraang pagaanin o mapawalang sala ang anumang Estado mula sa ganap na pagsunod kasama ang mga obligasyon nito sa ilalim ng naaangkop na pandaigdigang batas.

---

4. Kasama rito ang mga hurisdiksyon na gumagamit ng magkakaibang terminolohiya upang ilarawan ang walang kinikilingan na proseso ng pakikipanayam sa panahon ng mga imbestigasyong kriminal o pangangalap ng intelihensiya. Samakatuwid ito ay mahalaga sa mga propesyonal na gumagamit ng 'interogasyon' bilang isang hindi sapilitan na pamamaraan upang makalikom ng tumpak at maaasahang impormasyon. Tingnan ang A / 71/298, fn. 1 (talababa 3).

# Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam para sa Mga Imbestigasyon at Pangangalap ng Impormasyon

## Prinsipyo 1 – Sa Mga Pundasyon

Ang mabisang pakikipanayam ay itinuturo ng agham, batas at etika.

## Prinsipyo 2 – Sa Pagsasagawa

Ang mabisang pakikipanayam ay isang komprehensibong proseso para sa pangangalap ng tumpak at maaasahang impormasyon habang nagpapatupad ng nauugnay na mga ligal na pananggalang.

## Prinsipyo 3 – Sa Pagiging Bulnerable

Ang mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng pagkilala at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga kinakapanayam sa mga sitwasyon ng pagiging bulnerable.

## Prinsipyo 4 – Sa Pagsasanay

Ang mabisang pakikipanayam ay isang propesyonal na gawain na nangangailangan ng tiyak na pagsasanay.

## Prinsipyo 5 – Sa Pananagutan

Ang mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng mga malinaw at mananagot na mga institusyon.

## Prinsipyo 6 – Sa Pagpapatupad

Ang pagpapatupad ng mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng matatag na mga pambansang hakbang.

# Prinsipyo 1 ▸

## Sa Mga Pundasyon

**Ang mabisang pakikipanayam ay itinuturo ng agham, batas at etika.**



20. Ang mga natuklasan mula sa empirikal na siyentipikong pag-aaral, pandaigdigang mga ligal na pamantayan, at mga tungkulin na propesyonal na nakabatay sa halaga ang bumubuo ng mga pundasyon ng mabisang pakikipanayam. Kapag isinama sa pagsasagawa, ang mga elementong ito ng pundasyon ay nagbibigay-daan sa mga tagapanayam na mangalap ng tumpak at maaasahang impormasyon habang pinapatakbo ang mga karapatang pantao.

### Mga Siyentipikong Pundasyon

*Pananaliksik sa hindi mabisang pagsasagawa*

21. Ang kamakailang pananaliksik na isinagawa ng mga propesyonal at praktisyoner mula sa isang malawak na hanay ng mga disiplina- kabilang ang sikolohiya, kriminolohiya, sosyolohiya, neurosensya, at medisina- ay nagbibigay ng makabuluhang katibayan na ang aplikasyon ng pamimilit ay maaaring kapwa sa simula, dagdagan ang paglaban sa bahagi ng kinakapanayam at, kung patuloy na gagamitin, humantong sa pagbibigay ng maling impormasyon o isang maling pag-amin.[5] Ang mga makasaysayang pagtatasa at pag-aaral ng kaso ay nagpakita na ang paggamit ng pamimilit ay maaaring maging mali sa pamamagitan ng paghadlang sa koleksyon ng makatotohanang impormasyon. Bukod dito, ipinakita ng mga pag-aaral sa neurosiyensya na ang mapilit na mga pamamaraan ay makahadlang sa at maaaring makapinsala sa kapasidad na makuha ang memorya ng utak.[6]

5. G.H. Gudjonsson, *The Psychology of False Confessions: Forty Years of Science and Practice* (Hoboken, NJ, John Wiley & Sons, 2018); A. Vrij, C.A. Meissner, S.M. Kassin, A. Morgan III, R.P. Fisher, & S.M. Kleinman, "Psychological perspectives on interrogation", *Perspectives on Psychological Science*, vol. 12, No. 6 (Setyembre 2017); S. O'Mara, *Why Torture Doesn't Work: The Neuroscience of Interrogation* (Cambridge, Harvard University Press, 2015); S.M. Kassin, S.A. Drizin, T. Grisso, G.H. Gudjonsson, R.A. Leo, & A.D. Redlich, "Police-induced confessions: risk factors and recommendations" *Law & Human Behavior*, vol. 34, No. 1 (Pebrero 2010).

6. *Tignan, e.g.*, O'Mara, *Why Torture Doesn't Work* (talababa 5); C.A. Morgan III, S. Southwick, G. Steffian, G.A. Hazlett, & E.F. Loftus, "Misinformation can influence memory for recently experienced, highly stressful events", *International Journal of Law and Psychiatry*, vol. 36, No. 1 (Enero/Pebrero 2013); K. Young, W. Drevets, J. Schulkin, K. Erickson "Dose-dependent effects of hydrocortisone infusion on autobiographical memory recall", *Behavioural Neuroscience*, vol. 125, No. 5 (Oktubre 2011).

22. Napatunayan ng pananaliksik na ang hindi mapagkakatiwalaan na impormasyon at mga maling pag-amin na nagmula sa mapang-abuso na kasanayan ay ang madalas at mahuhulaan na kalalabasan ng hindi magandang pamamaraan sa pakikipanayam.[7] Humantong ito sa mga maling paghatol at may depekto na intelihensiya sa buong mundo, sa gayon ay pinapahina ang mga layunin at pagiging mabisa ng pagpapatupad ng batas at pangangalap ng intelihensiya.[8]

23. Ipinapakita ng siyentipikong ebidensiya na ang paggamit ng mapilit na mga pamamaraan ng pakikipanayam ay mas malamang na bawasan ang likas na inklinasyon ng kinakapanayam na makipagtulungan sa panahon ng isang panayam at maaaring lumikha ng pagtutol sa bahagi ng kinakapanayam, kahit na maaaring napili nilang sagutin ang mga katanungan.[9] Sa mga kaso kung saan ang mga kinakapanayam na nahaharap sa pangmamaltrato ay sumunod sa mga hinihiling ng kanilang tagapanayam, ang impormasyong ibinigay ay kahinahinalang mapagkakatiwalaan, tulad ng maling o nakalilinlang na impormasyon ay madalas na ibinibigay upang pakalmahin ang loob ng tagapanayam at maiwasan o mahinto ang banta ng pang-aabuso.[10]

24. Ang mga sikolohikal na pamamaraan na may pamimilit sa pagtatanong, tulad ng pagmamanipula ng pang-unawa sa kasalanan ng isang kinakapanayam (hal. sa pamamagitan ng paglalahad ng maling ebidensya), o ng kanilang pananaw sa mga kahihinatnan na nauugnay sa isang pag-amin (hal. pagbabawas o pagpapalaki ng mga kahihinatnan na nauugnay sa paghatol sa hinihinalang krimen, nagpapahiwatig ng kaluwagan, o pag-aalok ng mga katarungang moral) ay ipinapakita na nagbubunga ng maling impormasyon at pagdagdag sa pagtaas ng mga maling pag-amin.[11] Ang banta o pagsasagawa ng pisikal na pinsala sa isang kinakapanayam ay nagdudulot ng tumataas na estado ng pagkabahala o stress, na pinipinsala ang pagsasaalaala at humantong din sa pinababang pag-alaala ng tumpak o maaasahang impormasyon.[12]

---

7. *Tignan* S.A. Drizin, & R.A. Leo, "The problem of false confessions in the post-DNA world", *North Carolina Law Review*, vol. 82 (2004); A.D. Redlich, & C.A. Meissner, "Techniques and controversies in the interrogation of suspects" in *Psychological Science in the Courtroom*, J.L. Skeem, K.S. Douglas & S.O. Lilienfeld, eds. (New York, NY, Guilford Press, 2009). *See also* J.W. Schiemann, *Does Torture Work?* (Oxford, Oxford University Press, 2016).

8. *Tignan, e.g.*, D. Starr, "The confession", *Science,* (2019); B.L. Cutler, K.A. Findley & T.E. Moore, "Interrogations and false confessions: a psychological perspective" *Canadian Criminal Law Review*, vol. 18, No. 2 (Hunyo 2014); G. Lassiter & C.A. Meissner, eds., *Police Interrogations and False Confessions: Current Research, Practice, and Policy Recommendations*, (American Psychological Association, Washington DC, 2010).

9. Vrij et al. "Psychological perspectives on interrogation" (talababa 5); S.C. Houck & L.G. Conway, "Ethically investigating torture efficacy: a new methodology to test the influence of physical pain on decision-making processes in experimental interrogation scenarios", *Journal of Applied Security Research*, vol. 10, No. 4 (2015); M.A. Costanzo, & E. Gerrity, "The effects and effectiveness of using torture as an interrogation device: using research to inform the policy debate", *Social Issues and Policy Review*, vol. 3, No. 1 (Disyembre 2009).

10. A.D. Biderman, "Social-psychological needs and 'involuntary' behavior as illustrated by compliance in interrogation", *Sociometry*, vol. 23, No. 2 (June 1960); D. Rejali, *Torture and Democracy* (Princeton, NJ, Princeton University Press, 2007); A. McCoy, *A Question of Torture: CIA Interrogation from the Cold War to the War on Terror* (New York, Metropolitan Books, 2007).

11. C.A. Meissner, A.D. Redlich, S.W. Michael, J.R. Evans, C.R. Camilletti, S. Bhatt, & S. Brandon, "Accusatorial and information-gathering interrogation methods and their effects on true and false confessions: a meta-analytic review", *Journal of Experimental Criminology*, vol. 10, No. 4 (2014); Kassin et al. "Police-induced confessions" (talababa 5).

12. R.S. Stawski, M.J. Sliwinski, & J.M. Smyth, "The effects of an acute psychosocial stressor on episodic memory", *European Journal of Cognitive Psychology*, vol. 21, No. 6 (2009).

25. Ang mga katanungan na pinapangunahan o pinapahiwatig ang sagot ay naipapakita na maaaring marumihan ang memorya ng kinakapanayam at masira ang mga impormasyon na ibinibigay nila.[13] Sa kaso ng mga suspek, ang nasabing mga mapagpahiwatig at nagmamanipula na pamamaraan ay binabawasan ang pagiging maaasahan ng impormasyon, habang pinapataas din ang posibilidad ng maling mga pag-amin at maling paghatol.[14]

26. Kapag ang mga tagapanayam ay nagsagawa ng isang pakikipanayam na may hangaring makakuha ng pag-amin, sila ay mas malamang na maimpluwensyahan ng 'may pagkiling na kumpirmasyon' at hangarin na mabigyang kahulugan ang impormasyong nagkukumpirma sa kanilang paniniwala sa pagkakasala. Maaari din nitong hindi sinasadyang masira o madumihan ang interpretasyon ng tagapanayam sa pisikal na katibayan o ang pagtatasa o pagsusuri ng iba pang data o impormasyon. Sa pagsasagawa, nangangahulugan ito na mas malamang na gumamit sila ng mga katanungan na pinapangunahan o pinapahiwatig ang sagot sa panahon ng pakikipanayam, pati na rin ang mapilit, manipulatibong, at puno ng panggigipit na taktika, upang kumpirmahin ang kanilang mga haka-haka o mga dati nang paniniwala tungkol sa pagkakasangkot o pagkakasala ng kinakapanayam.[15] Ang nasabing wala sa panahon na mga hula ng pagkakasala ay napatunayan na humahantong sa maling paghatol, maling desisyon at kawalan ng parusa para sa tunay na nagkasala.[16]

27. Ang ilang mga indibidwal ay partikular na bulnerable sa katanungan na nagpapahiwatig ng sagot. Ang mga personal na katangian ng isang kinakapanayam tulad ng edad, psychosocial o mga kapansanang intelektwal ay maaaring dagdagan ang panganib ng hindi maaasahang impormasyon o maling pag-amin na ginagawa silang mas madaling impluwensiyahan at apektado ng mga katanungan na may panggigipit, panlilinlang at daya.[17] Ang mga arkibal na pag-aaral ng mga maling pag-amin o archival analyses of false confessions ay paulit-ulit na ipinakita na ang mga kabataan at mga kinakapanayam na may mga kapansanan sa psychosocial o intelektwal ay laganap sa mga maling umaamin.[18]

28. Kadalasan ay mali na ipinapahayag na posible na tumpak na matukoy kung ang isang tao ay nagsisinungaling batay mga di-berbal na pag-uugali.[19] Sinasabi ng ilan na ang pagsasanay ay nagbibigay-daan sa mga tagapanayam na makilala kung ang mga kinakapanayam ay

13. E.F. Loftus, "Intelligence gathering post-9/11", *American Psychologist,* vol. 66, No. 6 (2011).

14. B.L. Garrett, "Contaminated confessions revisited", *Virginia Law Review*, vol. 101, No. 2. (Abril 2015); R.A. Leo, "Why interrogation contamination occurs", *Ohio State Journal of Criminal Law*, vol. 11, No. 1 (2013).

15. C.A. Meissner, & S.M. Kassin, "You're guilty, so just confess!": cognitive and behavioral confirmation biases in the interrogation room" in *Interrogations, Confessions, and Entrapment*, G.D. Lassiter, ed. (Kluwer Academic/Plenum Publishers, 2004).

16. F.M. Narchet, C.A. Meissner, & M.B. Russano, "Modeling the influence of investigator bias on the elicitation of true and false confessions", *Law & Human Behavior*, vol. 35, No. 6 (December 2011); A.A.S. Zuckerman, "Miscarriage of justice – a root treatment" *Criminal Law Review*, 323 (May 1992); K.A. Findley, M.S. Scott, "The multiple dimensions of tunnel vision in criminal cases", *Wisconsin Law Review*, vol. 2 (Hunyo 2006).

17. A. Vrij, *Detecting Lies and Deceit: Pitfalls and Opportunities*, 2nd ed. (West Sussex, England, John Wiley & Sons, 2011); Vrij et al. "Psychological perspectives on interrogation" (talababa 5); Gudjonsson, *The Psychology of False Confessions* (talababa 5).

18. Drizin & Leo, "The problem of false confessions" (talababa 7). S.R. Gross, K. Jacoby, D.J. Matheson, N. Montgomery, & S. Patil, "Exonerations in the United States 1989 through 2003", *Journal of Criminal Law & Criminology,* vol. 95, No. 2 (2005).

19. *Tignan, e.g.*, F. Inbau, J. Reid, J. Buckley, & B. Jayne, *Criminal Interrogation and Confessions*, 5th ed. (Burlington, Mass., Jones & Bartlett Publishers, 2011).

nagsasabi ng totoo o hindi batay sa emosyonal na mga tugon ng isang kinakapanayam, kilos ng katawan o pisyolohikal na mga tugon. Ang mga ito ay hindi maaasahan na mga tagapagpahiwatig ng panlilinlang.[20] Bilang karagdagan, maraming mga siyentipikong pag-aaral ang nagpasiya na ang mga teknolohiya ng 'pagtuklas ng kasinungalingan' o 'lie detection' ay hindi tumpak na nakakatukoy ng mga kasinungalingan,[21] at kung ginamit, ay maaaring humantong sa mga maling paghatol at kabiguan ng hustisya.[22]

### *Pananaliksik sa mabisang pagsasagawa*

29. Ang matatag na pagsasaliksik ay sumusuporta sa bisa ng isang pangangalap ng impormasyon na pamamaraan sa pakikipanayam. Ang mga nakabatay sa magandang ugnayan, mga di-pamimilit na pamamaraan ay naghahain ng isang mabisang hanay ng mga pamamaraan na maaaring matagumpay na magamit ng mga may kasanayang mga propesyonal upang mangalap ng impormasyong kriminal at intelihensya mula sa mga kinapanayam- kabilang ang mga kriminal na suspek, biktima, saksi, at mapagkukunan ng intelihensiya.

30. Ang pagtataguyod at pagpapanatili ng magandang ugnayan ay isang kakayahang umangkop na tumutulong na lumikha ng isang gumaganang ugnayan sa pagitan ng mga tao at nagbibigay-daan sa mas mahusay na komunikasyon.[23] Nakakamit ito ng tagapanayam na nagtataguyod ng isang koneksyon sa kinakapanayam batay sa tiwala at respeto sa dignidad ng tao.[24] Ito ay nangangailangan ng pagpapakita ng tunay na empatiya o pakikiramay[25] gayundin ang pagtitiyak sa kanila na makakatanggap sila ng patas na pagtrato.

31. Ang mga pamamara batay sa magandang ugnayan ay nagbibigay sa kinakapanayam ng awtonomiya sa kanilang ginagawa o hindi sinabi at pinapadali ang isang positibong

---

20. P.A. Granhag, A. Vrij, & B. Verschuere, eds., *Deception Detection: New Challenges and Cognitive Approaches* (Chichester, UK, John Wiley & Sons, 2015).

21. J. Synnott, D. Dietzel, & M. Ioannou, M. "A review of the polygraph: history, methodology and current status", *Crime Psychology Review*, vol. 1, No. 1 (2015); E. Rusconi & T. Mitchener-Nissen "Prospects of functional magnetic resonance imaging as lie detector", *Frontiers in Human Neuroscience*, vol. 7, No. 594 (Setyembre 2013); National Research Council, *The Polygraph and Lie Detection* (Washington, DC, The National Academies Press, 2003).

22. D. Church, "Neuroscience in the courtroom: an international concern", *William and Mary Law Review*, vol. 53, No. 5 (2012); J.H. Marks, "Interrogational neuroimaging in counterterrorism: a 'no-brainer' or a human rights hazard?" *American Journal of Law & Medicine*, vol. 33, No. 2-3 (2007).

23. F. Gabbert, L. Hope, K. Luther, G. Wright, M. Ng, & G.E. Oxburgh, "Exploring the use of rapport in professional information-gathering contexts by systematically mapping the evidence base", *Applied Cognitive Psychology* (Nobyembre 2020); A. Abbe, & S.E. Brandon, "The role of rapport in investigative interviewing: a review" *Journal of Investigative Psychology and Offender Profiling*, vol. 10, No. 3 (2013).

24. L. Brimbal, S.M. Kleinman, S. Oleszkiewicz, & C.A. Meissner, "Developing rapport and trust in the interrogative context: An empirically-supported and ethical alternative to customary interrogation practices" in *Interrogation and Torture: Integrating Efficacy with Law and Morality*, S.J. Barela, M. Fallon, G. Gaggioli, J.D. Ohlin, eds. (Oxford, Oxford University Press, 2020).

25. Ang empatiya ay isang multi-dimensyonal na pangyayari na binubuo ng parehong mga proseso ng nagbibigay-malay at pang-emosyonal (o nakakaapekto) na mga kakayahan. Ito ay tungkol sa pagkakaroon ng kakayahang maunawaan ang pananaw ng kinakapanayam at upang mapahalagahan ang damdamin at pagkabalisa ng kinakapanayam. Sa kabuuan, ito ay isang pre-conscious na pangyayari at maaaring sinasadya na simulan o magambala. *Tignan, e.g.,* G.E. Oxburgh, & J. Ost, "The use and efficacy of empathy in police interviews with suspects of sexual offences" *Special Edition of the Journal of Investigative Psychology and Offender Profiling,* vol. 8, No. 2 (Hunyo 2011); B. Baker-Eck , R. Bull, & D. Walsh, "Investigative empathy: a strength scale of empathy based on European police perspectives", *Psychiatry, Psychology and Law*, vol. 27, No. 3 (2020).

pakikipag-ugnayan sa pagitan ng tagapanayam at kinakapanayam,[26] sa gayon dumarami o nadaragdagan ang posibilidad na mangolekta ng tumpak na impormasyon.[27]

32. Ang mga paraan upang mapadali ang magandang ugnayan ng tagapanayam ay kasama ang paggamit ng mga pag-uugali tulad ng pagtaguyod ng karaniwang batayan o common ground- nang walang maling pagpapanggap - na may paggalang sa kapwa interes, pagkakakilanlan, o pag-uugali, at paggamit ng mga aktibong kasanayan sa pakikinig.[28]

33. Ang mga natuklasan mula sa malaking katawan ng pagsasaliksik kung paano nakaka-encode, nag-iimbak at kumukuha ng impormasyon ang memorya ng tao, ay humantong sa mga pamamaraan ng pakikipanayam na mabisa sa parehong pagtataguyod ng detalyado, tumpak na pag-uulat ng mga kinakapanayam at pinapaliit ang mga epekto ng mga kadahilanan na maaaring maka-impluwensya sa kanilang mga impormasyon. Kasama rito ang paggamit ng mga pagtatanong na hindi masasagot ng oo o hindi o open-ended at hindi nagpapahiwatig,[29] at pinapayagan ang isang tao na malayang maalala ang kaganapan o impormasyon mula sa kanilang sariling memorya nang walang pagkaantala ng tagapanayam.[30]

34. Ang pagtatanong na estratehikong nakaplano ay itinutuon ang pakikipanayam sa mga pangunahing bagay na isinasaalang-alang. Ang pamamaraang ito ay pinapayagan ang tagapanayam na matukoy kung ang ibinigay na impormasyon ay umaayon sa impormasyong dating nakolekta.[31]

35. Bilang pangunahin, ang malawak na pagsasaliksik ay nagpapakita na ang batay sa magandang ugnayan, di-pinilit na pakikipanayam ay:

26. R. Bull, & A. Rachlew, "Investigative interviewing: from England to Norway and beyond", in *Interrogation and Torture*, Barela et al., eds. (talababa 24); L.J. Alison, E. Alison, G. Noone, S. Elntib, & P. Christiansen, "Why tough tactics fail and rapport gets results: Observing Rapport-Based Interpersonal Techniques (ORBIT) to generate useful information from terrorists", *Psychology, Public Policy, and Law*, vol. 19, No. 4 (2013).

27. C.E. Kelly, J.C. Miller, & A.D. Redlich, "The dynamic nature of interrogation", *Law and Human Behavior*, vol. 40, No. 3 (Hunyo 2016); J.M. Kieckhaefer, J.P. Vallano, & N. Schreiber Compo, "Examining the positive effects of rapport building: when and why does rapport building benefit adult eyewitness memory?" *Memory*, vol. 22, No. 8 (2014); U. Holmberg, & K. Madsen, "Rapport operationalized as a humanitarian interview in investigative interview settings" *Psychiatry, Psychology & Law*, vol. 21, No. 4 (2014).

28. C.J. Dando, & G.E. Oxburgh, "Empathy in the field: towards a taxonomy of empathic communication in information gathering interviews with suspected sex offenders", *European Journal of Psychology Applied to Legal Context*, vol. 8, No. 1 (Enero 2016); Alison et al., "Why tough tactics fail" (talababa 26).

29. D. Walsh, & R. Bull, "What really is effective in interviews with suspects? A study comparing interviewing skills against interviewing outcomes", *Legal and Criminological Psychology*, vol. 15 (2010); M.B. Powell, R.P. Fisher, & R. Wright, "Investigative interviewing", in *Psychology and law: An empirical perspective*, N. Brewer, D. Kipling, & D. Williams, eds. (New York, NY, Guilford Press, 2005).

30. R.P. Fisher, & R.E. Geiselman, *Memory enhancing techniques for investigative interviewing: The cognitive interview*. (Springfield, IL, Charles C Thomas, Publisher, 1992); R. Paulo, P. Albuquerque, F. Vitorino, & R. Bull, "Enhancing the cognitive interview with an alternative procedure to witness-compatible questioning: category clustering recall" *Psychology, Crime, & Law*, vol. 23, No. 10 (2017); A. Memon, C.A. Meissner & J. Fraser, "The cognitive interview: a meta-analytic review and study space analysis of the past 25 years", *Psychology, Public Policy, & Law*, vol. 16, No. 4 (2010).

31. G. Nahari, & A. Vrij, "The verifiability approach: advances, challenges and future prospects" in *Handbook of Legal and Investigative Psychology*, R. Bull & I. Blandón-Gitlin, eds. (New York, NY, Routledge, 2019); P.A. Granhag & M. Hartwig, "The strategic use of evidence technique" in Granhag, Vrij & Verschuere, eds., *Deception Detection* (talababa 20); S. Oleszkiewicz, & S.J. Watson, "A meta-analytic review of the timing for disclosing evidence when interviewing suspects", *Applied Cognitive Psychology*, vol. 35, No. 2 (2020).

a. Pinasisigla ang komunikasyon sa pagitan ng tagapanayam at ng kinakapanayam
b. Pinapadali ang pagkuha ng memorya
c. Nagdaragdag ng kawastuhan at pagiging maaasahan ng ibinigay na impormasyon
d. Nagbibigay-daan sa paggalugad ng katotohanan ng ibinigay na impormasyon
e. Nagdaragdag ng posibilidad ng mayaman sa impormasyon at tunay na mga pag-amin
f. Binabawasan ang panganib ng magtamo ng maling impormasyon o maling pag-amin.

## Mga Ligal na Pundasyon

36. Ang pangunahing mga pamantayang ligal na pinagbabatayan ng Mga Prinsipyo ay matatag na nakaangkla sa pandaigdigang batas na nakabatay sa walang limitasyon na mga pamantayan ng jus cogens (non-derogable jus cogens norms), malawakang kasanayan na tanggap bilang batas ng mga Estado o customary international law, mga obligasyon sa kasunduan, at pandaigdigang, panrehiyon, at pambansang batas. Ang mga pamantayang ito ay nagagamit sa lahat ng mga sistemang ligal at pinapayagang maging pambansang batas na isinasaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng mga ligal na pamamaraan.

37. Ang mabisang pakikipanayam ay batay sa pandaigdigang batas at pamantayan ng karapatang pantao.[32] Ang mga sumusunod na ligal na pamantayan ay mahalaga sa pagtiyak sa mabisang praktikal na pagpapatupad ng balangkas ng pakikipanayam na detalyado sa Mga Prinsipyong ito:

a. Kalayaan mula sa tortyur at iba pang pangmamaltrato (ang karapatan sa makataong pagtrato o humane treatment)
b. Kalayaan mula sa arbitraryong o di-makatwirang pag-aresto at pagkulong (ang karapatan sa kalayaan at seguridad)
c. Ang karapatan sa pagpapalagay na inosente (presumption of innocence)
d. Ang karapatang manatiling tahimik at ang karapatang laban sa sapilitang pagdarawit sa sarili (self-incrimination)
e. Ang karapatan sa isang patas na paglilitis
f. Ang karapatang malaya mula sa diskriminasyon.

38. Ang pagbabawal ng tortyur ay ganap, nagbubuklod sa lahat ng Estado, at nagagamit sa lahat ng mga sirkumstansya.[33] Ang mga pamimilit na pamamaraan ng pakikipanayam o iba pang mga aksyon na naglalayon na mapahiya, pukawin ang takot, makakuha ng impormasyon o pilitin ang mga pag-amin mula sa mga nakapanayam sa pamamagitan ng pagpipilit o pagbabanta- o kaya'y mapinsala ang kakayahan o desisyon ng isang kinakapanayam para sa paghuhusga - ay maaaring umabot sa tortyur o iba pang pangmamaltrato.[34]

32. Partikular ang Pangkalahatang Deklarasyon ng Karapatang Pantao (UDHR), Resolusyon ng Pangkalahatang Pagpupulong 217 A (III) ng 10 Disyembre 1948; the International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR), Resolusyon ng Pangkalahatang Pagpupulong 2200 A (XXI), ng 16 Disyembre 1966

33. Art. 7 ng ICCPR; art. 2 ng Kombensiyon ng Nagkakaisang Bansa laban sa Tortyur at iba pang Malupit, Hindi Makatao at Nakababawas ng dignidad na Pagtrato o Parusa (UNCAT); art. 3 karaniwan sa mga Kombensiyon ng Geneva ng 1949.

34. Art. 16 ng UNCAT; A/71/298, talata. 44 (talababa 3); *tignan, e.g.*, Hukuman ng Karapatang Pantao sa Europa (ECtHR), *Selmouni v. France*, No. 25803/94, Judgement, 28 Hulyo 1999, mga talata. 102-105.

39. Ang exclusionary rule o panunutunan ng pagbubukod, na mismong isang walang limitasyon na pamantayan ng malawakang kasanayan na tanggap bilang batas ng mga Estado o customary international law, ay likas sa pagbabawal ng tortyur at iba pang pangmamaltrato. Ang panuntunan ng pagbubukod o exclusionary rule ay nag-uutos na labag sa batas ang magbanggit ng anumang impormasyon o pahayag, kabilang ang isang pag-amin o pagtatapat ng pagkakasala, na nakuha bilang isang resulta ng tortyur o iba pang pangmamaltrato, sa anumang ligal na paglilitis (maliban sa mga taong inakusahan ng naturang pagmamaltrato, bilang katibayan na ang pahayag o impormasyon na pinag-uusapan ay ginawa o nakuha).[35]

40. Ang pandaigdigang batas ay naghahayag ng sumusunod, patuloy na nagbabago, tiyak na pamantayan na nauugnay sa pagtitiyak na ang mga tao ay hindi napapailalim sa tortyur o iba pang pagmamaltrato o sa iba pang ganap na ipinagbabawal na mga kasanayan, tulad ng sapilitang na pagkawala at ekstra-hudisyal na pagpaslang:

a. Ang paggamit ng puwersa sa panahon ng pag-aresto o pagkakahuli at kustodiya ay pinapayagan lamang kung mahigpit na kinakailangan at kung ang ibang paraan ay mananatiling hindi mabisa o walang anumang pangako ng pagkamit ng inilaan na resulta. Ito ay dapat na maging ayon sa batas, katimbang o proporsyonado, para sa isang lehitimong layunin at laging iginagalang ang karapatan sa buhay.[36]
b. Ang paggamit ng mga hindi nakamamatay na sandata ay dapat palaging maingat na masuri at makontrol. Ang mga armas ay hindi dapat gamitin, maliban kung mahigpit na kinakailangan para sa isang lehitimong layunin at kapag ang hindi gaanong matinding pamamaraan ay hindi sapat upang makamit ang mga hangaring ito.[37]
c. Ang paggamit ng korporal na parusa at mga aparato tulad ng mga kadena, bakal na kadena para sa binti, at sinturon na de kuryente o electric stun belt ay likas na masakit at/ o nakakababawas ng dignidad at ito ay laging ipinagbabawal.[38]
d. Ang mga instrumento at pamamaraan ng pagpigil ay maaari lamang magamit bilang isang huling kaparaanan; dapat sila ay batay sa isang indibidwal na pagtatasa ng panganib o individual risk assessment; Ang mga ito ay dapat na posibleng hindi gaanong mapanghimasok upang makamit ang lehitimong mga

35. Art. 15 ng UNCAT; Komite ng Karapatang Pantao, Pangkalahatang Komento Bilang 20, Artikulo 7, Pagbabawal ng tortyur o malupit, hindi makatao o nakakahiya na pagtrato o parusa, HRI/GEN/1/Rev.9 (Vol. I), 10 Marso 1992, talata. 12; A/HRC/25/60, Ulat ng Special Rapporteur sa Tortyur, 10 Abril 2014; *tignan din* CAT/C/GC/2, Komite laban sa Torture, Pangkalahatang Komento Bilang. 2, Pagpapatupad ng Artikulo 2 ng mga Partido ng Estado, 24 Enero 2008, talata 6; *tignan, e.g.*, CAT/C/30/D/219/2002, talata 6.10.

36. Art. 2 ng ICCPR; Pangunahing Mga Prinsipyo sa Paggamit ng Dahas at Armas ng Mga Opisyal ng Pagpapatupad ng Batas (Pangunahing Mga Prinsipyo), 1990; A/RES/34/169, Pamantayan ng Pagkilos para sa Mga Opisyal ng Pagpapatupad ng Batas, 17 Disyembre 1979; Panuntunan 82 ng A/RES/70/175, Pamantayan sa Minimum na Panuntunan ng Nagkakaisang Bansa para sa Pagtrato ng mga Bilanggo (Mga Panuntunan ni Nelson Mandela); A/HRC/RES/46/15, Resolusyon ng Konseho ng Karapatang Pantao, 23 Marso 2021, talata 14; *tignan din* E/CN.4/2004/56, Ulat ng Special Rapporteur sa Tortyur, 2003, talata 44.

37. Pangunahing Mga Prinsipyo, 1990; A/RES/34/169; A/HRC/46/15, talata. 12; *tignan din* CCPR/C/GC/36, Komite ng Karapatang Pantao, Pangkalahatang Komento Bilang. 36: Artikulo 6, karapatan sa buhay, 3 Setyembre 2019, talata 14.

38. Mga Panuntunan 43 at 47 ng mga Panuntunan ni Nelson Mandela; Panuntunan 67 ng A/RES/45/113, Mga Panuntunan ng Nagkakaisang Bansa para sa Proteksyon ng mga Kabataan na Pinagkaitan ng kanilang Kalayaan (Mga Panuntunan ng Havana), 14 Disyembre 1990.

layunin sa seguridad; ang kanilang paggamit ay dapat na kinokontrol ng batas at naitala - hindi sila dapat kailanman gamitin bilang parusa at matanggal kaagad dahil hindi na sila kinakailangan.[39]

e. Ang sistematikong pagtitipon at pagpapanatili ng napapanahong mga opisyal na rehistro at talaan ng lahat ng mga taong pinagkaitan ng kalayaan.[40]

f. Ang paggamit ng pagkakulong nang nag-iisa o solitary confinement ay dapat na mahigpit na kinokontrol ng batas. Dapat itong gamitin lamang sa mga pambihirang kaso bilang huling kaparaanan, para sa maikling panahon hangga't maaari, at alinsunod lamang sa pahintulot ng isang karampatang awtoridad. Ito ay hindi maaaring lumagpas sa 15 magkakasunod na araw at ipinagbabawal nang may paggalang sa mga taong may kapansanan sa psychosocial, mga bata, at mga buntis o nagpapasusong kababaihan.[41]

g. Ang mga parusa sa disiplina ay dapat na naaalinsunod sa dignidad ng tao, ayon sa batas at katimbang na inisyu alinsunod sa mga kinakailangan sa pamamaraan, at maayos na naitala.[42]

41. Ang karapatan sa personal na kalayaan at seguridad ay may pangunahing papel sa pagprotekta sa pisikal at mental na integridad ng lahat ng mga tao. Ang karapatan sa kalayaan ay nangangailangan na walang sinuman ang isailalim sa arbitraryong pag-aresto o pagkakakulong. Ang mga kasanayan tulad ng sapilitang pagkawala, lihim na pagkakakulong, at matagal na incommunicado na pagkakakulong ay arbitraryo at ganap na ipinagbabawal sa lahat ng oras sa ilalim ng pandaigdigang batas.[43]

42. Ang mga taong nakapanayam bilang mga suspek o inakusahan sa kriminal na paglilitis ay madalas na napapailalim sa pagkakait ng kalayaan. Dapat tiyakin ng mga awtoridad na ang mga nasabing tao ay patuloy na tratuhin na makatao at tinatamasa ang pagtrato at mga kundisyon ng pagkakakulong na iniatas ng mga pamantayan ng pandaigdigang batas, kabilang ang Pamantayan sa Pinakamababa na Panuntunan ng Nagkakaisang Bansa para sa Pagtrato ng mga Bilanggo (Mga Panuntunan ni Nelson Mandela) o United Nations Standard Minimum Rules for the Treatment of Prisoners (the Nelson Mandela Rules).[44]

---

39. Mga Panuntunan 47 at 48 ng Mga Panuntunan ni Nelson Mandela; A/RES/43/173, Kalipunan ng Mga Prinsipyo para sa Proteksyon ng Lahat ng Tao sa ilalim ng Anumang Uri ng Detensyon o Pagkabilanggo (Kalipunan ng Mga Prinsipyo), 9 Disyembre 1998.

40. Artikulo 17(3) ng Pandaigdigang Kombensiyon para sa Proteksyon ng Lahat ng Tao mula sa Sapilitang Pagkawala (Kombensiyon sa Sapilitang Pagkawala), 2007; A/HRC/RES/31/31, Resolusyon ng Konseho ng Karapatang Pantao, 24 Marso 2016, talata. 9.

41. Mga Panuntunan 37, 43, 44, 45 ng Mga Panuntunan ni Nelson Mandela; Konseho ng Karapatang Pantao, Pangkalahatang Komento Blg. 20, talata 6; A/66/268, Ulat ng Espesyal na Rapporteur sa Tortyur, 2011; Panuntunan 22 ng A/C.3/65/L.5, Mga Panuntunan ng Nagkakaisang Bansa para sa Pagtrato ng Mga Babae na Bilanggo at Mga Di-pangangalagang Panukala para sa Mga Babaeng Nagkasala (Mga Panuntunan ng Bangkok), 6 Oktubre 2010; Panuntunan 67 ng mga Panuntunan ng Havana.

42. Mga Panuntunan 36 at 37 ng Mga Panuntunan ni Nelson Mandela; Prinsipyo 30 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo.

43. Artikulo 9(1) ng ICCPR; art. 17 ng Kombensiyon sa Sapilitang Pagkawala; art. 37(b) ng Kombensiyon sa Mga Karapatan ng Bata (CRC), 20 Nobyembre 1989.

44. Mga Panuntunan ni Nelson Mandela; A/HRC/RES/46/15, talata. 6.

43. Ang anumang pagkakahuli, pag-aresto o pagkakait ng kalayaan ay dapat na ayon sa batas at isinagawa alinsunod sa mga batayan at pamamaraan na mahigpit na itinakda sa batas at naaayon sa pandaigdigang batas, tulad ng alinsunod sa isang utos ng hukuman o determinasyon ng probable cause. Ang anumang pagkakataon ng pag-aresto at pagkakait ng kalayaan ay dapat na kinakailangan, proporsyonado, at isang sukatan ng huling kaparaanan. Ang pagsasagawa ng isang pakikipanayam o pagpapatuloy ng isang imbestigasyon ay di-lamang bumubuo sa mga batayan na sapat at naaayon sa batas para sa pulisya o mga awtoridad sa panghukuman na alisin ang kalayaan ng isang tao.[45]

44. Ang anumang pagpapasya na arestuhin at ikulong ang isang tao ay dapat na batay sa isang pagtatasa ng mga partikular na kalagayan ng indibidwal at sa anumang makatuwiran at napatunayan na mga kadahilanan upang maniwala na ang tao ay nasa panganib ng pagtakas, sinisira ang ebidensya, iniimpluwensyahan ang mga saksi, o gumagawa ng mga bagong krimen. Dapat isaalang-alang ng mga kaukulang awtoridad kung ang anumang natukoy na mga panganib ay maaaring mapagaan sa pamamagitan ng paggamit ng mga di-pangangalagang alternatibo sa pagkakait ng kalayaan. Ang pagpapalaya ng isang suspek o isang akusadong tao ay maaaring napapailalim sa kinakailangan, proporsyonal at walang diskriminasyon na mga hakbang na naglalayong iwasan ang mga partikular na panganib na pinanghahawakan ng indibidwal, tulad ng mga garantiya na magpakita sa paglilitis o upang ipakilala ang kanilang sarili para sa mga panayam. Ang mga kundisyon sa paglaya, tulad ng piyansa, ay maaaring ipataw ngunit dapat ay ang pinakamaliit na paghihigpit na kinakailangan upang mapagaan ang tiyak na natukoy na mga panganib at dapat na walang diskriminasyon.[46]

45. Ang pagpapalagay na inosente ay nag-uutos na ang mga suspek o akusadong tao ay itinuturing na inosente o walang sala hanggang sa napatunayan na nagkasala sa harap ng korte ng batas. Nangangahulugan ito na ang pasanin ng pagpapatunay ng pagkakasala na lampas sa makatuwirang pag-aalinlangan ay nakasalalay sa mga awtoridad ng tagausig at dapat isulong na may apirmatibong ebidensya sa isang korte ng batas.[47] Sa pamamagitan ng pagkilos alinsunod sa ligal na prinsipyong ito sa kanilang pagsasagawa, dinagdagan din ng mga tagapanayam ang posibilidad na ang impormasyong kanilang natipon ay tumpak at maaasahan, at umabot sa ayon sa batas at naaaksyong ebidensya para magamit sa ligal na paglilitis.

46. Likas sa pagpapalagay na inosente ay ang karapatang manatiling tahimik at maprotektahan laban sa sapilitang pagdarawit sa sarili o self-incrimination. Ang karapatang ito ay ginagarantiyahan ang mga taong kinukwestyon ng mga awtoridad ng karapatang

---

45. Art. 9(1) ng ICCPR; art. 17 ng Kombensiyon sa Sapilitang Pagkawala.

46. A/RES/45/110, Pamantayan sa Minimum na Panuntunan ng Nagkakaisang Bansa para sa maga Hakbang sa Di-Pangangalaga (Mga Panuntunan ng Tokyo), 2 Abril 1991; *tignan din* patnubay 4 ng UNHCR Mga Patnubay sa Nalalapat na Kriteriya at Pamantayan na may kaugnayan sa Pagkulong sa Mga Naghahanap ng Asilo at Mga Alternatibo sa Pagkulong, 2012; mga pahina 17-24 ng UNODC Hanbuk tungkol sa Pangunahing Mga Prinsipyo at Puno ng Pag-asa na mga Kasanayan sa mga Alternatibo sa Pagkabilanggo, 2007.

47. Art. 14(3) ng ICCPR; CCPR/C/GC/32, Komite ng Karapatang Pantao Pangkalahatang Komento Blg. *32: Artikulo 14, Karapatan sa pagkakapantay-pantay sa harap ng mga korte at tribunal at sa isang patas na paglilitis, 23 Agosto* 2007, talata. 30.

tumanggi na magkomento o magbigay ng mga sagot, upang maiwasan ang sapilitang pagdarawit sa sarili o para sa anumang iba pang kadahilanan. Ang katahimikan ng isang suspek o akusado ay dapat na walang tindig sa isang pangwakas na pagpapasiya ng pagkakasala o kawalang-kasalanan sa isang korte at hindi dapat makaapekto sa kanilang karapatan sa pagpapalagay na inosente.[48]

47. Ang mga awtoridad ay dapat tiyakin na ang lahat ng nakapanayam ay tinatamasa ang kanilang mga karapatang pantao nang walang masamang pagkakaiba ng anumang uri at tinatrato ng walang diskriminasyon.[49] Ang mabisang pagpapatupad ng kalayaan mula sa diskriminasyon ay sinisiguro na ang lahat ng kinakapanayam ay pantay sa harap ng batas at trinato nang may paggalang at may angkop na konsiderasyon at tiyak na proteksyon sa anumang mga sitwasyon ng kahinaan na maaaring harapin nila.

48. Ang mga pangunahing ligal na prinsipyo na nakabalangkas sa seksyong ito ay nagbibigay din ng batayan para sa isang saklaw ng mga mahalagang ligal at pamaraan ng mga pananggalang laban sa maling pagtrato at iba pang mapang-abusong kasanayan. Ang mga pananggalang na ito ay bumubuo ng isang mahalagang bahagi ng komprehensibong proseso ng pakikipanayam; kapag mabisang naipatupad, nagtatrabaho sila upang maprotektahan ang mga karapatang pantao ng kinakapanayam[50] at upang magarantiya ang integridad ng impormasyong nakuha sa panahon ng mga panayam.

## Mga Pundasyon ng mga Etika ng Propesyonal

49. Ang mga mabisang tagapanayam ay dapat na sundin ang pinakamataas na pamantayan sa etika. Ang mga propesyonal na regulasyon para sa pagpapatupad ng batas at iba pang mga awtoridad sa pangangalap ng impormasyon, tulad ng mga kodigo ng etika o propesyonal na pagkilos, ay nagtatakda ng layunin, halaga at inaasahan ng naaangkop na pag-uugali.[51] Ang mga propesyonal na pamantayang ito ay dapat na pamahalaan ang lahat ng aspeto ng tungkulin ng isang opisyal, kabilang ang mga panayam, na naaayon sa mga pandaigdigang ligal na obligasyon.

50. Ang isang pangako sa pagsasagawa ng mga etikal na pakikipanayam ay dapat na gabayan ang sinumang tagapanayam. Hindi nila dapat isakripisyo ang prinsipyo para sa sariling kapakinabangan kahit na may matinding pamimilit na gawin ang iba (hal. dahil sa limitadong oras o mga kahilingan para sa mga resulta). Sa paggamit ng kapangyarihan

48. Art. 6(2) at 14(3) ng ICCPR14(3); Artikulo 55(2)(b) ng Batas sa Roma ng Pandaigdigang Korteng Pangkriminal, 17 Hulyo 1998; panuntunan 111 ng mga Panuntunan ni Nelson Mandela; mga prinsipyo 15 at 24 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo; *tignan din* ECtHR, *John Murray v United Kingdom*, No. 18731/91, Paghatol, 1996, talata 45.

49. Art. 2(1) ng ICCPR; Komite ng Karapatang Pantao, Pangkalahatang Komento Blg.18: Walang diskriminasyon, pinagtibay sa ika Tatlumput pitong Sesyon, 10 Nobyembre 1989.

50. A/HRC/RES/31/31; *tignan din* R. Carver & L. Handley, *Does Torture Prevention Work?* (Liverpool, UK, Liverpool University Press, 2016).

51. *Tignan, hal.*, A/RES/34/169; Pandaigdigang Asosasyon ng mga Hepe ng Pulisya (IACP), Kodigo ng Etika ng Pagpapatupad ng Batas, Oktubre 1957; Southern African Regional Police Chiefs Co-operation Organisation (SARPCCO), Resolusyon ng Harare sa SARPCCO Kodigo ng Pagkilos para sa mga Opisyal ng Pulisya, 31 Agosto 2001; Rec(2001)10, Ang Kodigo ng mga Etika ng Pulisya sa Europa, Konseho ng Europa, 19 Setyembre 2001.

kapag nagpapatuad ng batas, dapat na hangarin ng mga tagapanayam na makakuha ng isang matibay at maipagtatanggol na kinalabasan na makakapasa sa etikal, panghukuman at pampublikong masusing pagsisiyasat.

51. Ang mga kodigo ng etika ng mga propesyonal para sa mga opisyal sa pagpapatupad ng batas ay binibigyang diin ang kahalagahan ng respeto, pagiging patas at pagiging matapat bilang mga pundasyon para sa lahat ng mga panayam:

    a. Kasama sa paggalang ang paggalang sa batas, mga karapatan at dignidad ng tao, at ang integridad ng proseso ng pangangalap ng impormasyon. Kabilang rin dito ang paggalang sa indibidwal na awtonomiya, kabilang ang karapatan ng bawat kinakapanayam na pumili kung magsalita o hindi.
    b. Ang pagiging patas ay nangangahulugang ang mga tagapanayam ay tinatrato nang makatarungan ang mga kinakapanayam, nang walang paboritismo o diskriminasyon. Ang pagiging patas ay kumikilos nang may pagpipigil sa sarili at propesyonalismo sa lahat ng oras, kahit na sa harap ng paghahamon, at iniisantabi ang lahat ng personal na pananaw.
    c. Ang katapatan ay nangangahulugang taos-puso at totoong pakikitungo sa mga kinakapanayam. Ang mga tagapanayam ay hindi nagmamanipula o manlilinlang sa mga kinakapanayam ng mga kasinungalingan, maling paglalarawan, labis na pahayag, bahagyang mga katotohanan, o anumang iba pang paraan.

52. Sa lahat ng oras, inaasahan na ang mga opisyal na gamitin ang kapangyarihan ng Estado ng naaayon sa batas, pagiging patas at pagiging responsable. Ang anumang labag sa batas na gawain, na nagawa sa isang opisyal na kakayahan, ay isang pag-abuso sa kapangyarihan. Ang mga hindi etikal na gawain, tulad ng kasinungalingan at pagmamanipula, ay maaari ring maging isang pang-aabuso sa kapangyarihan.

53. Ang mga tagapanayam ay may etikal na tungkulin na gamitin ang pinaka mabisang pamamaraang magagamit upang protektahan ang mga karapatan at dignidad ng mga kinakapanayam pati na rin ang integridad ng proseso. Ang mga tagapanayam ay may kaukulang tungkulin na tanggihan ang mga mapilit na taktika, dahil pinipinsala nila ang mga kinakapanayam, pinapahina ang layunin ng pagkalap ng tumpak na impormasyon at maaaring maging mga paglabag sa karapatang pantao.

# Prinsipyo 2

## Sa Pagsasagawa

**Ang mabisang pakikipanayam ay isang komprehensibong proseso para sa pangangalap ng tumpak at maaasahang impormasyon habang nagpapatupad ng nauugnay na mga ligal na pananggalang.**



### Isang Komprehensibong Proseso

54. Ang mabisang pakikipanayam ay isang proseso, hindi isang solong kaganapan. Ito ay sumasaklaw sa ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga awtoridad na nag-iimbestiga at nangangalap ng impormasyon sa mga taong tatanungin. Nagsisimula ito sa sandaling ang isang indibidwal ay nakilala bilang isang tao na nais ng isang opisyal na kuhanan ng impormasyon, nagpapatuloy hanggang sa pagsasagawa ng mismong panayam at nagtatapos sa sandaling ang tagapanayam ay nagsagawa ng pagtatasa ng proseso at isang pagsusuri ng mga resulta. Ang pagtrato sa kinakapanayam sa buong proseso - bago, habang, at pagkatapos ng pagsasagawa ng anumang mga panayam - ay mahalaga sa integridad ng proseso.

55. Ang pakikipanayam ay isang kumplikadong umaangkop na proseso na kinabibilangan ng mga tao, pag-uugali ng tao at mga karapatang pantao. Ang proseso ay apektado ng mga kondisyon sa kapaligiran, at ang mga kalalabasan ay maaaring maimpluwensyahan ng mga aksyon ng tagapanayam at lahat ng mga awtoridad na kasangkot. Bilang resulta, ang tagapanayam ay nakatuon sa pangangalap ng impormasyon, sa halip na isang paghimok upang makabuo ng isang pag-amin, at nagpapanatili ng isang kakayahang umangkop o flexible sa halip na tuwiran o linear na pamamaraan upang matagumpay na tamuhin ang maaasahan at tumpak na mga impormasyon. Bukod dito, ang bawat panayam ay magkakaiba, kaya't kailangang gamitin ng mga tagapanayam ang kanilang pinakamahusay na propesyonal na panghuhusga sa pagpapasya kung paano magpatuloy sa anumang partikular na punto, ngunit laging naaayon sa Mga Prinsipyo na ito.

56. Ang mga panayam ay hindi umiiral nang mag-isa; ang mga ito ay bahagi ng isang mas malawak na imbestigasyon o pagsisikap sa pangangalap ng impormasyon. Ang isang pakikipanayam ay gagabayan ng mga layunin ng mas malaking operasyon at ng iba pang magagamit na katibayan o ebidensya. Ang impormasyong nakalap sa panahon

ng pakikipanayam ay maaaring gamitin upang ayusin ang mga layunin at balangkas ng mas malawak na imbestigasyon, at maaaring magbukas ng mga bagong linya ng mga pagtatanong. Ang impormasyong nakuha sa panahon ng mga panayam ay maaaring maging mahalaga, dahil ito ay karaniwang nagbibigay ng pundasyon para sa kasunod na mga desisyon, tulad ng kung mag-usig o hindi, at maaaring ipakita bilang mahalagang katibayan sa ligal o iba pang paglilitis.

57. Ang isang mabisang proseso ng pakikipanayam ay karaniwang kinabibilangan ng mga sumusunod:

a. Masusing paghahanda at pagpaplano
b. Tinitiyak na ang kaukulang mga pananggalang ay mailalapat
c. Pagpapanatiling bukas ang isip, kabilang ang pag-iwas sa pagtatangi o prejudice
d. Paglikha ng isang di-mapilit na kapaligiran
e. Ang pagtatag at pagpapanatili ng magandang ugnayan
f. Paggamit ng ayon sa batas at suportadong siyentipikong mga pamamaraan sa pagtatanong
g. Aktibong pakikinig at pahintulutan ang kinakapanayam na makapagsalita ng malaya at ganap
h. Pagtatasa at pagsusuri ng nakalap na impormasyon at ng proseso ng pakikipanayam.

## Tumpak at Maaasahang Impormasyon

58. Ang layunin ng lahat ng pakikipanayam ay upang makakuha ng tumpak at maaasahang impormasyon mula sa kinakapanayam; ito ay hindi kailanman upang kumpirmahin ang paniniwala ng tagapanayam tungkol sa maaaring nangyari, o upang pilitin ang kinakapanayam sa pagbibigay ng impormasyon. Ang tumpak at maaasahang impormasyon ay nagbibigay ng batayan para sa mahusay na pagpapasya ng mga awtoridad na nagsasagawa ng mga imbestigasyon at proseso ng pangangalap ng impormasyon.

59. Ang paghahanap ng tumpak na impormasyon sa isang pakikipanayam ay nangangahulugan na ang layunin ng mga tagapanayam ay makakuha ng isang paglalarawan ng mga kaganapan na malaya hangga't maaari mula sa pagkakamali o depekto. Ang memorya ay maaaring maging mahina, hindi perpekto, hindi kumpleto at maaaring mabilis na mapasama. Samakatuwid, ang mga tagapanayam ay dapat maghangad na magtipon at magtala ng isang ulat o account ng kung ano ang nangyari sa panahon ng isang kaganapan sa ilalim ng pagsusuri, na kung saan ito ay totoo at kumpleto hangga't maaari nang walang mga pagkukulang o pagbaluktot.

60. Ang paghahanap ng maaasahang impormasyon sa isang pakikipanayam ay nangangahulugang na ang impormasyon, kapag ibinigay nang walang sagabal o pamimilit, ay malamang na maaasahan at matatagalan ang masusing pagsisiyasat, halimbawa sa mga kasunod na ligal na paglilitis.

## Mga Ligal na Proteksiyon

61. Ang mga ligal at pamaraan na pananggalang na nakabatay sa pandaigdigang ligal na pamantayan ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pakikipanayam. Ang kanilang mabisang pagpapatupad bago, habang, at pagkatapos ng pakikipanayam ay nag-aambag sa tagumpay ng proseso, sa pamamagitan ng pagtiyak sa paggalang sa mga karapatang pantao at pagpapahusay ng pagiging maaasahan at ng ebidensyang halaga ng impormasyong nakuha. Dinagdagan ng mga ito ang posibilidad ng propesyonal at mabisang mga pakikipanayam at ang pagtalima ng patas na pagtrato sa buong proseso ng pangangalap ng impormasyon at prosesong panghukuman. Samakatuwid, ito ay para sa interes ng mga awtoridad, kabilang ang mga tagapanayam, upang matiyak na ang mga kinakapanayam ay tatratuhin nang may dignidad at naaangkop na paggalang sa mga kaukulang pamantayang ligal sapagkat gumagawa ito ng ligal na maayos na kinalabasan.

62. Ang mga awtoridad ay dapat tiyakin ang mabisang pagpapatupad ng mga sumusunod na pananggalang sa buong proseso ng pakikipanayam:[52]

a. Karapatan sa impormasyon tungkol sa mga karapatang pantao
b. Karapatang manahimik
c. Karapatan sa impormasyon tungkol sa mga dahilan ng pag-aresto at anumang singil sa oras ng pag-aresto
d. Pag-access sa interpretasyon
e. Karapatang ipagbigay-alam sa isang kamag-anak o pangatlong partido ang tungkol sa kanyang pagkulong
f. Karapatan ng pag-access sa isang abugado, kabilang ang sa pamamagitan ng ligal na tulong
g. Karapatang ng pag-access sa isang doktor at isang independiyenteng medikal na pagsusuri
h. Karapatan na makipag-ugnay sa labas ng kulungan
i. Pagpaparehistro ng mga tao na nakakulong
j. Buong pagtatala ng panayam
k. Karapatang suriin at pirmahan ang tala ng panayam
l. Karapatang dalhin kaagad sa isang hukom o ibang awtoridad sa panghukuman
m. Pag-access sa mabisa at independiyenteng mga mekanismo ng reklamo at pangangasiwa.

## Bago ang Panayam - Pagtiyak sa isang Hindi Mapilit na Kapaligiran

63. Ang paggalang at katuparan ng mga karapatang pantao mula sa unang sandali ng pakikipag-ugnay sa pagitan ng kinakapanayam at mga awtoridad ay mahalaga sa paglikha ng isang hindi mapilit na kapaligiran. Pinapayagan nito ang nagpapatupad ng batas,

52. A/HRC/RES/31/31; A/HRC/RES/46/15, mga talata. 4 at 5.

intelihensya, seguridad o mga opisyal ng militar na lumikha ng mga kondisyong kaaya-aya sa pangangalap ng tumpak at maaasahang impormasyon sa panahon ng pakikipanayam, upang matupad ang mga obligasyon ng Estado sa ilalim ng pandaigdigang batas at upang maprotektahan ang mga karapatan ng kinakapanayam.

64. Ang labag sa batas at hindi propesyonal na pag-uugali, at kawalan ng pananagutan, sa maagang yugto ng pakikipag-ugnay ay maaaring madungisan ang pangkalahatang proseso ng panghukuman at hindi na ito maisasaayos.

65. Ang mga estereotipo o Stereotypes at pagtatangi o prejudices ay maaaring makontamina ang isang pakikipanayam at papanghinain ang bukas na pag-iisip, na nakabatay sa magandang-ugnayan na pamamaraan na kinakailangan upang makuha ang tumpak na impormasyon mula sa mga panayam. Ang mga tagapanayam ay dapat na magsagawa ng mas mataas na kamalayan sa sarili upang maiwasan ang may kamalayan at walang kamalayan na paunang paghuhusga patungkol sa pagkakakilanlan ng kinakapanayam, mga katangian o pinagmulan na maaaring nakakaapekto sa kanilang pagtatanong at interpretasyon ng ibinigay na impormasyon.

66. Ang 'Impormal na pag-uusap'[53] na may panganib na maiwasan ang mga opisyal na panayam o naaangkop na mga pananggalang ay hindi dapat maganap. Kapag napagpasyahan na arestuhin, ang mga opisyal ay dapat magtanong lamang sa mga kakapanayamin sa hinaharap ng isang limitadong hanay ng mga katanungan sa labas ng opisyal na pakikipanayam tulad ng personal na impormasyon o data ng biograpiko na kinakailangan para sa mga layunin ng pagsasagawa ng pag-aresto at pangangasiwa ng mga pamamaraan sa pag-tanggap sa kustodiya.

67. Ang panganib ng labag sa batas at hindi makatao na pagtrato ay partikular na mataas sa pag-kakahuli o pag-aresto at bago dumating sa isang opisyal na kinikilalang lugar ng detensyon o kulungan. Kasama sa mga panganib na nauugnay sa panahong ito ang labis na paggamit ng puwersa, maling paggamit ng mga pagpigil, hindi inihanda't mapilit na pagtatanong, at matagal na pagkakakulong sa mga sasakyang pang-transportasyon - ang lahat na mga ito ay maaaring maging tortyur.[54]

68. Kapag ang isang desisyon ay nagawa na ilagay ang isang tao sa detensyon o kulungan, dapat tiyakin ng mga awtoridad na ang taong ito ay dadalhin nang walang antala sa isang opisyal na kinikilalang lugar ng detensyon. Anumang oras na ang isang bilanggo ay inililipat sa o mula sa isang lugar ng detensyon o kulungan (o iba pang lokasyon, tulad ng isang korte) para sa pakikipanayam, dapat silang dalhin sa isang makatao, walang panganib at ligtas na pamamaraan. Ang mga pamamaraan para sa ligtas na pagdala ng mga nakakulong ay dapat suportahan ng buo at wastong pag-iingat ng talaan, sa isang opisyal na rehistro na magbubukas ng talaan ng pangangalaga para sa bawat indibidwal at nagtatala ng mga detalye tulad ng oras ng pagkait ng kalayaan, ang mga

53. Ito ay tumutukoy sa anumang komunikasyon sa pagitan ng isang opisyal at isang suspek, saksi, biktima o ibang taong pinanghihinalaan sa labas ng isang opisyal na pakikipanayam.

54. *Tingnan ang* A / 72/178, Ulat ng Espesyal na Rapporteur sa Tortyur, 20 Hulyo 2017.

taong responsable para sa kanilang pangangalaga, ang kanilang kondisyon sa pagdating, at ang oras ng pagdating sa lugar ng detensyon o kulungan.[55]

69. Ang mga pagmamaltrato o hindi magagandang kondisyon sa panahon ng paunang panahong ito ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa imbestigasyon at anumang kasunod na pakikipanayam: ang mga kinakapanayam ay maaaring mag-atubiling makipag-usap at maaaring magdusa ng masamang epekto sa malay at pisikal na pumipinsala sa kanilang kakayahang ganap na maunawaan at magamit ang kanilang mga karapatan, pati na rin ang kanilang kakayahang magbigay ng tumpak at maaasahang impormasyon. Ang pagtiyak sa proteksyon ng karapatang pantao at dignidad ng kinakapanayam sa oras na ito, higit sa pagiging isang ligal na tungkulin ng mga opisyal, ay nag-aambag sa integridad ng lahat ng mga kasunod na pamamaraan.

70. Kapag ang isang tao ay nakakulong bago o sa pagitan ng mga sesyon ng pakikipanayam, dapat tiyakin ng mga awtoridad na sila ay mananatili sa mga kundisyon ng pagsunod sa karapatang-tao at tatratuhin nang may dignidad sa lahat ng oras. Kasama rito ang pagtugon sa kanilang pangunahing mga pangangailangan patungkol sa pagkain, tubig, temperatura, at sapat na pahinga.[56]

71. Ang mga panayam ay hindi dapat labis sa haba at isinasagawa sa isang kapaligiran na hindi nakakatakot at na naaayon sa karapatang-pantao[57] na may pagsasaalang-alang sa pagkapribado at kaligtasan. Ang pinakamainam na mga kondisyong pisikal para sa kinakapanayam, ay maaaring mapabuti ang konsentrasyon, magsulong ng mabuting ugnayan, mapahusay ang komunikasyon, at mapadali ang maaasahang pag-alaala.

### *Pagpapanatiling may kaalaman ang kinakapanayam*

72. Ang pagpapakita ng pagmamalasakit para sa kinakapanayam mula sa unang pakikipag-ugnayan ay ang unang pagkakataon para sa paglikha ng tiwala at magandang ugnayan. Mas malamang ito kung ang isang kinakapanayam ay maagang bibigyan, mga malinaw na paliwanag kung bakit sila dinala para sa pagtatanong, kung aling mga pormalidad ang nalalapat, at kung paano magpapatuloy ang panayam. Ang pagpapaliwanag ng mga pamamaraan at malamang na aktibidad ay isang maagang pagkakataon upang maipakita ang katapatan, magbigay ng kakayahang mahulaan, maging magalang at mapagmasid, at magtaguyod ng pagtitiwala.[58]

73. Kapag pinagkaitan ang isang tao ng kanilang kalayaan, ang mga awtoridad na nagkulong ay dapat na malinaw na ipaliwanag sa taong ito: ang aksyon na nagaganap (tulad ng pag-

55. Art. 17 ng Kombensiyon tungkol sa Sapilitang Pagkawala.

56. Art. 16 ng UNCAT; A/HRC/RES/46/15, talata. 6; *tignan din ang* CPT/Inf(2019)9, 28th Pangkalahatang Ulat ng CPT, Abril 2019, talata 80; Komisyon sa Africa para sa Tao at Karapatan ng mga grupo ng Tao, Ang mga Alituntunin sa Mga Kundisyon ng Pag-aresto, Kustodiya ng Pulisya at Pagkulong bago ang Paglilitis sa Africa( Mga Alituntunin ng Luanda), 28 Hulyo 2016, Panuntunan 4(e); Komisyon ng Inter-Amerikano sa Karapatang Pantao, ang Mga Prinsipyo at Pinakamahusay na Kasanayan/Gawi sa Proteksyon ng mga Tao na Napagkaitan ng Kalayaan sa mga Amerika, naaprubahan ng Komisyon sa panahon ng 131st regular na panahon ng mga sesyon, ginanap mula Marso 3-14 2008, prinsipyo XI.

57. A/HRC/RES/31/31, talata 12.

58. C.J. Place & J.R. Meloy, "Overcoming resistance in clinical and forensic interviews", *International Journal of Forensic Mental Health*, vol.17, No. 4 (2018).

aresto); ang ligal at makatotohanang mga batayan na nagpapatunay sa aksyon na iyon;[59] at malinaw na ipaalam sa kanila ang impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan.[60] Ang awtoridad na nagkulong ay dapat na gawin ang lahat ng kinakailangang hakbang upang matiyak, sa buong proseso, na naintindihan ng tao ang parehong mga kadahilanan at karapatan, kabilang ang kung paano ma-access at magamit nang husto ang kanilang mga karapatan.

74. Ang karapatang masabihan ng awtoridad na nagkulong tungkol sa mga kadahilanan ng pag-aresto ay nagagamit hindi alintana ang paraan, o ang pormalidad o impormalidad kung saan isinasagawa ang isang pag-aresto, at hindi alintana ang mga dahilan para sa pagkait ng kalayaan. Ang pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga dahilan ng pag-aresto at anumang singil ay isang pananggalang laban sa arbitraryong pag-aresto at nagbibigay-daan sa isang tao na hamunin ang legalidad ng kanilang pag-aresto at humingi na palayain kung naniniwala silang ang mga dahilan para sa pag-aresto ay walang batayan, hindi wasto, o kaya'y labag sa batas. Nagbibigay-daan din ito sa isang tao na hamunin at hangarin na baguhin ang kanilang mga kondisyon at pagtrato sa detensyon o kulungan.

75. Ang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng isang kinakapanayam at kung paano gamitin ang mga ito ay dapat na maiparating na pasalita, sa malinaw, hindi teknikal, at wastong wika kapag naaresto; at dapat din itong ibigay sa pamamagitan ng pagsulat ng awtoridad na nagkulong sa pagdating sa lugar ng detensyon o kulungan sa isang wika at pormat na nauunawaan nila. Ang nakasulat na papel o written form na nagtatakda ng kanilang mga karapatan ay dapat pirmahan ng naaresto at dapat silang payagan na magtago ng isang kopya.

76. Ang mga propesyonal at independiyenteng tagasalin ay dapat ibigay para sa lahat ng mga kinakapanayam na hindi nagsasalita o nakakaintindi ng wikang ginagamit ng mga awtoridad, kabilang ang mga taong may kapansanan sa pandama o sensory disabilities tulad ng paningin, pandinig, at iba pang mga kapansanan. Ang nasabing interpretasyon ay dapat na ibigay kaagad at sa buong proseso ng pakikipanayam, kapansin-pansin na kapag ipinaliwanag sa kanila ang mga karapatan ng mga naaresto at kapag sila ay pumili upang magamit ang kanilang mga karapatan na magkaroon ng isang abogado at isang doktor o medikal na propesyonal.[61]

### *Abiso ng Pamilya o Pangatlong partido*

77. Ang isang mahalagang pananggalang para sa mga nakakulong ay ang kanilang karapatan na agad na ipagbigay-alam sa isang miyembro ng pamilya, kaibigan, o ibang tao ng kanilang napili tungkol sa katotohanan, lugar at mga sirkumstansya ng kanilang

59. Art. 9(2) ng ICCPR; A/HRC/RES/31/31, talata. 6; A/HRC/46/15, talata. 4.

60. A/HRC/RES/31/31, talata 6; A/HRC/RES/46/15, talata 4; prisipyo 13 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo.

61. A/HRC/RES/31/31, talata 12(d); A/HRC/RES/46/15, talata. 4; panuntunan 55(2) ng mga Panuntunan ni Nelson Mandela; prinsipyo 14ng Kalipunan ng mga Prinsipyo; *tignan din* A/RES/67/187, Mga Prinsipyo at Patnubay ng Nagkakaisang Bansa o United Nations tungkol sa pag-access sa Ligal na Tulong sa Mga Sistema ng Hustisyang Kriminal (Mga Prinsipyo at Patnubay sa Ligal na Tulong) 20 Disyembre 2012, talata 42(d).

pagkakakulong.[62] Ang awtoridad na nagkulong ay responsable para sa pagpapagana ng komunikasyon sa ikatlong partido at pagtatala kung sino ang naabisuhan at kung kailan naganap ang abiso. Bilang karagdagan sa pagiging isang ligal na obligasyon, ang pagpapadali sa pakikipag-ugnay na ito sa labas ng kulungan ay isang pagkakataon din upang bumuo ng tiwala at magandang ugnayan sa isang bilanggo.

78. Maaari lamang maantala ng mga awtoridad ang abiso ng isang pangatlong tao sa isang hindi pangkaraniwang batayan, at kung ang pagkaantala ay inilaan ng batas at kinakailangan upang maiwasan ang panganib sa imbestigasyon (tulad ng upang maiwasan ang pagkasira ng ebidensya o ang pagtakas ng mga kasabwat). Ang mga dahilan para sa pagkaantala ay dapat na naitala sa isang detalyadong pamamaraan, maaaring ma-access ng abogado at ng taong pinagkaitan ng kalayaan, naaprubahan ng isang tagausig o isang hukom o iba pang naaangkop na nakatatandang opisyal at masusubaybayan ayon sa hudisyal tungkol sa patuloy na pangangailangan at proporsyonalidad ng anumang pagkaantala.[63]

79. Ang mga dayuhan o foreign nationals na naaresto o nakakulong ay dapat na agad na ipaalam sa kanila ang kanilang karapatang makipag-usap sa isang konsulado o diplomatikong kinatawan ng kanilang bansang pinagmulan, at ang mga naghahanap ng pagpapakupkop o asylum seekers ay dapat na ipagbigay-alam sa kanila ang kanilang karapatang makipag-ugnay sa mga kaukulang pandaigdigan na ahensya.[64] Ang pakikipag -ugnayan ay pangangasiwaan ng awtoridad na nagkulong.

### *Pag-access sa isang Abugado*

80. Ang lahat ng mga nakakulong na tao na kinakapanayam ay may karapatan magkaroon ng abugado kabilang ang sa pamamagitan ng ligal na tulong, bago ang anumang pagtatanong ng mga awtoridad – independiyente sa kanilang katayuan o pormal na pagtatalaga. Nagagamit ang karapatang ito mula sa simula ng pagkakait ng kalayaan.[65]

81. Ang pag-acess sa isang abogado ay hindi maikakaila na maiuugnay sa pangangalaga ng mga karapatan, pagpigil sa tortyur at iba pang pangmamaltrato at makatutulong upang maprotektahan laban sa sapilitang pagdarawit sa sarili.

82. Ang kinakapanayam ay may karapatan sa isang abogado na kanilang sariling pinili, o magkaroon ng isa na ibinigay para sa kanila nang walang bayad kung saan kinakailangan ang mga interes ng hustisya.[66] Sila ay karapat-dapat na kumunsulta sa kanilang abogado na may sapat na oras sa isang kumpidensyal na tagpo bago ang pakikipanayam. Ang mga opisyal ng detensyon o kulungan ay dapat na aktibong pangasiwaan ang napapanahong pagdalo ng isang abogado na may koordinasyon sa tagapanayam (kung ito ay ibang tao).[67]

62. Art. 17(2)(d) ng Kombensiyon sa Sapilitang Pagkawala; A/HRC/RES/46/15, talata 5; prinsipyo 16 at 19 ng Kalipunan ng mg Prinsipyo.
63. Prinsipyo 16.4 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo; Mga Prinsipyo at Patnubay sa Ligal na Tulong, talata 43(e).
64. Art. 17(2)(d) ng Kombensiyon sa Sapilitang Pagkawala; A/HRC/RES/46/15, talata 4; prinsipyo 16.2 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo.
65. Art. 14(3)(d) ng ICCPR; prinsipyo 17 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo.
66. Art. 14(3)(d) ng ICCPR; Mga Prinsipyo at Patnubay sa Ligal na Tulong.
67. Mga Prinsipyo at Patnubay sa Ligal na Tulong, talata 43(d); prinsipyo 18.3 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo; CCPR/C/GC/32, talata. 34.

83. Kapag humiling ang kinakapanayam ng pagkakaroon o presensya ng isang abugado, ang panayam - o tinaguriang 'impormal na pag-uusap' - ay hindi maaaring maganap bago ang kinakapanayam ay makipagkita sa kanilang abogado at hindi dapat maganap nang wala ang abogado.

84. Maaaring talikdan ng mga kinakapanayam ang kanilang karapatan sa isang abugado. Kung o kapag ang isang kinakapanayam ay nagpasya na talikdan ang kanilang karapatan sa isang abugado, ang pagpapaubaya o waiver ay dapat na libre, kusang-loob at maayos na naitala, at dapat itong pirmahan ng taong nakakulong. Ang sinuman na tinalikdan ang kanilang karapatan sa isang abugado ay dapat na malinaw na pabatiran o napagbigay alaman na ang pagpapaubaya o waiver ay maaaring mabawi sa anumang oras.[68]

85. Ang presensya o pagkakaroon ng abugado ay sapilitan para sa mga nakakulong na bata na nakapanayam bilang mga suspek.[69]

### *Pag-access sa Medikal na Pagsusuri at Pangangalaga sa Kalusugan*

86. Ang mga awtoridad ay may tungkulin na protektahan ang integridad at kalusugan ng lahat ng tao sa kanilang pangangalaga. Ang mga bilanggo ay dapat na may malinaw na garantisadong karapatan na magkaroon ng access sa isang doktor at ang karapatan sa isang medikal na pagsusuri ng isang independiyenteng propesyonal sa kalusugan, nang walang pagkaantala, mula sa sandali na ipagkait ang kalayaan. Ang awtoridad na nagkulong ay responsable sa pagbibigay sa mga bilanggo ng access sa pangangalagang medikal sa buong panahon ng kanilang pagkakakulong.[70]

87. Ang pisikal at mental na estado kung saan ang isang naaresto o nakakulong na tao ay pumasok sa pasilidad ng detensyon o kulungan, kabilang ang mga palatandaan o reklamo ng labis na puwersa na ginamit sa pag-aresto at pagdadala sa kustodiya, ay dapat itala ng doktor o iba pang medikal na propesyonal. Ang isang independiyenteng medikal na pagsusuri, alinsunod sa Protokol ng Istanbul, dapat maganap nang walang pagkaantala, kung hilingin man ng bilanggo, o kung saan mayroong hinala o pahiwatig, na sila ay napailalim sa tortyur o iba pang pangmamaltrato.[71] Ang medikal na propesyonal na nagsasagawa ng pagsusuri o eksaminasyon ay hindi dapat kabilang sa o maging ang kanilang paggawa ay umaasa sa mga awtoridad na nagkulong o sa isang ahensya na nagpapatupad ng batas. Walang pakikipanayam ang dapat maganap hanggang makumpleto ang medikal na pagsusuri o eksaminasyon.

68. Mga Prinsipyo at Patnubay sa Ligal na Tulong, talata 43(b).

69. Art. 37(d) at 40(2)(b)(ii) ng CRC; *tignan din ang* Komite sa Mga Karapatan ng Bata, CRC/C/GC/10, Pangkalahatang Komento Blg. 10 (2007), Karapatan ng mga bata sa hustisya sa kabataan, 25 Abril 2007, talata. 49-50

70. A/RES/34/169, art. 6; prinsipyo 24 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo; *tignan din* A/RES/37/194, Mga Prinsipyo ng Mga Medikal na Etika na Nauugnay sa Proteksyon ng Mga Bilanggo Laban sa Tortyur (1983) (Mga Prinsipyo ng Medikal na Etika) na pinagtibay ng Pangkalahatang Asembleya ng Nagkakaisang Bansa noong 18 Disyembre 1982.

71. Opisina ng Mataas na Komisyonado ng UN para sa Karapatang Pantao (OHCHR), Manwal sa Mabisang Imbestigasyon at Dokumentasyon ng Tortyur at Iba Pang Malupit, Hindi Makatao o Nakakabawas ng dignidad na Pagtrato o Parusa (Protokol ng Istanbul), 2004, HR/P/PT/8/Rev.1.

88. Ang mga medikal na pagsusuri o eksaminasyon ay dapat ibigay nang walang bayad ng naaangkop at may sapat na pagsasanay, walang pinapanigan at independiyenteng mga propesyonal sa kalusugan. Ang mga awtoridad ay dapat tiyakin na ang tauhang medikal na kasangkot sa pagsusuri o eksaminasyon ay may kasarian na ginusto ng taong sinuri. Dapat tiyakin ng tauhang medikal na ang mga bilanggo ay nagbibigay ng malaya at may kaalamang pahintulot bago at sa buong panahon ng eksaminasyon, pagsusuri, o kurso ng paggamot. Ang mga espesyal na hakbang ay dapat gawin upang matiyak na ang mga taong may kapansanan ay bibigyan ng impormasyon sa isang paraan o anyo na nagpapahintulot sa kanila na magbigay ng libre at may kaalamang pahintulot.[72]

89. Ang lahat ng mga medikal na pagsusuri o eksaminasyon ay dapat isagawa sa labas ng pagdinig at wala sa paningin ng mga tauhan ng nagpapatupad ng batas. Sa mga pambihirang kaso, kung humihiling ang propesyonal sa kalusugan, ang mga espesyal na kaayusan sa seguridad ay maaaring isaalang-alang tulad ng pagkakaroon ng isang opisyal na nasa malapit para marinig ang tawag o nasa paningin ngunit palaging wala sa pandinig. Ang mga nasabing kaayusan ay dapat tandaan sa parehong mga tala ng pagsusuri o eksaminasyon at pangangalaga. Ang pag-gamit ng anumang paraan ng pagpigil sa panahon ng medikal na pagsusuri o eksaminasyon ay dapat na iwasan at dapat palaging batay sa isang indibidwal na pagtatasa ng seguridad ng medikal na propesyonal.[73]

90. Ang lahat ng mga natuklasan sa kalusugan, pangkaisipan at pisikal, ay dapat idokumento, maaaring ipagkaloob sa bilanggo at sa kanilang abogado, at maaaring ma-access kung kinakailangan para sa susunod na ligal na paglilitis. Ang bilanggo o suspek ay may karapatang ma-access ang mga tala ng kanilang mga medikal na eksaminasyon o pagsusuri at paggamot. Ang pagiging kompidensiyal ng medikal na datos ay dapat na mahigpit na sinusunod, at ang mga tauhan na hindi pang-medikal ay hindi dapat magkaroon ng paraan para ma-access ang mga medikal na tala o ulat ng pinsala, maliban sa isang kinakailangang malaman na batayan o need-to-know basis.[74]

91. Ang mga indibidwal na makakapanayam ay dapat na pisikal at sikolohikal na malusog para sa hangaring iyon. Ang pagiging nasa tamang kalagayan ng kalusugan ay makabuluhang pinapabilis ang parehong pag-unlad ng tiwala at magandang ugnayan at ang pagtamo ng impormasyon mula sa memorya.[75] Ang pakikipanayam sa isang tao na mukhang na-trauma, namimighati, napapagod, nalasing, o kung hindi man ay nasa huminang estado, ay maaaring muling ma-trauma ang mga ito, madagdagan ang kakayahan ng pagpapahiwatig, magbigay ng hindi magandang kalidad na impormasyon at ilagay sa panganib ang katibayan na hinamon o tinanggihan sa kasunod na mga ligal na proseso. Ang mga tagapanayam ay dapat pansamantalang antalahin ang isang pakikipanayam kung ang isang kinakapanayam

72. Art. 25(d) ng CRPD; Pandaigdig na Medikal na Asosasyon ng Deklarasyon ng Lisbon sa Karapatan ng mga Pasyente (Deklarasyon ng Lisbon), pinagtibay ng Setyembre / Oktubre 1981, inamyendahan noong Setyembre 1995, editoryal na binago noong Oktubre 2005, muling pinagtibay (reaffirmed) noong Abril 2015; Protokol ng Istanbul, mga talata 63-64.

73. Protokol ng Istanbul, mga talata 6, 82.

74. Prinsipyo 26 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo; Deklarasyon ng Lisbon, talata 7; Protokol ng Istanbul, talata. 65.

75. S. O'Mara (2020) "Interrogating the Brain: Torture and the Neuroscience of Humane Interrogation" in *Interrogation and Torture*, Barela et al., eds. (talababa 24).

ay mukhang nasa masamang kalagayan o kung pinayuhan ng isang medikal na propesyonal na ang bilanggo ay walang kakayahan para sa isang pakikipanayam.

### *Mga Paghahanda para sa Tagapanayam*

92. Kapag ang isang indibidwal ay nakilala bilang isang tao na nais ng mga awtoridad na kapanayamin, ang itinalagang tagapanayam ay dapat magsimula ng masusing paghahanda. Ang paunang gawaing ito ay dapat palaging maganap sa loob ng isang labis na malawak na balangkas sa pakikipanayam upang ang panayam ay isinasaalang-alang sa konteksto ng pangkalahatang imbestigasyon o operasyon ng pangangalap ng impormasyon.

93. Ang pagiging ganap na handa ay nagdaragdag ng kakayahan ng isang tagapanayam na mabisang makipag-usap sa mga kinapanayam, at samakatuwid, ang posibilidad na makakuha ng maaasahang impormasyon. Ang mga pagsisikap na ginugol sa pagpaplano ay nagbabawas ng panganib sa ibasura ang mga kaso bilang resulta ng pamamaraan o iba pang mga maiiwasang kamalian.

94. Bago simulan ang isang pakikipanayam mahalaga na patibayin ng lubusan ang imbestigatibong at ebidensyang halaga ng nakalap na impormasyon. Hangga't maaari, dapat kumuha at suriin ng mga tagapanayam ang maraming katibayan o impormasyon na mayroon - tulad ng mga pahayag ng saksi at biktima na nakuha, mga naunang pahayag ng isang suspek, mga ulat ng forensics, pisikal na ebidensya, at mga elektronikong imahe at impormasyon. Dapat suriin ng mga tagapanayam ang kaugnayan at pagiging maaasahan ng magagamit na impormasyon at kilalanin ang mga puwang sa impormasyon na kailangang punan bago at sa panahon ng pakikipanayam.

95. Kapag naghahanda para sa isang pakikipanayam - at sa buong proseso - dapat mag-iingat ang mga tagapanayam upang maiwasan ang 'kumpirmasyon na pagkiling o confirmation bias.' Ang mga tagapanayam ay dapat na aktibong maghanap ng ebidensya o mga paliwanag na lampas sa kanilang paunang palagay o pananaw, kabilang na ang mga nagsasaad ng kawalang-kasalanan o pagiging inosente. Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng isang bukas na pag-iisip ng pangangalap ng impormasyon sa buong proseso, ang mga tagapanayam ay mananatiling walang kinikilingan hangga't maaari. Dapat din nilang isaalang-alang ang mga alternatibong posible na paliwanag na dapat tuklasin sa panahon ng pakikipanayam upang kapwa matanggal ang pagdududa tungkol sa mga bagay na sinusuri at magtakda ng mga kundisyon para sa mahusay na kaalamang mga desisyon.

96. Ang bawat pakikipanayam ay nangangailangan ng isang plano sa pakikipanayam na nagbabalangkas ng mga detalye tulad ng mga layunin, tiyak na mga katanungan na tatanungin, paraan ng pagtatala, pagsasaoras, lokasyon ng panayam at iba pang mga tao na dapat nasa loob ng silid. Ang mga mabisang pakikipanayam ay dapat na limitado sa oras at nakatuon sa malinaw na mga layunin.[76] Dapat isama sa mga plano ang isang

76. J.J. Cabell, S.A. Moody & Y. Yang, "Evaluating effects on guilty and innocent suspects: an effect taxonomy of interrogation techniques" *Psychology, Public Policy, and Law*, vol. 26, No. 2 (2020). D. Davis, & R.A. Leo, "Interrogation-related regulatory decline: ego depletion, failures of self-regulation, and the decision to confess", *Psychology, Public Policy, and Law*, vol. 18, No. 4 (2012).

elemento ng kakayahang umangkop dahil ang bawat panayam ay naiiba at ang palitan ay magiging dinamiko.

97. Ang pag-alam kung paano at kailan magpapakita ng katibayan at impormasyon sa panahon ng isang pakikipanayam ay isang mahalagang kasanayan para sa mga tagapanayam; ito ay dapat na isang bahagi ng mga paghahanda ng isang tagapanayam. Ang pagsasaoras ng pagsisiwalat ng mga potensyal na katibayan o ebidensya ay maaaring maging isang mabisang paraan upang matukoy ang pagiging maaasahan ng sinabi ng kinakapanayam. Kung ang ebidensya ay inilahad nang masyadong maaga, ang anumang impormasyon na ibinigay pagkatapos ay maaaring sumasalamin lamang kung ano ang natutunan ng kinakapanayam sa panahon ng panayam o sa palagay na dapat nilang sabihin, sa halip na pagiging resulta ng mga tunay na alaala.[77] Ang pagpaplano para sa naaangkop na pagsasaoras ng pagsisiwalat ng impormasyon, samakatuwid, ay maaaring pagaanin ang panganib na makontamina ang memorya ng isang kinakapanayam. Ang anumang estratehikong pagsisiwalat ng ebidensya ay dapat na naaalinsunod sa mga pambansang batas hinggil sa karapatan ng mga suspek upang makakuha ng sapat na impormasyon tungkol sa mga paratang na magagawang hamunin nang epektibo ang pagiging makatarungan ng pag-aresto o pagkakakulong.

98. Sa kanilang paghahanda, dapat isaalang-alang ng mga tagapanayam kung paano nila gagawin ang isang tala ng sinabi. Bago ang pakikipanayam, dapat palaging payuhan ng tagapanayam ang kinakapanayam at kanilang abugado kung paano maitatala ang panayam at makuha ang kanilang malaya at may kaalamang pahintulot.

99. Ang odiobisual audio visual recording ay pinapayagan ang tagapanayam na magpokus sa panayam at makakatipid ng oras kung maganap ang isang prosesong panghukuman. Ang isang odiobisual na pagtatala audio-visual recording ng buong pakikipanayam ay isa ring mahalagang pananggalang laban sa pangmamaltrato.[78] Kapag nagawang tama, nagbibigay ito ng isang kumpleto at tunay na tala ng pakikipanayam.[79] Ang paggamit ng teknolohiyang ito ay nagpapadali sa imbestigasyon sa anumang mga paratang ng pangmamaltrato, na kung saan ay sa kapwa interes ng tagapanayam at ng kinakapanayam sa mga kaso kung saan sinasabing may maling gawi.

100. Kung mayroong kagamitan sa pagtatala ngunit hindi ginagamit, ang mga tukoy na dahilan at katwiran ay dapat na maitala. Ang anumang iba pang mga paglihis mula sa mga patakaran ng kagawaran o ahensya sa pagtatala ay dapat ding idokumento. Ang

77. Granhag & Hartwig "The strategic use of evidence technique", (talababa 31).

78. Panuntunan 9(c) ng mga Patnubay ng Luanda; ECtHR, *Doyle v. Ireland*, Aplikasyon Blg. 51979/17, Hatol, 23 Mayo 2019, talata 99; CPT, Ika-12 Pangkalahatang Ulat, CPT/Inf(2002)15, talata 36; *tignan din* Pandaigdigang Patas na Paglilitis at Komite ng Hungarian Helsinki, Ulat ng pagpupulong – Pagbabahagi ng karanasan Kaganapan sa Audio-visual recording ng mga Interogasyon sa Mga Kriminal na Proseso, 9 Nobyembre 2018.

79. Ang audio-visual recording ay dapat na magkasama ang kapwa (mga) tagapanayam at kinakapanayam sa frame ng video. Ang pokus lamang sa kinakapanayam ay nagpapangit ng pananaw ng mga maaaring sumunod na panoorin ang video (hal., Mga hukom o hurado),tignan G.D. Lassiter, L.J. Ware, M.J. Lindberg, & J.J. Ratcliff, "Videotaping custodial interrogations: toward a scientifically based policy", in *Police Interrogations and False Confessions*, Lassiter & Meissner, eds. (talababa 8).

anumang elektronikong pagtatala ng mga panayam ay dapat itago sa isang sapat na panahon at gawing magagamit para sa pagsusuri ng mga naaangkop na tao.[80]

101. Dapat tiyakin ng mga tagapanayam ang lahat ng aspeto ng aktibidad na bago ang panayam at pagtrato sa kinakapanayam, kabilang ang mga talaan ng pangangalaga o kustodiya, upang masuri nila ang anumang potensyal na epekto na maaaring magkaroon ang nakaraang aktibidad sa panayam.

102. Dapat siguraduhin ng tagapanayam na ang lahat ng mga pananggalang na gagamitin bago ang pakikipanayam ay naitaguyod, kasama ang pakikipagtulungan sa mga ligal na kinatawan. Ito ay nag-aambag sa pagbuo ng magandang ugnayan sa kinakapanayam habang ipinapakita nito ang paggalang ng tagapanayam para sa karapatang pantao at dignidad ng kinakapanayam at nagpapabuti ng mga prospek para sa pagkuha ng maaasahang impormasyon.

103. Ang mga tagapanayam ang responsable sa pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng kinakapanayam na kinilala nang mas maaga ng mga opisyal, pati na rin para sa pagtatasa ng mga pinatinding sitwasyon ng pagiging bulnerable (kabilang ang emosyonal na estado ng kinakapanayam) at paghahanda upang tugunan ang mga ito sa naaangkop na paraan. Halimbawa, maaaring kailanganin nilang mag-ayos upang magkaroon ng mga pangatlong partido na naroroon, tulad ng mga ligal na kinatawan at mga taong sumusuporta para sa mga bata o mga kinakapanayam na may intelektwal o psychosocial na mga kapansanan.

104. Ang mga tagapanayam ay dapat na patuloy na subaybayan ang kanilang sariling emosyon tungkol sa paksa at kanilang damdamin para sa kinakapanayam, upang maipakita ang pagiging kalmado at pagtitimpi sa buong panayam. Kung ito ay mukhang imposible, dapat na magtalaga ng ibang tagapanayam upang pumalit.

## Sa Panahon ng Panayam - Pagtaguyod at Pagpapanatili ng Magandang Ugnayan

105. Ang mga mabisang tagapanayam ay may kakayahang umangkop o bumagay, nakikinig nang mabuti, nagpapabatid ng pakikiramay, at nagpapatupad ng etos na hindi pinilit, makatao, etikal, naaayon sa batas at naaangkop na pagtatanong ay nagsisilbi sa interes ng lahat ng kasangkot: ang tagapanayam, ang kinakapanayam at ang mga awtoridad sa pangangalap ng impormasyon. Kinikilala nila na ang papel na ginagampanan ng tagapanayam ay upang makuha ang pinakamahusay na posibleng impormasyon para sa mga desisyon na gagawin. Ang mga korte lamang ang tumutukoy sa pagkakasala o kawalang-sala.

106. Ang pagbuo ng magandang ugnayan ay mahalaga sa pagsuporta sa mabisang pangangalap ng impormasyon. Sa panahon ng pakikipanayam, ang magandang ugnayan ay nagsasaad

80. Prinsipyo 23 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo.

ng pagtataguyod at pagpapanatili ng isang relasyon na nailalarawan sa pamamagitan ng: paggalang at tiwala; isang pag-iisip na hindi mapanghusga; di-agresibong wika ng katawan; pagbibigay ng atensyon; at pasensya. Binabawasan nito ang mga epekto ng likas na kawalan ng balanse ng kapangyarihan o inherent power imbalance sa proseso ng pakikipanayam.

107. Ang tagapanayam ay dapat maglaan ng sapat na oras upang makipag-usap nang makahulugan sa kinakapanayam at malinaw na isinalaysay muli ang impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan at pamamaraan ng pakikipanayam; kung kinakailangan, kasama dito ang tulong ng isang tagasalin sa ibang wika o interpreter at anumang iba pang mga pangatlong partido na makakatulong sa komunikasyon. Kung ang kinakapanayam ay tila hindi sigurado tungkol sa kanilang mga karapatan,ang tagapanayam ay dapat na ipaliwanag muli ang mga ito sa kanila at kumpirmahing naintindihan ang mga ito. Sa kaso ng mga suspek sa mga kasong kriminal, ang mga tagapanayam ay dapat na ipaalala sa indibidwal na mayroon silang karapatang manahimik at ang kanilang impormasyon o account ay maaaring magamit bilang ebidensya laban sa kanila.

108. Ang isang abugado na naroroon sa panahon ng isang pakikipanayam ay nagsisilbing isang ligal na mapagkukunan, isang nakasaksi sa pagiging patas ng proseso, at isang pananggalang laban sa mga hindi pagkakaunawaan, maling paglalarawan at anumang pagtatangkang isagawa ang pakikipanayam nang labag sa batas.

109. Ang isang mabisang tagapanayam ay dapat magtatag ng isang magalang at propesyonal na relasyon sa abugado. Ang abugado na naroroon ay may karapatang magtanong, humingi ng mga paglilinaw, kontrahin ang ipinakitang ebidensya, hamunin ang hindi makatarungang mga katanungan o mapang-abusong pag-uugali ng tagapanayam, at sa pangkalahatan ay maging mapagmatyag sa mga karapatan ng kanilang kliyente.

110. Kung ang isang kinakapanayam ay nangangailangan ng pagkakaroon ng isang abugado, kahit na dati nilang tinalikdan ang karapatang iyon, ang panayam ay masususpinde hanggang sa magkaroon na nang isang abogado.

111. Ang tagapanayam ay dapat manatiling atentibo sa kaisipan at pisikal na kalagayan ng kinakapanayam sa buong panayam. Sila ay dapat na bigyan ng sapat na hindi nagagambalang mga panahon ng pamamahinga at sapat na pagkain at inumin.

112. Ang paglalatag ng mga inaasahan sa simula ng isang pakikipanayam ay hahantong sa isang mas mabisang proseso. Halimbawa, ang tagapanayam ay dapat na hikayatin ang kinakapanayam na sabihin kung mayroong anumang hindi nila naiintindihan o naniniwala na sila ay hindi naintindihan. Ang mga kinakapanayam ay dapat na anyayahan na magbigay ng maraming may kaukulang detalye hangga't maaari, na kumuha ng mas maraming oras hangga't kailangan nila bago sumagot, magtanong at sabihin kung sila ay may kailangan.

### *Mga Pamamaraan sa Pangangalap ng Impormasyon*

113. Ang aktibong pakikinig ay tumutulong sa tagapanayam na maproseso ang impormasyong ibinigay ng kinakapanayam. Sa pamamagitan ng aktibong pakikinig, ipinapakita ng tagapanayam na sinusundan nila ang sinasabi ng kinakapanayam at nagsisikap na

maunawaan ang mga ito. Ang tagapanayamn ay nag-iingat na huwag pamunuan nang hindi sinasadya ang isang kinakapanayam sa pamamagitan ng paggamit ng pasalita o biswal na mga pahiwatig, kabilang ang mga tunog, kilos o tanong, na maaaring ipakahulugan bilang pagsang-ayon o hindi pagsang-ayon sa sinasabi ng tao.

114. Ang kinakapanayam ay dapat na maanyayahan na ipaliwanag sa kanilang sariling mga salita ang kanilang pagkakasangkot, o kaalaman o pag-alaala sa mga bagay o usapin na sinusuri, at dapat payagan na tumugon nang ganap. Pagkatapos, ang mga ito ay maaari mausisa para sa karagdagang detalye upang mapunan ang anumang mga puwang o ipaliwanag ang mga pagkakaiba-iba.

115. Ang tagapanayam sa pangkaraniwan ay hindi dapat na makagambala sa kinakapanayam o maputol ang kanilang tren ng pag-iisip at laging manatiling nakatuon sa impormasyong ibinigay ng kinakapanayam upang mapansin ang mahahalagang detalye at makilala ang mga tukoy na paksa na nangangailangan na masubaybayang muli o pag-follow-up. Ang hindi paggambala ay pinupunan sa pamamagitan ng paggamit ng katahimikan kung saan naaangkop. Sa pamamagitan ng pananatiling tahimik, nagpapahiwatig ang tagapanayam na katanggap-tanggap na maglaan ng oras upang huminto at mag-isip, at ang tagapanayam ay handang maghintay upang makakuha ng higit pang mga detalye.

116. Ang uri ng pagtatanong na ginamit sa isang pakikipanayam ay nag-aambag sa pagkamit ng nais na mga layunin at pangkalahatang mga kinalabasan. Ang layunin ay upang makakuha ng maraming boluntaryong at hindi kontaminadong impormasyon hangga't maaari. Ang bawat tanong ay dapat may hangarin at tanungin sa paraan na hindi mapanghusga. Ang wikang ginamit ay dapat na malinaw at iwasan ang mga teknikal na termino o jargon at mga akronim.

117. Ang mga tanong na hindi nasasagot ng simpleng oo o hindi o open-ended questions, tulad ng 'ipaliwanag sa akin,' 'sabihin sa akin' o 'mangyaring ilarawan,' ay binabawasan ang panganib na makontamina ang memorya ng kinakapanayam; ang mga ito ay mas malamang na makapagbigay ng mas maraming mga detalye at mas buong mga sagot, na mas malamang na hindi naimpluwensyahan ng tagapanayam.

118. Ang mga nagsisiyasat na mga katanungan, tulad ng 'sino,' 'ano' at 'saan', ay maaaring kinakailangan upang makakuha ng mas maraming detalye sa sandaling ang isang tugon ay ibinigay sa isang tanong na hindi nasasagot ng simpleng oo o hindi o open-ended. Tumutulong ang mga ito sa pagkuha ng karagdagang kaukulang impormasyon at pagkilala sa mga tukoy na puwang at hindi pagkakapare-pareho na nangangailangan ng karagdagang pagsaliksik. Ang mga kinakapanayam ay maaari ring ihayag ang isang bagay na hindi nila dati isiniwalat.

119. Ang estratehikong paggamit ng impormasyon ay maaaring makatulong na gabayan ang panayam upang matiyak na ang impormasyong tinatamo ay nauugnay sa layunin ng pakikipanayam.

120. Ang mga tumpak na buod na sinabi ng kinakapanayam ay maaaring mapadali ang positibong pagpapatuloy ng pakikipanayam at matulungan ang tagapanayam at kinakapanayam sa paggunita o pag-alaala ng mga mahahalagang detalye. Gayunpaman, ang hindi magandang pagkasulat ng mga buod ay maaaring makontamina ang impormasyon o account ng kinakapanayam at magpakita ng pagkiling o mga kamalian. Ang mga kinakapanayam ay maaari ding bigyang kahulugan ang hindi tumpak na pagbubuod bilang isang pahiwatig na ang tagapanayam ay hindi nakikinig o sinusubukan na manipulahin ang kanilang impormasyon o account.

### *Pagdanas ng Pag-aatubili*

121. Ang mga tagapanayam ay maaaring makatagpo ng mga kinakapanayam na ayaw magsalita at samakatuwid ay dapat maghanda kung paano nila hahawakan ang mga ganitong sitwasyon. Ang hindi pagnanais o pagsang-ayon na sagutin ang mga katanungan ay maaaring isang sinadya na kagustuhan. Halimbawa, ang mga suspek sa mga kasong kriminal ay may karapatang manahimik at ang ilan sa kanila ay gagamitin ang karapatang ito. Ang desisyon na ito ay dapat laging igalang o respetuhin at ito ay walang kinalaman sa karapatan ng kinakapanayam sa pagpapalagay na inosente.

122. Ang mga kadahilanan kung bakit ang isang kinakapanayam ay maaaring mag-atubiling makipag-usap ay maaaring kabilang ang pangkalahatang pagkabalisa o kawalan ng katiyakan sa proseso, lalo na kung ang tao ay hindi pa nasasangkot sa ganoong sitwasyon dati. Ang takot ay maaari ding maging dahilan; halimbawa, ang takot sa pulisya at iba pang mga opisyal ng estado, o takot sa mga hindi kanais-nais na epekto sa kanilang sarili o sa iba kung malalaman na nakausap nila ang mga awtoridad. Ang mga kinapanayam ay maaari ding sikolohikal na maapektuhan ng kanilang nakita, narinig o pinagdaanan. Ang pag-aatubiling makipag-usap ay maaaring sanhi din ng personal na reaksyon ng kinakapanayam sa tagapanayam o sa tagasalin sa ibang wika o interpreter.

123. Posible rin na ang isang kinakapanayam ay maaaring maging handa na magbigay ng impormasyon ngunit hindi ito magawa. Ito ay possible dahil wala silang kaukulang impormasyon mula sa simula, o nabigo silang irehistro ang mga detalye. Maaaring ang pagdaan ng oras o mga bagay na naranasan ng mga kinakapanayam ay nagdulot sa kanila na makalimutan ang mga orihinal na detalye o kaya ay hindi nila makuhang muli ang mga ito mula sa kanilang memorya.

124. Madaragdagan ng mga tagapanayam ang posibilidad na magsagawa ng isang mabisang panayam sa pamamagitan ng pagpapahayag ng isang magalang na kamalayan o pagkabatid kung bakit ang isang tao ay maaaring mag-atubiling makipag-usap, paglilinaw na ang anumang impormasyong ibinigay ay mananatiling lihim sa loob ng mga limitasyong pinapayagan ng batas, at paggalang sa anumang patuloy na pagtanggi na makipag-usap. Ang mga tagapanayam ay hindi dapat kumuha ng mga negatibong imperensiya mula sa kabiguan o pagtanggi ng kinakapanayam na sagutin ang mga katanungan at dapat manatiling hindi mapanghusga kung ang isang kinakapanayam ay maaaring gumawa ng mga pag-amin sa mga krimen o maghatid ng nakakahiyang impormasyon.

*Pagsuspinde ng panayam*

125. Nararapat at pinahihintulutan para sa mga tagapanayam na suspindihin ang panayam upang magfollow-up o subaybayang muli ang natanggap na impormasyon o magsagawa ng karagdagang mga katanungan. Katulad nito, ang abugado o ang kinakapanayam ay maaaring humiling ng pahinga, halimbawa upang makapagpahinga o upang kumunsulta nang pribado. Ang isang pagtanggi na tanggapin ang naturang kahilingan ay maaaring makaapekto sa pagiging maaasahan ng impormasyong nakalap mula sa panayam.

126. Kung ang kinakapanayam ay nangangailangan ng atensyong medikal, dapat agad na suspindihin ng tagapanayam ang panayam at tiyakin na maibigay ang agarang pangangalaga.

127. Mahalaga na matiyak na ang mga tao ay hindi tinanong bilang mga saksi upang makaiwas sa mga ligal na kinakailangan na nakalakip sa pagtatanong sa mga suspek.[81] Kung ang isang tao na orihinal na kinapanayam bilang isang saksi ay naging isang suspek sa kurso ng isang pakikipanayam, dapat agad na ihinto ng tagapanayam ang sesyon upang magbigay ng isang malinaw na babala sa kinakapanayam na ang kanilang katayuan ay nabago bilang isang suspek. Dapat ipaalam ng tagapanayam sa kinakapanayam ang kanilang mga karapatan bilang isang suspek at magbigay ng kinakailangang oras at mga mapagkukunan para mapagtanto ng kinakapanayam ang mga karapatang iyon.

## Pagtatapos ng Panayam - Pagtatasa at Pagsusuri

128. Ang isang mabisang tagapanayam ay dapat palaging tapusin ang pakikipanayam nang may paggalang at sa isang propesyonal na tala. Dinaragdagan nito ang posibilidad na panatilihing bukas ang mga daan para sa komunikasyon sa hinaharap, iniiwasan ang mga posibleng hindi pagkakaunawaan at maaaring mapabuti ang pagtitiwala sa mga pampublikong institusyon.

129. Ang tagapanayam ay dapat na suriin ang impormasyong nakuha sa kinakapanayam (at ang abogado, kung kasangkot), at, kung saan ang isang nakasulat na rekord o talaan (taliwas sa isang audio / video na pagtatala) ay nagawa, anyayahan silang pumirma bilang isang kumpirmasyon ng kawastuhan ng talaan o rekord. Ang anumang mga pagbabago ay dapat na maitala, at kung may kaukulan, anumang pagtanggi ng kinakapanayam na pirmahan ang tala ng panayam.[82] Ang isang kopya ng anumang nakasulat na rekord o talaan ay dapat ibigay sa kinakapanayam at sa kanilang abugado (kung kasama).[83] Pagkatapos ay dapat bigyan ng tagapanayam ang kinakapanayam ng nararapat na impormasyon tungkol sa mga susunod na mga yugto ng proseso.

130. Kapag nakumpleto na ang panayam, tinitiyak ng tagapanayam na ang impormasyong ibinigay sa panahon ng proseso ay napapailalim sa naaangkop na antas ng pagkapribado o appropriate level of privacy at proteksyon ng data o data protection. Maaaring kabilang

81. A/71/298 (talababa 3).
82. *Tignan, hal.*, Panuntunan 9(e)(v) ng Mga Patnubay ng Luanda; CPT, Ika-2 Pangkalahatang Ulat, CPT/Inf(92)3, talata 39.
83. Prinsipyo 23(2) ng Kalipunan ng mga Prinsipyo.

rito ang pagtiyak na ang nasabing impormasyon ay hindi naiparating sa publiko o sa mga institusyon sa paraang maaaring mapanganib ang mga karapatan ng kinakapanayam.

131. Ang pagtatasa at pagsusuri ay isang mahalagang bahagi ng matagumpay na proseso ng pakikipanayam. Ang oras na ginugol dito ay maaaring mag-iba ayon sa kaseryosohan ng mga bagay, subalit hindi ito dapat madaliin. Ang tagapanayam ay dapat na tasahan at suriin:

a. Ang halaga at pagiging maaasahan ng nakuha na impormasyon at kung paano ito umaangkop sa mga kilalang ebidensya, mga puwang ng impormasyon at iba pang nakalap na kaalaman.
b. Kung ano pa ang mga karagdagang katanungan na kinakailangan upang maisulong ang imbestigasyon o operasyon.
c. Kung ang lahat ng mga kaukulang pananggalang ay naipatupad nang mabisa.

# Prinsipyo 3

## Sa Pagiging Bulnerable

**Ang mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng pagkilala at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga kinakapanayam sa mga sitwasyon ng pagiging bulnerable.**



### Ang Panayam bilang isang Sitwasyon ng pagiging Bulnerable

132. Halos lahat ng mga taong kinakapanayam ay nahahanap ang kanilang mga sarili sa isang sitwasyon ng pagiging bulnerable dahil sa likas na hindi pantay na balanse ng kapangyarihan na nagpapakilala sa mga naturang pakikipag-ugnayan sa mga awtoridad. Ang kawalan ng timbang ng kapangyarihan o imbalance of power ay partikular na talamak kapag ang isang kinakapanayam ay nakakulong at sa gayon ay ganap na umaasa sa mga awtoridad para sa paggamit at pagtatamasa ng kanilang mga karapatang pantao.

133. Ang mga tagapanayam ay kailangang magkaroon ng kamalayan sa mga posibleng epekto ng kawalan ng timbang ng kapangyarihan at gumawa ng mga hakbang upang maibsan ang mga ito, sa gayon ay tinitiyak ang proteksyon ng lahat ng kinakapanayam sa ilalim ng batas habang pinapakinabangan din ang halaga ng nakalap na impormasyon. Ang kawalan ng timbang ng kapangyarihan ay maaaring humantong sa isang kinakapanayam na makaramdam ng anumang bagay mula sa banayad na pagkabalisa hanggang sa matinding takot. Ang mga nasabing reaksyon ay maaaring makaapekto sa pisikal, nagbibigay-malay o cognitive at emosyonal na mga tugon ng isang tao sa pagtatanong. Maaari nilang hadlangan ang pag-unawa ng kinakapanayam sa mga katanungang ibinigay at ang mga posibleng implikasyon ng kanilang mga sagot. Maaari rin nilang maapektuhan ang kakayahan ng kinakapanayam na gumawa ng mga desisyon na may sapat na impormasyon sa kanilang sariling interes o upang magbigay ng detalyado at tumpak na impormasyon. Sa pinakamalala nito, ang estado ng pinatinding stress na nararamdaman ng ilang kinakapanayam ay maaaring makapinsala sa pagkuha ng memorya at makapagbigay ng maling impormasyon.

134. Ang pagsunod sa patnubay sa Mga Prinsipyo na ito ay makakatulong upang panatagin ulit ang tiwala ng mga kinakapanayam at mag-aambag sa paglikha ng isang hindi

mapilit na kapaligiran. Ang paggawa nito ay gaganap ng isang partikular na mahalagang bahagi sa pagpigil sa maling paggamit ng kapangyarihan ng mga tagapanayam, na nakakapinsala sa integridad ng proseso ng pakikipanayam, pati na rin sa pagbawas ng kasanayan na may mataas na panganib ng 'impormal na mga panayam' na nagdadala ng mga makabuluhang panganib ng pangmamaltrato.

## Mga Tao sa Pinatinding Mga Sitwasyon ng pagiging Bulnerable

135. Ang ilang mga kinakapanayam ay makakaranas ng pinatinding sitwasyon ng pagiging bulnerable kapag ang panayam ay sumagit sa ilang iba pang mga tiyak na kadahilanan ng panganib. Sa mga ganitong kalagayan, ang kinakapanayam ay magkakaroon ng karagdagang mga pangangailangan at karapatan na nangangailangan ng pansin mula sa mga awtoridad.[84] Ang nasabing mga kadahilanan ng panganib ay maaaring isama, halimbawa:

a. Edad, panlalaki o pambabae o sex, kasarian o gender, pagkakakilanlan o ekspresyon ng kasarian o orientasyong sekswal
b. Nasyonalidad o etnisidad
c. Likas sa kultura o relihiyon
d. Pisikal, intelektwal, o sikolohikal na kapansanan
e. Mga kahirapan sa komunikasyon
f. Mga kahirapan sa pag-unawa (kasama ang mga hadlang sa wika)
g. Walang kakayahang magbasa at / o sumulat
h. Mga kundisyon na nauugnay sa edad tulad ng dimension
i. Nabibilang sa isang pangkat na minorya o isang naaaping pangkat na sosyo-ekonomiko.

136. Ang pagtanggap na ang "pagiging bulnerable" ay isang dinamiko at nagbabagong konsepto, ang iba pang mga katangian na pang-sitwasyon na maaaring magpatindi ng pagiging bolnerable ay kabilang ang:

a. Katayuan sa kalusugan tulad ng pinsala, sakit o karamdaman, depresyon, pagkabalisa, pagkalasing, post-traumatic stress disorder, o iba pang humina o binago na estado.

84. Kumbensiyon sa Pagtanggal sa Lahat ng Mga Uri ng Diskriminasyon laban sa mga Babae (CEDAW), A/RES/34/180 ng 18 Disyembre 1979; Pandaigdigang Kombensiyon sa Pagtanggal sa Lahat ng Mga Uri ng Diskriminasyon ng Lahi (CERD), resolusyon ng Pangkalahatang Pagpupulong 2106 (XX) ng 21 Disyembre 1965; Convention on the Rights of Persons with Disabilities (CPRD), A/RES/61/106, 24 Enero 2007; Pandaigdigang Kombensiyon sa Proteksyon ng mga Karapatan ng Lahat ng Manggagawang Migrante at Mga Miyembro ng kanilang Mga Pamilya, A/RES/45/158, 18 Disyembre 1990; tignan din Mga Deklarasyon ng Nagkakaisang Bansa ukol sa Mga Karapatan ng Mga Katutubong Tao, A/RES/61/295, 2 Oktubre 2007; ang mga Panuntunan ng Bangkok, Pamantayan sa Minimum na mga Panuntunan ng Nagkakaisang Bansa para sa Pangangasiwa ng Hustisya ng Kabataan (Ang Mga Panuntunan ng Beijing), A/RES/40/33, 29 Nobyembre 1985; Mga Panuntunan ng Havana; Pandaigdigang Komisyon ng mga Hurado (ICJ), Mga Prinsipyo ng Yogyakarta – Mga prinsipyo sa paglalapat ng pandaigdigang batas sa karapatang pantao na nauugnay sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian, Marso 2007.

b. Mga naunang karanasan sa traumatiko, kabilang ang pagiging paksa ng o pagsaksi sa mga pang-aabuso o mga paglabag sa karapatang pantao.
c. Katayuan sa imigrasyon tulad ng naghahanap ng asilo o takas, hindi kinikilalang manggagawang migrante, iregular na migrante o biktima ng pagtatrapiko ng mga tao.
d. Ang pagiging buntis o nagpapasuso, o pagiging pangunahing tagapag-alaga at hindi binigyan ng pagkakataon na gumawa ng alternatibong pag-aayos ng pangangalaga.
e. Ang likas na katangian ng pagkakasala sa ilalim ng imbestigasyon tulad ng pedophilia, mga paglabag sa politika, o mga kilos ng terorista.[85]

137. Ang mga panganib ay maaaring magbagu-bago depende sa mga kadahilanan tulad ng konteksto, kultura at oras. Ang mga katangian na nagmumungkahi ng pinatindi na pagiging bulnerable ay maaaring permanenteng likas, o pansamantala. Sa ilang mga kaso, ang pinatindi na pagiging bulnerable ng isang tao ay maaaring maging halata o na dokumentado na; sa ibang mga kaso, maaaring hindi ito kilala o kaagad na maliwanag. Gayundin, maaari itong maging produkto ng maraming mga nagtutugma na kadahilanan na nagbubunga ng mga natatanging namuhay na katotohanan at karanasan, gayun din sa partikular na pinatinding pagiging bulnerable sa diskriminasyon at pangmamaltrato.

138. Nang dahil sa kanilang edad, ang mga bata ay palaging nasa mga sitwasyon ng pinatindi na pagiging bulnerable sa panahon ng mga panayam, na nangangailangan ng mga espesyal na hakbang upang matiyak ang kanilang sapat na proteksyon. Dahil dito, ang mga tagapanayam na sumailalim sa pagsasanay sa pagkadalubhasa ay mas angkop upang kapanayamin ang mga bata. Dapat isaalang-alang kung paano pinakamahusay na makipag-usap at bumuo ng magandang ugnayan sa bata at kung saan at kailan dapat maganap ang panayam. Ang mga panayam sa mga batang biktima at mga saksi ay dapat gumamit ng mga tagapanayam na nakatanggap ng pagsasanay sa pagkadalubhasa.

139. Kapag ang isang bata ay isang suspek, hindi sila dapat kailanman sumailalim sa pagtatanong o hinilingan na gumawa ng anumang mga pahayag o pirmahan ang anumang mga dokumento na nauugnay sa pagkakasala kung saan sila ay suspek nang walang presensya at tulong ng isang abugado at sa prinsipyo, ng isang nasa hustong gulang na pinagkakatiwalaan ng bata na kumikilos bilang isang tagapamagitan.[86] Hindi maaaring talikdan ng mga bata ang kanilang karapatan sa isang abugado.[87]

140. Ang mga tagapanayam ay dapat na magkaroon ng kamalayan na ang ilang mga pag-uugali ay maaaring dagdagan ang pagiging bulnerable ng isang indibidwal at matiyak na ang mga ito ay hindi nakakaapekto sa mga tugon ng kinakapanayam. Kabilang rito:

85. *Tignan, hal.*, A/68/295, Pansamantalang Ulat ng Espesyal na Rapporteur sa Tortyur, 9 Agosto 2013, mga talata 67-72.
86. *Tignan, hal.*, UNICEF Opisina ng Rehiyon ng Europa at Gitnang Asya, *Mga Patnubay sa Makabatang (child-friendly) Tulong na Ligal*, Oktubre 2018; Komite ng Mga Ministro ng Konseho ng Europa, Mga Patnubay ng Komite ng Mga Ministro ng Konseho ng Europa sa makabatang hustisya, 17 Nobyembre 2010, mga talata 12, 88.
87. Art. 37(d) at 40(2)(b)(ii) ng CRC; *tignan din* CRC/C/GC/10, mga talata 49-50.

a. Ang Pagmumungkahi o Suggestibility, kung saan ang mga kinakapanayam, lalo na ang mga bata at mga kinakapanayam na may mga kapansanan sa psycho-social o intelektwal, ay madaling maimpluwensyahan at lubos na mahina kapag tinanong ng nangungunang at mapanlinlang na mga katanungan o napapailalim sa panggigipit na pagtatanong at panloloko, na maaaring humantong sa hindi totoo o hindi maaasahang impormasyon.
b. Ang Pagpayag ng walang pagtutol o Acquiescence, ay ang inklinasyon na tumugon sa apirmado nang hindi nag-iiisip, karaniwang upang matapos ang pakikipanayam sa lalong madaling panahon.
c. Ang Pagsunod o Compliance, kung saan sinabi ng isang kinapanayam kung ano sa palagay nila ang nais marinig ng tagapanayam upang makakuha ng isang kanais-nais na tugon at maiwasan ang hindi pag-apruba o pangmamaltrato.

141. Ang mga Indibidwal ay maaari ding nasa mga sitwasyon ng mas pinatindi na pagiging bulnerable dahil sa pagtatangi ng institusyon, diskriminasyon, o kawalan ng kamalayan, pagsasanay o naaangkop na imprastraktura. Ang mga pagkabigo na ito ay maaaring makaapekto sa mga istruktura ng institusyon at patakaran, at/o indibidwal na paghuhusga at pagkilos.

## Pagtatasa at Pagtugon sa Pinatinding Mga Sitwasyon ng pagiging Bulnerable

142. Dapat ipatupad ng mga awtoridad ang mga pinahusay na proteksyon at mga espesyal na hakbang na idinisenyo upang matugunan ang mga partikular na pangangailangan at karapatan ng mga tao sa mga pinatindi na sitwasyon ng pagiging bulnerable sa partikular na nauugnay sa walang diskriminasyon at proteksyon laban sa sapilitang pag-darawit sa sarili. Maaaring mangailangan ito ng magkakaibang aplikasyon ng mga ligal at pamamaraan na pananggalang.

143. Bago isagawa ang isang pakikipanayam, dapat suriin ng mga awtoridad kung ang kinakapanayam ay maaaring nasa isang sitwasyon ng pagiging bulnerable at kung nangangailangan sila ng espesyal na pansin. Ang uri ng pagkilos na gagawin ay mangangailangan ng isang may kakayahang umangkop, pinasadyang tugon. Ang mga tagapanayam at iba pang kaukulang awtoridad ay dapat isaalang-alang at tukuyin, sa bawat kaso, kung dapat silang magpatawag ng isa pang tagapanayam tulad ng isang tao na may ibang kasarian o may pagsasanay sa pagkadalubhasa, o kumunsulta sa mga partikular na dalubhasa o eksperto. Ang ilang mga hakbang ay dapat itakda sa batas, ang iba ay umaasa sa hatol ng tagapanayam.

144. Kapag tinatasa at tinutugunan ang mga pangangailangan ng isang kinakapanayam, dapat panatilihin ng mga tagapanayam ang mga katanungan at talakayan tungkol sa mga pangyayaring pinag-uusapan sa pinakakaunti o minimum. Nakakatulong ito na maiwasan ang panganib na makontamina ang memorya ng kinakapanayam bago ang pormal na pagtatanong.

145. Ang pagiging bulnerable ay hindi kinakailangang hadlangan ang isang kinakapanayam mula sa pagbibigay ng maaasahang impormasyon; ito ay madalas na magagawa ng may suporta. Halimbawa, ang mga kinakapanayam na nakakaranas ng mga paghihirap sa pandinig o pagsasalita ay maaaring mangailangan ng isang bihasang tagasalin ng wika o interpreter o isang taong sumusuporta. Ang pagkonsulta sa mga tao na kilala ang kinakapanayam nang mabuti, tulad ng isang miyembro ng pamilya o mga manggagawang panlipunan o social worker, ay maaaring magpadali ng pakikipag-ugnayan ng tagapanayam sa kinakapanayam.

146. Ang isang buong nakasulat na talaan ng anumang pagtatasa ng mga pagiging bulnerable, kasama ang mga hakbang na kinuha ng tagapanayam upang suportahan ang kinakapanayam, ay bumubuo ng isang mahalagang pananggalang. Ang nasabing talaan ay tumutulong na makilala ang mga hakbang na kinakailangan upang paganahin ang mabisang komunikasyon, pakikipag-ugnayan sa proseso ng pangangalap ng impormasyon at kaligtasan ng kinakapanayam. Sa kaso ng mga suspek, dapat ipaalam ng mga tagapanayam sa ligal na kinatawan ng kinakapanayam ang tungkol sa anumang pagkilala sa pagiging bulnerable at mga hakbang na ginawa nila upang mapaunlakan ang mga pangangailangan ng kinakapanayam.

147. Ang mga tagapanayam na responsable para sa pagtatanong sa mga kinakapanayam sa mga pinatinding sitwasyon ng pagiging bulnerable ay dapat, kung maaari, ay nakatanggap ng pagsasanay sa pagkadalubhasa o tulungan ng isang naaangkop na dalubhasa o eksperto. Sa kaso ng mga bata, ang proseso ng pakikipanayam ay dapat na napailalim sa mga dalubhasang pamamaraan at isinasagawa ng mga tagapanayam na may espesyal na pagsasanay.

148. Ang tagapanayam ay dapat gumawa ng mga makatuwirang hakbang upang matiyak na ang lokasyon at kapaligiran kung saan nagaganap ang pakikipanayam ay hindi mismo lumilikha ng pagkabalisa para sa isang kinakapanayam sa isang pinatinding sitwasyon ng pagiging bulnerable.

# Prinsipyo 4

## Sa Pagsasanay

**Ang mabisang pakikipanayam ay isang propesyonal na gawain na nangangailangan ng tiyak na pagsasanay.**



149. Ang lahat ng tauhan na nagsasagawa ng mga panayam, kabilang ang pulisya at iba pang mga opisyal ng pagpapatupad ng batas, pati na rin ang tauhan ng intelihensya at militar, ay dapat makatanggap ng tiyak na pagsasanay sa mabisang pakikipanayam - alinsunod sa mga prinsipyong nakabalangkas sa dokumentong ito. Ito ay makatutulong sa kanila upang maunawaan, maghanda at magsagawa ng mga panayam alinsunod sa pandaigdigan at pambansang batas, mga panuntunan sa institusyon, at ang pinakamataas na pamantayan sa mga propesyonal.

150. Ang mga pamamaraan ng mabisang pakikipanayam ay dapat ituro sa buong ahensya upang maitaguyod ang isang pagbabago sa institusyon patungo sa mga patakaran at pamamaraan batay sa isang bukas na pag-iisip na pamamaraan na inilaan upang makalikom ng tumpak at maaasahang impormasyon mula sa lahat ng mga kategorya ng kinakapanayam.

151. Ang pagtatakda ng matataas na pamantayan ng mga propesyonal ay dapat suportahan ng mapagkumpitensya at mahigpit na pangangalap ng mga opisyal batay sa pamantayan sa pagpili at isang proseso na nagtataguyod ng pagkakaiba-iba ng mga dalubhasang tauhan para sa pakikipanayam.

### Tiyak na Pagsasanay

152. Ang tiyak na pagsasanay ay titiyakin ang isang mataas na antas ng pagkakapare-pareho kung paano ang mga tagapanayam ay naghahanda at isinasaayos ang estruktura ng isang panayam. Ang pagsasanay ay dapat ding magturo ng praktikal na pagguhit ng pamamaraan sa nauugnay na pananaliksik na nagpapakita na ang ilang mga pamamaraan sa pakikipanayam ay nagpapadali sa pagkuha ng tumpak at maaasahang mga impormasyon o account at binabawasan ang mga panganib na makakuha ng maling impormasyon.

153. Ang nilalaman ng pagsasanay sa mabisang pakikipanayam ay dapat isama ang pagtataguyod ng kahalagahan ng pakikipanayam bilang isang mahalagang bahagi ng mas malawak na proseso ng pag-iimbestiga o pangangalap ng impormasyon, at sa huli ng proseso ng hustisya, hindi alintana ang hurisdiksyon. Ang pagbibigay diin sa pagiging epektibo ng pakikipanayam at mga kaukulang pananggalang ay susi para matiyak ang pagsunod sa mga positibong obligasyon ng Estado tungo sa pagtatamasa ng isang indibidwal sa mga karapatang pantao, at para mapigilan ang tortyur o pangmamaltrato.[88]

154. Ang mga pangunahing elemento ng pagsasanay sa mabisang pakikipanayam ay kinabibilangan ng kung paano:

a. Panatilihing bukas ang isipan at iwasan ang pagtatangi
b. Istratehikong magplano at maghanda
c. Bumuo at mapanatili ang magandang-ugnayan
d. Kilalanin at tumugon sa mga partikular na pangangailangan ng mga kinakapanayam
e. Sumunod sa pandaigdigang batas sa karapatang pantao
f. Tiyakin na ang mga pananggalang ay mailalapat sa buong proseso ng pakikipanayam
g. Gumamit ng siyentipikong suportado na mga pamamaraan sa pagtatanong
h. Gumamit ng mga aktibong kasanayan sa pakikinig at payagan ang mga kinakapanayam na tumugon nang ganap sa mga katanungan
i. Makipag-ugnayan sa isang nag-aatubiling kinakapanayam
j. Makipag-ugnayan sa abugado ng isang kinakapanayam
k. Simulan at wakasan ang panayam nang propesyonal
l. Magsagawa ng pagsusuri sa nakalap na impormasyon
m. Suriin o tasahan ang proseso ng pakikipanayam na may hangad sa pagpapabuti ng mga kasanayan.

155. Ang pagsasanay sa pakikipanayam ay dapat may sapat na haba upang maitanim ang mga kinakailangang pundasyong teoretikal at praktikal na kaalaman, at isama ang maraming sesyon ng pagsasanay na gumagamit ng makatotohanang pagpapatakbo ng mga pangyayari, na may katugunan mula sa mga superbisor at kasamahan.

156. Ang pakikilahok ng mga dating nakapanayam at iba pang mga propesyonal (tulad ng mga tauhang medikal, interpreter, at mga taong sumusuporta) sa mga sesyon na batay sa senaryo ay maaaring pagyamanin ang karanasan sa pagsasanay.

157. Karagdagang pagsasanay ay dapat ibigay sa mga tagapanayam, tagapamagitan at tagasalin sa ibang wika o interpreter na kasangkot sa pakikipanayam sa mga tao sa mga sitwasyong pinatinding kahinaan, tulad ng mga bata at taong may kapansanan sa psychosocial. Ang nasabing pagsasanay ay dapat magbigay ng gabay sa pagsubaybay sa sikolohikal na kagalingan ng kinakapanayam, at kung kinakailangan, itigil ang panayam at humingi ng tulong mula sa mga naaangkop na sinanay na mga propesyonal.[89]

88. Art. 10 ng UNCAT.

89. Art. 13 ng CRPD; Panuntunan 12 ng mga Panuntunan ng Beijing; *tignan din* Mga Patnubay sa Hustisya sa Mga Paksa na kinasasangkutan ng Mga Batang Biktima at mga Saksi ng Krimen, ECOSOC Resolusyon 2005/20, 22 Hulyo 2005.

158. Ang mga tauhan na namamahala at nangangasiwa ng mga tagapanayam ay dapat ding tumanggap ng pagsasanay, kung kaya't hindi lamang nila pinapabuti ang kanilang sariling mga kasanayan sa pakikipanayam ngunit upang matutunan din kung paano masuri ang pangkalahatang kalidad ng isang pakikipanayam, nang sa gayon ay makapagbigay ng naaangkop na katugunan at suporta sa mga tagapanayam.

159. Ang iba pang mga kaugnay na tao tulad ng mga hukom, tagausig, mga opisyal ng kustodiya, at mga abugado sa pagtatanggol ay dapat ding napayuhan sa mabisang pakikipanayam. Nakatutulong ito upang makabuo ng isang karaniwang pag-unawa sa kani-kanilang mga tungkulin at hamon, at pinapabilis ang panlabas na pagsubaybay o pagtatasa kung may maganap na mga reklamo.

160. Ang paggamit ng teknolohiya sa pagsasanay ay maaaring makatulong na mapabuti ang kalidad ng mga panayam sa hinaharap at makabuo ng mahalagang data para sa karagdagang pagsasaliksik. Kabilang rito ang paggamit ng audio-visual na kagamitan upang maitala ang mga sesyon ng pagsasanay at paggamit ng elektronikong naitala na mga panayam bilang halimbawa ng mga sesyon na nakabatay sa senaryo.

161. Ang kooperasyon sa pagsasanay ay dapat hikayatin sa pagitan ng mga ahensya ng nagpapatupad ng batas, mga tauhan ng militar at intelihensiya, mga grupo ng pangangasiwa, akademya at mga pandaigdigang kasosyo. Ang mga pang-akademiko at independiyenteng mananaliksik ay dapat hikayatin na gawing publiko at ma-access ang kanilang mga kaukulang pag-aaral.

162. Ang mga programa sa pagsasanay ay dapat na regular na ibinabahagi ang pinakahuling kaganapan upang maipakita ang ebolusyon ng mga pandaigdigang pamantayan sa karapatang pantao at siyentipikong pananaliksik. Ang regular na pagdadala ng umuusbong na pananaliksik at mga pamamaraan na napatunayan sa kasanayan ay maaari ring palakasin ang mga programa sa pagsasanay.[90]

## Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad

163. Ang kaalaman at kasanayan sa pakikipanayam ay kailangang panatilihin sa buong oras. Ang pagsasama ng mabisang pakikipanayam sa tuluy-tuloy na mga programa sa propesyonal na pag-unlad ay makakatulong na matiyak ang pangako ng institusyon sa mga etikal at mabisang pakikipanayam.

164. Ang mga kritikal na elemento para sa tuluy-tuloy na propesyonal na pag-unlad ay may kasamang pangako mula sa pamumuno, regular na pampalakas ng pagsasanay at papanariwain na pagsasanay upang pinuhin ang mga pamamaraan, itama ang pagkakamali at ipakita sa mga tagapanayam ang pinakabagong kaukulang pananaliksik.

165. Ang mga programa sa tuloy-tuloy na propesyonal na pag-unlad ay dapat paganahin ang mga ahensya, at sa partikular ang mga superbisor, na mas mahusay na masubaybayan at masukat ang pagganap ng pakikipanayam, kilalanin ang karagdagang mga pangangailangan

90. Art. 11 ng UNCAT.

# Prinsipyo 5

## Sa Pananagutan

**Ang mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng mga malinaw at mananagot na mga institusyon.**



sa pagsasanay, pagbutihin ang paggamit ng umuunlad na teknolohiya at magbigay ng pinakahuling kaganapan sa kaalaman sa pananaliksik.

### Institusyonal na mga Pamamaraan at Pagsuri

166. Ang mga pamantayan ng mga pamamaraan ng pagpapatakbo o standard operating procedures, mga kodigo ng pagkilos o iba pang mga institusyong direktiba ng mga awtoridad ay nag-aambag sa mabisang mga kasanayan sa pakikipanayam at nagtutulak ng pagbabago sa kulturang pang-institusyon.

167. Alinsunod sa Artikulo 11 ng Kombensyon ng Nagkakaisang Bansa laban sa Tortyur, kinakailangang panatilihin ng mga awtoridad ang sistematiko, masusing at malawak na pagsusuri ng mga umiiral nang mga panuntunan, tagubilin, pamamaraan at kasanayan na nauugnay sa pakikipanayam.[91] Batay sa pagtatasa na ito, ang mga awtoridad na nag-iimbestiga ay dapat na magpatibay at kilalanin ang pamantayan ng mga pamamaraan ng pagpapatakbo, mga patakaran at kodigo ng pagkilos upang maitakda ang maipapatupad na mga pamantayan para sa mga ahente na nagsasagawa ng mga panayam. Ang mga nasabing pamantayan ay dapat na naaayon sa pamantayan na kinikilala sa pandaigdigan na pamantayan ng pagkilos para sa mga tauhan ng nagpapatupad ng batas at iba pang mga opisyal na responsable para sa mga panayam.

168. Ang regular na pagsusuri na isinagawa ng mga awtoridad ay dapat ding masuri ang antas ng mga mapagkukunang pinansyal na namuhunan sa pakikipanayam, kasama na ang naaangkop na paggamit ng teknolohiya. Ang regular na pagsusuri ay maaaring makatulong na matiyak na ang mga pamantayang pinagkasunduan ng bansa ay mailalapat at sinusunod, sinusuportahan ng isang siklo ng pagpapabuti.

91. Art. 11 ng UNCAT; *tignan din* A/HRC/RES/31/31, mga talata 11-12; A/HRC/RES/46/15, talata 10.

169. Maaaring magamit nang may pakinabang ng mga pagsusuri ang kaalaman at tulong ng mga independiyenteng mananaliksik, dalubhasang nagsasanay at samahan na may karanasan at paninindigan sa mabisang pakikipanayam.

170. Ang pagiging malinaw o transparency at pananagutan o accountability ay dapat na mailapat sa bawat ranggo ng awtoridad, kabilang ang sa antas ng indibidwal, pangangasiwa at pang-organisasyon.

171. Ang pagiging malinaw o transparency ay mahalaga sa pagpapanatili ng kumpiyansa o tiwala ng publiko sa integridad ng isang institusyon at sa pangkalahatang pangangasiwa ng hustisya. Ang mga awtoridad ay dapat na gawing magagamit ang kanilang panloob na mga patakaran at pamamaraan na nauugnay sa pakikipanayam.

172. Ang karapatan ng pagkuha sa impormasyon ay dapat na garantisado sa mga mga kinakapanayam, kanilang pamilya, abogado at iba pang mga ligal na nagbibigay ng serbisyo pati na rin sa mga mekanismo ng pangangasiwa.[92]

173. Ang lahat ng personal na impormasyong nakalap mula sa isang pakikipanayam ay dapat mapangalagaan mula sa hindi naaangkop na paggamit na may paggalang sa mga prinsipyo ng pagiging kompidensiyal at pagiging pribado, pati na rin sa batas sa pangangalaga ng data at mga regulasyon.[93]

## Mabisang Pag-iingat ng Talaan

174. Ang mabisang pagtatala ng impormasyon ay isang paunang kinakailangan sa pagiging malinaw o transparency at pananagutan o accountability. Ang mahusay na pag-iingat ng talaan ay maaari ring suportahan ang maagang pagkakakilanlan ng panganib, pagpaplano ng pagganap o performance planning, paglalaan ng mapagkukunan o resource allocation, proseso ng pag-audit at pagsasaliksik.

175. Tuwing may nakakulong, ang isang indibidwal na tala ng pangangalaga, mas mabuti sa isang elektronikong porma, ay dapat buksan sa lalong madaling panahon.[94]

176. Ang isang tumpak na talaan ay dapat gawin ng lahat ng mga panayam, mas mabuti ang paggamit ng teknolohiyang audio-visual. Bagaman ang pagpapatupad ng audio-visual recording ay maaaring kailangang maganap na progresibo, may mga nasasalat na benepisyo o tangible benefits at matitipid o savings na nauugnay sa pagkakaroon ng maaasahang mga talaan.

177. Ang mga audio-visual recordings ay magpapadali sa imbestigasyon sa anumang mga paratang ng pangmamaltrato sa panahon ng isang pakikipanayam. Ito ay para sa interes

92. Art. 18 ng Kombensiyon sa Sapilitang Pagkawala; Art. 20 ng Opsyonal na Protocol sa Kombensiyon laban sa Tortyur (OPCAT), A/RES/57/199, 18 Disyembre 2002.

93. Art. 20 ng Kombensiyon sa Sapilitang Pagkawala; Art. 21 ng OPCAT.

94. Art. 17(3) ng Kombensiyon sa Sapilitang Pagkawala; prinsipyo 12 ng Kalipunan ng mga Prinsipyo; *tignan din* Panuntunan 9(c) ng Mga Patnubay sa Luanda; ECtHR, *Doyle v. Ireland,* talata 99.

ng parehong tao na nagpahayag na minaltrato at ng mga tagapanayam na humarap sa mga paratang sa pangmamaltrato.

## Pagpigil at Pag-uulat

178. Ang paggalang at pagiging tapat sa mabisang pakikipanayam at mga kaugnay na pananggalang ay dapat na masasalamin sa loob ng panloob na mga patakaran, kodigo ng pagkilos at pagtatasa ng pagganap ng mga kaukulang awtoridad.

179. Ang lahat ng mga ahensya na nagsasagawa ng mga panayam ay dapat na may sariling pagsasaayos ng panloob na mga reklamo at mga yunit ng imbestigasyon na may malinaw na panloob na tanikala ng utos o internal chains of command, walang kinikilingan na pag-uulat, proteksyon mula sa mga paghihiganti, at mga tukoy na pamamaraan upang maitama, disiplinahin o magsangguni para sa kriminal na imbestigasyon ang anumang pag-abuso o paglabag na nagawa.[95]

180. Ang hindi pagsunod sa panloob na mga patakaran sa pakikipanayam ay dapat magpalitaw ng isang naaangkop na tugon sa institusyon - mula sa muling pagsasanay o retraining hanggang sa aksyong pandisiplina o disisplinary action. Ang mga malubhang paglabag sa mga ligal na obligasyon tulad ng ganap na pagbabawal ng tortyur at pangmamaltrato ay dapat na humantong sa mga kriminal na pamamaraan at parusa.[96] Ang anumang paglabag sa disiplina o mabuting pag-uugali ay dapat harapin nang walang kinikilingan at proporsyonal alinsunod sa pandaigdigang batas at pamantayan sa pagiging pagkamakatarungan ng pamamaraan.

181. Ang mga opisyal ng estado ay hindi dapat balewalain ang labag sa batas na pag-uugali - hindi alintana ang ranggo, antas o tungkulin ng tao - saanman ito maganap, at sa anumang konteksto.

182. Ang mga superbisor ay dapat masuri, gumawa ng positibong aksyon, mag-ulat o kung hindi man ay itaas nang naaangkop ang anumang ulat ng hindi propesyonal na pag-uugali o maling gawain ng isang tao na sila ang responsable.[97]

183. Ang tungkulin na mag-ulat ng tortyur at pangmamaltrato ay dapat kailanganin at protektahan. Kung sa palagay ng isang opisyal na hindi sila maaaring magtanong o hamunin nang direkta ang isang kasamahan, dapat nilang iulat ang kanilang mga alalahanin sa pamamagitan ng isang tagapamahala ng linya o line manager, na isang mekanismo ng pag-uulat ng ahensya o iba pang naaangkop na mga daan kabilang ang mga mekanismo ng pangangasiwa. Ang tungkuling ito na mag-ulat ay dapat ding gamitin kung mayroon silang impresyon na ang kanilang pag-aalala ay hindi pa natutugunan ng naaangkop na tugon.

95. *Tignan, hal.*, Principle 33, Kalipunan ng mga Prinsipyo; Panuntunan 37 ng Mga Patnubay sa Luanda; CPT/Inf(2018)4, Ika-27 Pangkalahatang Ulat ng CPT, Disyembre 2017, mga pahina. 25-31; CPT/Inf(2019)9, Ika-28 Pangkalahatang Ulat ng CPT, Abril 2019.

96. Mga Artikulo 6-8 ng UNCAT.

97. *Tignan, hal.*, CPT/Inf(2018)4, Ika-27 Pangkalahatang Ulat ng CPT, Disyembre 2017, talata 70.

184. Ang sinumang nag-uulat ng isang paglabag, tulad ng isang nagsusumbong ng katiwalian o 'whistle-blower', ay dapat bigyan ng sapat na proteksyon mula sa anumang uri ng mga paghihiganti o negatibong pagtrato.

185. Ang iba pang mga propesyonal sa hustisyang kriminal tulad ng mga abugado, tagausig at hukom na nakakakita, nakaririnig, o naghihinala ng maling kinalaman sa pakikipanayam, ay may tungkulin din na ito ay iiparating sa atensyon ng ahensya sa pamamagitan ng naaangkop na mga daan o iulat ito sa iba pang mga kaukulang awtoridad.

186. Ang mga propesyonal sa hustisyang kriminal ay may mahalagang papel sa pagpigil sa tortyur at iba pang pangmamaltrato at sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pakikipanayam. Kabilang dito, sa partikular, ang tungkulin na ibukod mula sa mga paglilitis sa panghukuman ng anumang katibayan na nakuha sa pamamagitan ng paggamit ng tortyur, iba pang pangmamaltrato, maling pamamaraan o anumang uri ng mapilit na pamamaraan.

187. Ang labis na pagtitiwala sa mga pagtatapat sa paglilitis sa panghukuman ay nagbibigay ng isang hindi wastong insentibo para sa mga tagapanayam na makita ang mga pagtatapat bilang nag-iisang layunin ng isang pakikipanayam, at samakatuwid ay dapat iwasan.

## Panlabas na Pangangasiwa at Independiyente Pagsubaybay

188. Ang mga panlabas na lupon ng pangangasiwa - tulad ng mga Pamabansang Institusyon para sa Karapatang Pantao, Opisina ng Ombudsperson, mga hukuman, o mga organisasyon ng mga espesyalista sa pangangasiwa- ay dapat magkaroon ng access sa anumang pasilidad kung saan ang isang nakakulong na tao ay nakapanayam at sa impormasyon sa mga taong nakakulong sa loob.

189. Ang mga panlabas na lupon ng pagsubaybay ay dapat magkaroon ng kumpidensyal na pakikipag-ugnay sa sinumang mga taong nakakulong. Ang mga taong nagrereklamo tungkol sa pangmamaltrato o paglabag na ginawa ng mga ahente ng Estado ay dapat na may karapatan na malayang makipag-usap at sa buong pagiging kompidensiyal sa mga independiyenteng grupo ng pagsubaybay, nang walang takot sa mga paghihiganti, na napapailalim sa makatuwirang mga kondisyon upang matiyak ang seguridad at mabuting kaayusan.

190. Alinsunod sa Mga Prinsipyo ng Paris sa Mga Pambansang Institusyon ng Karapatang Pantao[98] ang panlabas na mga lupon ng pagsubaybay ay dapat na malaya at may sapat na mapagkukunan upang magsagawa ng masusing, mabilis, walang kinikilingan at patas na pagsusuri ng paggana ng mga lugar kung saan ang mga tao ay nakapanayam at upang matiyak ang paggalang sa mga karapatan at dignidad ng mga tao.

191. Ang mga Partido ng Estado sa Opsyonal na Protokol sa Kombensiyon ng Nagkakaisang Bansa laban sa Torture ay dapat bigyan ng kapangyarihan ang Mga Pambansang Mekanismo ng Pagpigil upang magsagawa ng hindi naipahayag na mga pagbisita sa mga

98. Mga Prinsipyo na nauugnay sa Katayuan ng Mga Pambansang Institusyon sa Karapatang Pantao (Ang Mga Prinsipyo sa Paris), A /RES/48/134, 20 Disyembre 1993.

lugar ng detensyon o kulungan. Sila ay dapat na magkaroon ng access sa impormasyon at mga dokumento o files pati na rin ang kapangyarihang magsagawa ng mga panayam nang pribado sa mga taong pinagkaitan ng kalayaan pati na rin sa mga tauhan.[99]

192. Ang mga Estado ay dapat magtaguyod ng mga sistema at proseso upang payagan ang mga panlabas na lupon ng pagsubaybay na magbigay ng mga rekomendasyon ng anumang repormang kinakailangan upang mapabuti ang pagiging epektibo ng pakikipanayam at mga ligal na pananggalang. Ang mga awtoridad ay dapat na pumayag sa isang dayalogo sa mga panlabas na grupo sa kanilang mga natuklasan at rekomendasyon.

193. Ang mga civil society organizations ay maaari ding magkaroon ng pangunahing tungkulin sa malaya o independiyenteng pangangasiwa at pagsubaybay. Ang mga awtoridad ay dapat tanggapin ang kanilang pakikilahok at bigyan ng wastong pagsasaalang-alang ang anumang mga ulat na kanilang ginawa bilang isang resulta ng pagsubaybay sa mga lugar kung saan ang mga tao ay pinagkaitan ng kanilang kalayaan at isinasagawa ang mga panayam; kasama dito ang mga panayam sa mga testigo at biktima.

## Mga Reklamo at Imbestigasyon

194. Ang lahat ng kinakapanayam ay may karapatang magreklamo ng anumang maling pagtrato, kasama ang pagtanggi sa mga karapatan o pananggalang. Ang mga nasabing reklamo ay dapat na kaagad, lubusan at walang kinikilingan na suriin sa pamamagitan ng mga may karampatang itinalagang daan.[100]

195. Ang pag-access sa mga mekanismo ng reklamo ay dapat na madali, direkta, walang bayad, at kumpidensiyal. Ang mga naaangkop na hakbang ay dapat gawin upang matiyak na ang mga mekanismo ng mga reklamo ay ma-aaccess ng lahat, sa partikular sa mga taong nasa mga pinatinding sitwasyon ng pagiging bulnerable. Ang mga nagrereklamo ay dapat makatanggap ng malinaw na patnubay sa mga proseso ng reklamo, mekanismo ng apela at mga kinalabasan.[101]

196. Ang lahat ng mga reklamo ay dapat na maitala, hindi alintana kung kailan nangyari ang mga ito. Ang mga nasabing reklamo ay dapat na bahagi ng opisyal na talaan. Kapag ang isang reklamo ay ginawa ng o sa ngalan ng isang kinakapanayam sa kurso ng isang pakikipanayam, ang pagtatala ay maaaring mangangailangan ng pansamantalang suspensyon ng pakikipanayam.

197. Kapag ang tagapanayam ay may makatuwirang batayan upang maniwala na ang kinapanayam ay minaltrato o tinanggihan ang kanilang mga karapatan bago ang pakikipanayam, dapat nilang ipagbigay-alam sa naaangkop na opisyal o awtoridad, na responsable sa pagharap sa mga nasabing paratang.

99. Mga Artikulo 19-20 ng OPCAT.

100. Mga Artikulo 12-13 ng UNCAT.

101. *Tignan,hal.*, Panuntunan 37 ng Mga Patnubay ng Luanda; CPT/Inf(2018)4, Ika-27 Pangkalahatang Ulat ng CPT, Disyembre 2017, mga pahina. 25-31.

198. Kapag may mga batayan upang maniwala na ang isang gawain ng tortyur ay nagawa, kahit na walang reklamo, dapat mayroong isang masusing, mabilis, at walang kinikilingan na imbestigasyon, sa pagtupad sa Artikulo 12 ng Kombensiyon ng Nagkakaisang Bansa laban sa Tortyur.[102]

199. Para sa mga seryosong paratang kabilang ang tortyur, ang mga reklamo ay dapat na imbestigahan ng isang independiyenteng entitad. Ang mga estado ay dapat magtaguyod ng mga panlabas na mekanismo para sa mga imbestigasyon at reklamo na malaya sa pang-operasyon at pampinansyal mula sa kapwa na pagpapatupad ng batas at mga serbisyo sa pag-uusig o anumang iba pang mga ahensya na responsable para sa mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan. Upang maging mabisa at independyente, ang mga naturang mekanismo ay dapat magkaroon ng sapat na kapangyarihan sa pag-iimbestiga, suportang pampulitika, mapagkukunan ng tao at pampinansyal, at kakayahang maglabas ng mga rekomendasyon at pangasiwaan ang pagsubaybay o follow up.

200. Ang lahat ng mga nagrereklamo ay dapat protektahan mula sa anumang masamang epekto at paghihiganti bilang isang kinahinatnan ng pagkakaroon ng isang reklamo.[103]

## Pagwawasto o paglunas sa pagkakapinsala at Reparasyon

201. Ang pagwawasto o redress para sa mga biktima ng tortyur o iba pang pangmamaltrato ay isang karapatang pantao na nagtataguyod ng pananagutan at pagpapanumbalik ng dignidad. Ang pagwawasto o redress ay naghuhudyat ng malakas na pagtutol sa paglabag sa mga umiiral nang obligasyon at dapat isama ang isang kumbinasyon ng restitusyon, compensasyon, rehabilitasyon, satispaksyon o at mga garantiya ng hindi pag-uulit. Ang mga remedyo ay dapat na proporsyonado sa pinsalang naidulot.[104]

202. Ang pag-access o pagkamit sa mga remedyo para sa tortyur o iba pang pangmamaltrato ay hindi dapat i-asa sa pagkakakilanlan, imbestigasyon o pag-uusig ng isang salarin; kinakailangan lamang na maitaguyod na ang gayong kilos ay nagawa.[105]

203. Ang pagbubukod ng ebidensya na nakuha sa ilalim ng tortyur o iba pang pagmamaltrato ay karapatan ng isang kinakapanayam at isang mabisang remedyo laban sa maling gawain ng mga tagapanayam.[106]

102. Art. 12 ng UNCAT.
103. Art. 13 ng UNCAT
104. Art. 14 ng UNCAT; *tignan* A/RES/60/147, Pangunahing Mga Prinsipyo at Patnubay sa Karapatan sa isang Remedyo at Reparasyon para sa Mga Biktima ng mga Malubhang Paglabag ng Pandaigdigang Batas ng Karapatang Pantao at mga Seryosong Paglabag ng Pandaigdigang Makataong Batas, 16 Disyembre 2005.
105. Art. 14 ng UNCAT; CAT/C/GC/3 ,Komite Laban sa Tortyur, Pangkalahatang Komento Blg. 3 (2012), Pagpapatupad ng artikulo 14 ng mga partido ng Estado, 13 Disyembre 2012, talata 3.
106. A/HRC/30/37, Mga Pangunahing Prinsipyo at Patnubay ng Nagkakaisang Bansa sa mga Remedyo at Pamamaraan sa Karapatan ng Sinumang Natanggalan ng Kanilang Kalayaan upang Maisampa ang mga Kaso sa Korte, Ulat ng Grupo ng mga Eksperto sa Arbitraryong Pagkakulong, 6 Hulyo 2015.

# Prinsipyo 6
## Sa Pagpapatupad

**Ang pagpapatupad ng mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng matatag na mga pambansang hakbang.**



204. Upang maipatupad ang mga Prinsipyo na ito, ang mga Estado ay dapat na magpatibay at bumuo ng naaangkop na ligal, patakaran, regulasyon at pang-institusyon na mga balangkas at matiyak ang pangangasiwa ng mga awtoridad sa pakikipanayam. Ito ay mangangailangan ng napapanatili at pinag-ugnay na pagsisikap ng mga kaukulang aktor sa lokal na antas.

205. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga matatag na pambansang hakbang, ipinakita ng mga awtoridad ang determinasyon at pangmatagalang pangako sa:

a. Ang pagtanggal sa pangmamaltrato sa buong proseso ng pakikipanayam at pagtiyak sa pagsunod sa mga pandaigdigang pamantayan sa karapatang pantao
b. Ang pagbibigay ng angkop at sapat na pagsasanay sa pakikipanayam para sa lahat ng mga kaukulang awtoridad
c. Pinadali ang kooperasyon sa pagitan ng mga eksperto, nagsasanay, at gumagawa ng patakaran sa pagdidisenyo ng naaangkop at mabisang mga balangkas at kasanayan sa pakikipanayam
d. Ang pagpapalaganap ng pangangasiwa at pananagutan kaugnay ng pakikipanayam, pagharap sa katiwalian sa institusyon at mga kultura ng walang kaparusahan
e. Pagpapabuti ng paggana ng sistema ng hustisyang kriminal at pangangasiwa ng hustisya.

206. Ang pangakong ito ay hindi lamang sa pagpapabuti ng patakaran at kasanayan upang maiwasan ang anumang uri ng tortyur at iba pang pangmamaltrato at panindigan ang panuntunan ng batas, kundi pati na rin sa pagtatatag ng pinakamabisang pamamaraan para sa pagpapabuti ng kaligtasan ng publiko ayon sa mga pandaigdigang pamantayan.

## Lokal na Ligal na mga Balangkas

207. Dapat na sistematikong suriin ng mga Estado ang kanilang mga ligal na balangkas, pati na rin ang magpatupad at maglathala ng mga batas, dekreto at mga dokumento ng patakaran na umaayos sa pagtrato ng mga taong kinukwestyon, kabilang ang kung paano isinasagawa ang proseso ng pakikipanayam. Ang nasabing batas at pamamaraan ay dapat na ganap na naaayon sa mga umiiral na ligal na obligasyon sa ilalim ng pandaigdigang batas, sa partikular ang ganap na pagbabawal ng tortyur at iba pang mga uri ng pangmamaltrato.[107]

208. Ang mga pananggalang na nauugnay sa mabisang pakikipanayam ay dapat ding napapaloob sa batas at mga regulasyon, pati na rin isama sa isang minimum ang agarang pag-abiso sa mga pamilya, pagkuha ng medikal na pagsusuri at pagkakaroon ng isang abugado. Kaugnay nito, ang Estado ay dapat palakasin ang pagkakaroon ng ligal na tulong at pagtatanggol na suportado ng estado bago at sa panahon ng mga panayam.[108]

209. Ang sapat na kriminalisasyon ng tortyur at iba pang pagmamaltrato ay susi upang mapadali ang pagsasagawa ng mabisang pakikipanayam. Walang mga pambihirang pangyayari na maaaring gamitin bilang pagbibigay-katwiran para sa tortyur o iba pang pangmamaltrato.[109]

210. Ang ligal na balangkas ay dapat tiyakin na ang anumang pag-amin o iba pang pahayag na nakuha sa ilalim ng tortyur o iba pang uri ng pamimilit ay walang halaga bilang katibayan o ebidensya, maliban sa mga pinaghihinalaang may sala ng naturang pang-aabuso at para sa katotohanan na ang isang pahayag ay ginawa. Ang mga pambansang batas ay kailangang matiyak na ang mga responsable sa pamimilit at pang-aabuso ay mananagot.[110]

## Intitusyonal na Kalinangan at Kapasidad

211. Ang mga namumuno sa institusyon ay dapat kumilos bilang tagapagtaguyod para sa mabisang pakikipanayam sa pamamagitan ng paghahatid ng isang malinaw at pangmatagalang pangako sa positibong pagbabago. Ang pagbabago ng kulturang institusyonal na nauugnay sa pakikipanayam ay nangangailangan ng maayos na pamamahala at maingat na pagpaplano.

212. Ang mga institusyon ay dapat tiyakin na ang lahat ng mga pagbabago sa balangkas ng pambansang ligal at patakaran na nauugnay sa pakikipanayam ay isinama sa mga panuntunan at pamamaraan ng institusyon at malawak na naipaabot sa kanilang mga tauhan. Ang mga tauhang direktang kasangkot sa pakikipanayam ay dapat bigyan ng patnubay sa praktikal na implikasyon ng anumang mga bagong batas at patakaran na kinakailangan.

107. Art. 11 ng UNCAT; A/HRC/RES/31/31, talata 11; A/HRC/RES/46/15, talata 10.
108. A/HRC/RES/31/31, talata 4-9; A/HRC/RES/46/15, talata 5.
109. Mga Artikulo 4-6 ng UNCAT.
110. Art. 15 ng UNCAT; A/HRC/RES/31/31, talata 13; A/HRC/RES/46/15, talata 22; A/HRC/25/60, talata 68; A/71/298/, talata 100 (talababa 3).

213. Ang makahulugan at pangmatagalan na pagbabago sa kasanayan sa pakikipanayam ay nangangailangan na ang mga Estado na mamuhunan ng sapat na mapagkukunan ng tao at pampinansyal sa maikling, katamtamang at pangmatagalang panahon. Titiyakin nito ang pagpapalakas ng kasidad at kakayahan, kapansin-pansin sa pamamagitan ng tiyak na pagsasanay at paggamit sa kagamitan sa pagtatala.

214. Ang mga hakbang ay dapat gawin upang matiyak na ang hustisyang kriminal at iba pang awtoridad sa pag-iimbestiga ay gumana alinsunod sa mga obligasyong lokal at pandaigdig, at ang kanilang paggana ay malinaw at mananagot sa masusing pagsisiyasat ng hukuman at publiko.

215. Ang institusyonal na kapasidad ng pagpapatupad ng batas at iba pang mga awtoridad sa pangangalap ng impormasyon ay maaaring palakasin sa patuloy na nakabubuting pakikipag-ugnay sa iba pang mga ahensya, mananaliksik at pamayanan ng mga akademiko. Ang nasabing pakikipagtulungan, na maaaring lumampas sa mga pambansang hangganan, ay maaaring magbigay ng kapaki-pakinabang na pagsusuri at impormasyon upang makapag-ambag sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pakikipanayam.

## Mga Hudisyal na Awtoridad

216. Ang kalayaan ng hudikatura at pag-uusig ay dapat na garantiyahan at protektahan upang magawa nila ang isang aktibong tungkulin sa pagpapatupad ng mabisang pakikipanayam.[111] Ito rin ang kaso para sa propesyonal at siyentipiko na kalayaan ng porensiko at iba pang nauugnay na mga serbisyo.

217. Sa pagpapatupad ng mga pangunahing garantiya, tulad ng karapatan sa isang patas na paglilitis, dapat tiyakin ng mga awtoridad ng panghukuman na igalang ang mga karapatan ng mga kinapanayam sa lahat ng oras. Kinakailangan na suriin nila ang kapwa sa paraan ng pagsasagawa ng panayam pati na rin ang karapatan ng suspect sa mga pananggalang ligal at pamaraan, kabilang ang pagkaroon ng isang abogado at medikal na propesyonal.

218. Ang mga awtoridad ng panghukuman ay dapat alisin ang mga insentibo sa mga awtoridad na nag-iimbestiga upang makakuha ng pag-amin sa anumang pamamaraan at sa halip ay itaguyod ang paggamit ng mga napatunayan na etikal at siyentipikong pamamaraan.

219. Ang mga awtoridad ng panghukuman ay dapat tiyakin na ang ligal na nakuhang ebidensya lamang ang tatanggapin sa anumang paglilitis at maging mapagbantay sa anumang mga palatandaan na ang isang pahayag ay maaaring nagawa sa ilalim ng pamimilit o pangmamaltrato. Ang mga pahayag na ginawa sa ilalim ng tortyur o iba pang pagmamaltrato o pamimilit ay dapat na maibukod mula sa anumang ligal na paglilitis, alinsunod sa panuntunan ng pagbubukod o exclusionary rule.[112]

111. *Tignan, hal.*, A/HRC/13/L.19, Resolusyon ng Komite sa Karapatang Pantao, 23 Marso 2010. Tignan din Art. 14 ng Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatang Sibil at Pampulitika.

112. Artikulo 15 ng UNCAT; *tignan din* A/HRC/25/60, talata 66, 82.

220. Ang mga suspect at akusado ay dapat na pisikal na iharap sa mga awtoridad ng panghukuman upang linawin ang legalidad ng kanilang detensyon o pagkakulong, na dapat sila ay payagan na hamunin. Kapag may mga batayan upang maniwala na ang isang tao ay dinala sa harap nila ay maaaring isang biktima ng pangmamaltrato, dapat na imbestigahan ng mga awtoridad sa piskalya at hudikatura bilang bahagi ng kanilang mga tungkulin o ex officio.[113] Sila ay dapat na humiling ng isang porensikong medikal na pagsusuri, kahit na sa kawalan ng isang malinaw na nakasaad na paratang o reklamo.

221. Panghuli, ang mga awtoridad ng panghukuman ay dapat gumawa ng lahat ng kinakailangang hakbang upang matiyak na ang mga responsable para sa tortyur o pangmamaltrato ay mapapanagutan ayon sa hustisya at isasailalim sa naaangkop na mga parusa.[114]

## Pagpapalaganap o diseminasyon

222. Dapat ipakalat ng mga Estado ang Mga Prinsipyo sa lahat ng kaukulang awtoridad ng ehekutibo, lehislatibo at panghukuman, lalo na ang pagpapatupad ng batas at iba pang mga awtoridad na nangangalap ng impormasyon.

223. Ang pagpapakalat sa kooperasyon ng mga lupon ng pangangasiwa, mga samahan ng lipunang sibil, at ang pangkalahatang publiko ay bubuo ng tiwala ng sibiko sa mga awtoridad na nag-iimbestiga.

224. Ang mga Estado ay dapat na kolektahin ang impormasyon tungkol sa mga hakbang na isinagawa ng mga kaukulang awtoridad sa pagpapatupad ng Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam para sa Mga Imbestigasyon at Pangangalap ng Impormasyon, at iulat ang mga pagpapaunlad sa mga kaukulang lupon na pandaigdigan at rehiyonal.

113. Artikulo 12 ng UNCAT; *tignan din* CPT/Inf(2002)15-bahagi, Mga pagpapaunlad hinggil sa mga pamantayan ng CPT kaugnay sa kustodiya ng pulisya, 2002, talata 45.

114. *Tignan, hal.*, Mga Patnubay ng Nagkakaisang Bansa sa Tungkulin ng mga Tagausig, Panuntunan 16, Ang ika-8 Kongreso ng Nagkakaisang Bansa sa Pagpigil sa Krimen at Pagtrato ng Mga Nagkasala, Havana, Cuba, 1990, Panuntunan 16, at Mga Pamantayan ng propesyonal na responsibilidad at pahayag ng mga mahahalagang tungkulin at karapatan ng mga tagausig na pinagtibay ng Pandaigdigang Asosasyon ng mga Taga-usig, noong ikadalawampu't tatlong araw ng Abril 1999, Panuntunan 4.3 (f).

# Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam para sa Mga Imbestigasyon at Pangangalap ng Impormasyon



## Prinsipyo 1
### Sa Mga Pundasyon

Ang mabisang pakikipanayam ay itinuturo ng agham, batas at etika.



## Prinsipyo 2
### Sa Pagsasagawa

Ang mabisang pakikipanayam ay isang komprehensibong proseso para sa pangangalap ng tumpak at maaasahang impormasyon habang nagpapatupad ng nauugnay na mga ligal na pananggalang.




## Prinsipyo 3
### Sa Pagiging Bulnerable

Ang mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng pagkilala at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga kinakapanayam sa mga sitwasyon ng pagiging bulnerable.



## Prinsipyo 4
### Sa Pagsasanay

Ang mabisang pakikipanayam ay isang propesyonal na gawain na nangangailangan ng tiyak na pagsasanay.



## Prinsipyo 5
### Sa Pananagutan

Ang mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng mga malinaw at mananagot na mga institusyon.



## Prinsipyo 6
### Sa Pagpapatupad

Ang pagpapatupad ng mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng matatag na mga pambansang hakbang.

"Ang Mga Prinsipyo na ito sa Pakikipanayam ay batay sa mahigpit na agham at sa dekada ng karanasan ng mga imbestigador na pangkriminal. Pinagbubuti ng mga ito ang pagiging epektibo at kawastuhan ng pangangalap ng ebidensya at pinipigilan ng mga ito ang kabiguan ng hustisya na dulot ng tortyur at pamimilit na umamin. Ang mga ito ay dinisenyo upang protektahan ang pangunahing mga karapatan ng mga taong pinaghihinalaang kriminal gayundin ng mga biktima at saksi, at upang mapahusay ang tiwala ng sibiko sa pagpapatupad ng batas."

**Juan E. Méndez**,

*Kapwa-Tagapangulo ng Pamunong Komite ng Mga Dalubhasa,*
*Dating Espesyal na Rapporteur ng UN sa Tortyur*

## Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam para sa Mga Imbestigasyon at Pangangalap ng Impormasyon

**Prinsipyo 1 - Sa Mga Pundasyon**
Ang mabisang pakikipanayam ay itinuturo ng agham, batas at etika.

**Prinsipyo 2 - Sa Pagsasagawa**
Ang mabisang pakikipanayam ay isang komprehensibong proseso para sa pangangalap ng tumpak at maaasahang impormasyon habang nagpapatupad ng nauugnay na mga ligal na pananggalang.

**Prinsipyo 3 - Sa Pagiging Bulnerable**
Ang mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng pagkilala at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga kinakapanayam sa mga sitwasyon ng pagiging bulnerable.

**Prinsipyo 4 - Sa Pagsasanay**
Ang mabisang pakikipanayam ay isang propesyonal na gawain na nangangailangan ng tiyak na pagsasanay.

**Prinsipyo 5 - Sa Pananagutan**
Ang mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng mga malinaw at mananagot na mga institusyon.

**Prinsipyo 6 - Sa Pagpapatupad**
Ang pagpapatupad ng mabisang pakikipanayam ay nangangailangan ng matatag na mga pambansang hakbang.